# Tunay na Pagsasaksi
## (o, “Ngayong Natagpuan Ko ang Islam, Ano ang Gagawin Ko Rito?”)

ni

DR. LAURENCE B. BROWN

Isinalin sa Tagalog

Ni

MUHAMMAD EISA DE JESUS

# Karapatan sa Pagmamay-ari

*Copyright* © 2004 Laurence B. Brown

Nagmamay-ari ng Lahat ng Karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring sipiin o ilipat sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektronika, mekanikal, kabilang ang larawang-sipi, plaka, Internet, o anunmang paraan ng pag-imbak o paghango ng impormasyon, nang walang nakasulat na pahintulot mula sa awtor, maliban sa kalagayan sa ibaba, **na pinahihintulutan.**

# Muling Paglilimbag

Ang muling paglilimbag, pagsipi, at paglilipat ng aklat na ito sa anumang paraan, elektronika, mekanikal, kabilang ang larawang-sipi, plaka, Internet (*email* o *website*), o anumang paraan ng pag-imbak at paghango ng impormasyon, **sa mga kondisyong ganap na walang ipapasok na pagbabago, pagdaragdag, o pagtanggal,** ***AT*** ang mga pahinang pampamagat na kabilang ang **titulo**, **pangalan ng awtor, paunawa sa karapatan sa pagmamay-ari,** ***website address*** **ng awtor,** at ang **paunawa sa muling paglilimbag** na ito ay nakalantad sa **eksaktong** mismong anyong gaya ng orihinal, **ay pinahihintulutan** nang walang bayad. Upang matiyak ang tumpak na pagsipi, mangyaring makipag-ugnay sa awtor para sa libreng sipi sa kompyuter ng aklat na ito (tingnan sa *website* sa ibaba).

# Pagsasalin

Pinahihintulutan ang pagsasalin ng aklat na ito sa anumang wika nang walang bayad sa kondisyong:

- **Ganap na walang pagbabago, pagdaragdag, o pagtanggal ang ipapasok;**
- Ang mga pahinang pampamagat na kasama ang **titulo**, **pangalan ng awtor, paunawa sa karapatan sa pagmamay-ari, paunawa sa muling paglilimbag,** at ***website address*** ng awtor ay nakalantad sa **eksaktong** mismong anyong gaya ng orihinal;
- Ang karapatan sa pagmamay-ari ng salin ay ipapadala sa kaalaman ng madla sa eksaktong mismong paraang gaya ng orihinal;
- ***AT*** ang awtor (Dr. Laurence B. Brown) ay pagkakalooban ng mga sipi sa kompyuter ng salin upang isama sa kanyang *website*.


# *Website*

Ang *website* ng awtor at ng aklat na ito ay *WWW.LEVELTRUTH.COM*

# Panimula

Ang aklat na ito ay pinakahuli sa isang serye ng apat. Ang unang aklat sa seryeng ito, *The Eighth Scroll*, ay isang obra ng kathang-isip sa kasaysayan—isang nobela ng aksyon/pakikipagsapalarang naglalayong panabikin ang madla, at kasabay na ipanatag sila sa paksa ng hambingan sa relihiyon. Ang ikalawang aklat sa seryeng ito, *The First and Final Commandment* (mga lathalain ng *Amana*), ay muling naisulat at nahati sa dalawang tomo (kabuuan), *NaDiyos'grasya (MisGod'ed)* at *NaDiyos'kubre (God'ed)*. Sa paglathala ng dalawang tomong ito—ngayon ay mga aklat bilang dalawa at tatlo sa seryeng ito—ang *The First and Final Commandment* ay nagiging kalabisan, at tatanggalin na sa pamilihan. Ang *NaDiyos'grasya* ay nagbibigay ng isang mapa ng landas ng paggabay at kawalang-gabay sa mga relihiyong Abrahamiko, at inilalantad ang pagpapatuloy ng rebelasyon mula sa Judaismo sa Kristiyanismo, at pagkatapos ay sa Islam. Pinupulot ng *NaDiyos'kubre* ang iniwanan ng *NaDiyos'grasya*, at ipinaglalaban ang kapakanan ng Islam bilang kaganapan ng rebelasyon.

Sa ngayon, binubuo ng *Tunay na Pagsasaksi (Bearing True Witness)* ang seryeng ito sa pagkakaloob ng praktikal na gabay sa mga nagsiyakap sa relihiyong Islam. Gayunman, isang ikalimang aklat ang binabalak, kung saan nilalayon kong iharap ang mga di-makatwirang pamimintas at hayagang paninirang ibinibintang laban sa mga Muslim at sa relihiyong Islam. Sa librong ito, binabalak kong talakayin ang poligamya, pang-aalipin, pagtatangi sa lahi, talukbong ng kababaihan, pang-aapi ng kababaihan, terorismo (panliligalig), "pundamentalismo (pagkamakaluma)," at idolatriya (pagsamba sa diyus-diyusan), kabilang sa ibang mga paksa.

Ang hanay ng seryeng ito ng mga aklat, samakatwid, ay ipakilala ang madlang mambabasa ng kathang-isip sa isang seryosong pagsisiyasat ng ebidensyang panrelihiyon (*The Eighth Scroll*), pagsusuri ng kabuuang iyan ng ebidensya (*NaDiyos'grasya*), ipaglaban ang kapakanan ng Islam bilang pangwakas ng rebelasyon at katuparan ng mga prediksyon ng mga kasulatang Judio at Kristiyano (*NaDiyos'kubre*), pagmungkahi ng paraang praktikal na paglalapatan ng relihiyong Islam (*Tunay na Pagsasaksi)*, at pagkalooban ang tunay na Muslim ng pananggol laban sa mga pinakakaraniwang paninira laban sa Islam (sa binabalak na ikalimang aklat sa seryeng ito).

Kaugnay ng kasalukuyang obra, napapansing madalas ng mga Muslim na ang mga lumipat (nagkombersyon) sa pananampalatayang Islam ay umuunlad sa loob ng maraming yugto ng pagtubong ideyolohikal (pangkaisipan), ispiritwal (pangkaluluwa), at sikolohikal (pangkatwiran) bago magkamit ng isang katumbas na paggulang sa relihiyon. Ang panahon ng paggulang ay iba-iba mula sa isa hanggang ibang indibidwal, na tulad ng resultang pangwakas. Ang ilang Muslim ay nakapagpakita ng kapansin-pansing paggulang sa relihiyong tulad ng mga bata. Ang iba ay nakararanas ng madulang (dramatikong) pagbalikwas sa paniniwala sa huling bahagi ng buhay. Ang pagtalikod sa sukdulang Sufismo ng bantog na Imam Al-Ghazali ng ika-11 dantaon *CE (Christian Era* o panahon ng Kristiyanismo) (buong pangalan: Abu Haamid Muhammad Al-Ghazali) sa huling bahagi ng buhay, at ang pagtatakwil sa kanyang mga kamalian sa *aqeeda* (paniniwala) ng Al-Ash'aree noong ika-10 dantaon (*CE*) (buong pangalan: Abu Al-Hasan 'Ali ibn Ismaa'eel al-Ash'aree, kung kanino iniuugnay ang *aqeeda*ng *Ash'aree*), sa huling bahagi rin ng kanyang mga araw, ay nagsisilbing mga tanyag na halimbawa. Sa mas malapit na nakalipas na kasaysayan, ang paglipat ni Malcolm X mula sa makalahi at kultong politikal na kinondena ang paniniwala, na nakilalang *Nation of Islam* tungo sa Islam na ortodokso o orihinal (Sunni) ay siyang marahil ay pinakakilalang halimbawa sa lahat.

Sa pasimula, ang mga Muslim na kombertido (nagkombersyon) ay kadalasang tumatahak sa malalawak at magkakaibang landas ng malalabong paniniwala, na sumasaklaw sa puwang sa pagitan ng malinaw na kadalisayan ng katumpakan at ng maputik na kadiliman ng pagkalihis. Bagamat marami ang unti-unting lumulunsad sa landas ng katumpakan sa Islam, isang malaking bilang din ang nasangkot sa mga antas ng paglihis, kung minsan sa isang mababang antas na di-nangangailangan ng anuman maliban sa pagpapayo, paminsan-minsan ay may gayong kalakhang nangangailangan ng parusa alinsunod sa *Shari'a* (batas na Islamiko), at lalong madalas ay may sapat na tinding ganap na nagpapawalang-bisa sa *shahada* (pagsaksi sa pananampalataya) ng isang tao, na nangangahulugang ang taong nasasangkot, nakakaalam man o hindi, ay nagpapawalang-bisa sa pag-angkin bilang Muslim at lumilisan sa relihiyong Islam.

Para sa isang tao, ang kahalagahan ng katumpakan ng landas ng relihiyon ay nauugnay sa kaligtasan. Para sa pamayanan, ang kahalagahan ay nauugnay sa mga kamalian ng mga pagkalihis na hindi kumakatawan sa Islam.

Ang sumulat, bilang isang Kanluraning lumipat sa pananampalatayang Islam, ay ipinamuhay ang walang-ingat na hedonismo (makamundong buhay) na umaakbay sa kawalan ng relihiyon, ang pagkagising sa kamalayang ispiritwal sa puso ng naghahanap, ang pangkaluluwang paghanap ng katotohanan, ang maingat na pagkilatis ng mga relihiyon para sa mga sangkap ng halaga at tatag, ang kapayapaan sa pagyakap sa katotohanan nang natagpuan ito, at mga panahong sumunod na kapwa kalugud-lugod at hindi, at sa lahat ng mga bahagi ng proseso. Ang pamumuhay at paghahanapbuhay sa mga bansang Kanluranin ng Amerika at Ingglatera, at pagkatapos ay sa Banal na Lunsod ng Medina Al-Munawara, ay nagkaloob ng isang lalim ng karanasang maaaring makapagbigay-interes sa mga naghahanap ng gayunding landas.

Gayunpaman, ang sumusunod ay hindi isang aklat ng mga alaala, kundi ng pagsusuri. Ang katotohanan ay nasuri na ng mga iskolar na Islamiko ang mga inihaharap na isyu simula pa nang panahon ng rebelasyon, at ang tamang landas para sa bawat isang isyu ay napakahuluganan na simula nang panahon ng huling sugo, si Muhammad ibn Abdullah. Ang kakulangan ng impormasyon sa wikang Inggles, gayunman, ay nagreresulta sa maraming Kanluraning balik-pananampalataya (kombertido) sa pagiging di-mabigyan ng sapat na kaalaman, at dahil dito, ay madaling mailigaw.

Ang sumusunod na impormasyon ay ang pinakamabuting pagtatangka ng sumulat sa pagtutuwid ng gayong walang-palad na kalagayan.

# 1) Ang Paninindigan

Sa paggawa ng pagpili, pumapasok ang isang tao sa Islam at nagiging Muslim sa pamamagitan ng *shahada*, o pagsaksi sa pananampalataya. Ang pagsaksing ito (isinalin-titik mula sa Arabik) ay nagsasabing, "*Ash-hadu an la ilaha illa Llah(u), wa ash-hadu anna Muhammad an Rasulu Llah*," at isinasaling, "Ako ay sumasaksing (nagpapatotoong) walang diyos (isinasalin ding, 'walang marapat sambahin') maliban sa Allah at ako ay sumasaksing si Muhammad ang sugo ng Allah."

Ang *shahada* ay pinakanakaugaliang ipahayag nang publiko, sapagkat sa pangkalahatan, ang mga lumipat-pananampalataya (nagkombersyon o kombertido) ay nararapat na ipamalita ang kanilang kombersyon. Gayunman, kung hinihingi ng pagkakataon, ang *shahada* ay maaaring ipahayag nang tanging ang Lumikha ang saksi.

Hindi lamang pinatutunayan ng *shahada* ang kaisahan ng Diyos at ang pagkapropeta ni Muhammad ibn Abdullah, kundi itinatalaga rin ang mga mananampalataya sa lahat ng iniaatas ng relihiyon, at sa pag-iwas sa lahat ng ipinagbabawal. Kaya't bagamat walang sinasabi ang pahayag tungkol sa pagbabawal sa malayang pagtatalik, pakikiapid, alkohol, at iba pa, ang pagtanggap sa mga pagbabawal na ito ay di-maiaalis na katambal ng *shahada*. Sapagkat ang pagtanggap kay Muhammad bilang isang propeta, at sa bagay na iyan, bilang huling propeta, ay nag-uutos ng pagtanggap ng mensahe at mga batas na ipinahayag sa kanya. Anumang kulang dito ay pagkukunwari.

Ang unang tungkulin ng isang nagkombersyon, kung gayon, ay unawaing mabuti ang kahulugan ng *shahada,* at magsimulang isabuhay ito.[1 (EN)] [Ang mga sangguniang may paunawang nagpapaliwanag ay ipinapahiwatig ng (EN)] Maraming napakahusay na aklat ang naisulat tungkol sa paksang ito, at may maliit o walang dahilan para ulitin ang mga naunang obra, bagamat marahil ay naaayon ang isang maikling balangkas. Bilang pasimula, ang paninindigang may pinakamalaki at pinakamalinaw na kahalagahan kapag binibigkas ang *shahada* ay ang pagkilala ng monoteismo (ang pagiging iisa ng Allah, na bihag sa wikang Arabik ng katawagang *tawheed*). Ang puntong ito ay hindi mabibigyang-diin nang labis na tindi. Ang Islam ang relihiyon ng *tawheed*. Anumang pagsalungat sa monoteismo ng Islam, anumang pagsalungat sa kasukdulan at ganap na Kaisahan ng Allah ay nagbabadya ng *shirk*. Umiiral ang s*hirk* sa iba't ibang antas, mula sa malaking *shirk*, na nagdadala sa isang tao sa labas ng Islam, hanggang sa maliit na *shirk*, na nakahanay bilang isang mabigat na pagkakasala, hanggang sa *riyaa*, o lingid na *shirk*. Ang mga halimbawa ng malaking *shirk* ay pagsamba maliban sa Allah o mag-agapay ng mga katambal sa pagsamba sa Allah. Ang mga halimbawa ng maliit na *shirk* ay kinabibilangan ng pagsumpa maliban sa Allah o pagtitiwala sa mga agimat ng 'swerte'. Pangwakas, ang mga halimbawa ng lingid na *shirk* ay pagpapaganda ng pagdarasal ng isang tao kapag nararamdamang may ibang nagmamasid, o pagbibigay ng dagdag na kawanggawa kaysa maaaring gawin kapag nararamdamang ang donasyon ay nakikita. Sa harap ng mabigat na kahalagahan ng mga magkatambal na paksang ito ng *tawheed* at *shirk*, mahigpit na iminumungkahi ang dagdag na pag-aaral sa mga aklat na ukol sa mga paksang ito.[2]

Pangalawa sa *tawheed* ay pagpapahayag kay Muhammad bilang pangwakas na propeta at sugo ng Islam – isang pagkilala ng partikular na kahalagahan dahil sa katotohanang napakaraming mga

---

[1 (EN)] Itinuturo ng mga iskolar na ang *shahada* ay walang bisa kung walang pitong elemento: kaalaman, kataimtiman, katapatan, pagmamahal sa *shahada*, katiyakan, pag-iwas sa anumang lumalabag sa *shahada*, at pagsasabuhay (o, sa ibang salita, ipamuhay ang pagsasaksi sa pananampalataya).

[2] Ang gayong mga aklat ay madaling matatagpuan sa Internet sa pamamagitan ng iba't ibang tindahan ng aklat na Islamiko.

mapagkunwaring mesiyas ang nagsulong ng mga huwad na pag-angkin ng pagkapropeta sa loob ng maraming taon, na nagligaw sa mga masa pababa sa masalimuot na landas ng pagkalihis sa gayong paraan. Si Elijah Poole Muhammad, ang nagtatag ng *Nation of Islam*, ay isa lamang gayong halimbawa. Ang iba pa sa naligaw at nagliligaw na uri ay kinabibilangan nina Mizra Ghulam Ahmad, ang nagtatag ng Ahmadiyyah (kilala ring ang mga Qadiani), *Bab* Mirza Ali Muhammad at Mirza Husain Ali (ang mga nagtatag ng Baha'i) at isang tambak na ibang makulay at kakatwa, subalit maimpluwensyang mga nag-angking mesiyas na sumulpot sa loob ng nakaraang 1,400 taon. Ang pagkilala kay Muhammad bilang huling propeta ng Allah ay nagpipinid sa pinto ng isip sa pagtanggap sa mga pag-aangkin ng lahat ng gayong mga huwad na mesiyas. Gayundin, ang pagwawakas ng tanikala ng pagkapropeta sa katauhan ni Muhammad ibn Abdullah ay naaayon sa mga prediksyon ng naunang kasulatan (para sa mas buong paliwanag, ang mambabasa ay pinasasangguni sa *NaDiyos'kubre*, ang pangatlong aklat sa seryeng ito).

Pangwakas, mauunawaan sa pagpapahayag ng *shahada* ang pagtanggap sa mga pamantayan ng pananampalatayang Islam (kilala bilang 'mga haligi,' sapagkat kundi sa mga haliging ito ng pananampalataya at paggawa, ang paninindigan ng isang tao sa relihiyon ay bumabagsak). Ang alinmang karaniwang tindahan ng mga aklat na Islamiko ay nagtatala ng maraming aklat na nagpapakahulugan sa mga haliging ito ng pananampalataya at kaugaliang Islamiko. Mula sa maliliit na polyeto hanggang sa malalawak na tomo, ang mga matatagpuang libro ay sumasaklaw sa mga magagaan hanggang sa malalalim na pag-aaral. Sa kabuuan, ang mga batayang haligi ng pananampalataya ay anim: paniniwala sa Allah, sa Kanyang mga anghel, sa ipinahayag na mga kasulatan, mga sugo, sa Kabilang-Buhay, at sa tadhana ng Diyos. Ang mga kinakailangang tungkulin sa pagsamba ay lima: pagpapahayag ng pananampalataya sa sandaling pumasok sa relihiyon (alalaong-baga, *shahada*), pagdarasal nang makalima araw-araw (sa itinakdang mga pagitan, at alinsunod sa mga kautusan ng pagdarasal at pagpapakalinis), taunang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, taunang pagbabayad ng pangkawanggawa, at pilgrimahe sa Mecca sa panahon ng *Haj*, minsan sa habangbuhay, kung may kakayanang pangkatawan at pampananalapi.

Kaya't gayon nga! Bigkasin lamang ang *shahada*, tanggapin ang mga paniniwala at kaugalian, at nasa iyong landas ka na. Madali, hindi ba? Bueeeeeeeno, oo, pero hindi. Kung may isang punto ng napakabigat na kahalagahang nararapat ihatid sa mga bagong Muslim, iyon ay ito: ang Islam ay isang relihiyon ng balangkas. Bawat katotohanan, bawat turo, bawat paniniwala at bawat mabisang elemento ng relihiyong Islam ay may batayan sa inihayag na katotohanan. Kapag sinabi ng isang Muslim sa isa pa ang isang bagay sa relihiyong Islam, kailangan niyang suportahan ang katuruang iyan ng ebidensyang Islamiko. Ang ginintuang batayan (at sa gayon, ang tanging batayang tinatanggap) sa pagiging lehitimo (ayon sa batas) sa Islam ay matatagpuan sa pakahulugan ng mga katibayang Islamiko niyaong may malawak na kaalaman (alalaong-baga, mga iskolar na Muslim). At ano ang mga pinagmumulan ng mga ebidensyang Islamiko? Dalawa – ang inihayag na salita ng Allah (ang Banal na Qur'an), at ang *Sunnah* (sa literal, 'ang paraan' ng propetang si Muhammad ibn Abdullah, ibig sabihin, ang kanyang mga turo, at halimbawa, gaya ng inihatid sa pamamagitan ng kanyang mga salita, mga gawa, anyo at ipinakahulugang pagsang-ayon, na naihatid sa pamamagitan ng kanyang mga salita, gawa, anyo, ipinakahulugang pagsang-ayon, ayon sa pagkakapanatili sa mga tradisyong (kaugaliang) Islamikong kilala bilang *hadith*). Kaya't sa huli, bawat may-bisang turo ay may batayan sa mga ebidensyang Islamiko, at gustuhin man o hindi, ang ebidensyang iyan ay dapat maging malinaw, pangkasalukuyan, at napatutunayan upang maituring na katanggap-tanggap ang anumang partikular na turo.

Kaya't kapag nag-aaral mula sa ibang Muslim, minamahal man o hindi, iginagalang man o hindi, pinatitibayan man o hindi, ang maselang katanungan para sa bawat isang nagtuturo tungkol sa bawat itinuturo ay tanging, "Saan mo nakuha iyan?" Kung mula sa kaisipan ng isang indibidwal, ingat! Sapagkat sa ganitong madulas na landas ng kapritso (hilig) at opinyon (pala-palagay) na

ang mga naunang masa ay nailigaw. Ang iba pang mga landasin tungo sa kamalian ay kinabibilangan ng:

- Mistisismo (Kahiwagaan o Misteryo). Ngayon, sandali nating pasukin ang isyung ito. Ang kabanalan at pagiging matuwid ay inaasahang maghatid sa isang tiyak na antas ng pinagbuting pananaw at pag-unawa sa mga bagay ng relihiyon. Datapwat samantalang walang masama sa paghanap ng gayong kaliwanagan, ang mga mananampalataya ay naliligaw kapag nagsikap sila nang labis, at, sa gayong paraan, ay nag-iiwan sa mga panuntunan ng paggabay na idinikta ng Lumikha para sa mga panuntunang binigyang-kahulugan ng isang tao, gaya halimbawa ng isang mistiko (mahiwaga / misteryoso). At ito ang pinakamaselang palatandaan ng paglihis sa mistisismo – ang pagyakap sa mga turo at kaugaliang hindi nakasalig sa mga pinagmulang may-bisa ng batas na Islamiko, ibig sabihin ay ang Qur'an, *Sunnah*, at ang mga interpretasyon niyon ng mga iginagalang na iskolar na Sunni. Kapag ang mga walang-batayang turo ay nakatagpo kaugnay ng mga lider na ispiritwal na nagwawagayway ng mga pag-aangking nagpapadakila sa sarili tungkol sa pinagbuting pananaw na ispiritwal, na pinagpapatibayan nila ng kanilang mga kakatwa at walang-batayang paniniwala at kaugalian, ang sitwasyon ay dapat maging malinaw. Napakadalas, gayunman, hindi ito gayon, sapagkat marami sa mga nakapagliligaw na paglihis ay bumabanggit ng mga talata sa Qur'an at *Sunnah* upang itaguyod ang kanilang ligaw na mga paniniwala. Ang katotohanang ang mga lumihis na ito ay nag*mamaling*-banggit o nag*mamaling*-pakahulugan sa Qur'an at humahango mula sa *di-*mapaniniwalaang *hadith* sa pagpapatunay sa kanilang mga pinaninindigan ay kadalasang di-napapansin niyaong mga kapos ng mga kasangkapang pangkaisipang makapagkakaiba nang tumpak sa mga mapaniniwalaang pinagmulang may wastong pakahulugan laban sa mga pinagmulang napagbago (namanipula) at / o di-mapaniniwalaan. Mangyaring tingnan ang kabanata 5. Na pinamagatang 'Sufismo,' para sa karagdagang pagtalakay sa paksang ito. Iba ang mga landasing tungo sa kamalian ang kinabibilangan ng:
- Pilosopiya (sapagkat ang mga pilosopo ay hindi sumasang-ayon, kaya't sa karamihan, isa lamang grupo ang maaaring maging tama. At samantalang nasa paksang ito, masdan ang nangyari sa mga Griyego!)
- Rasyonalismo / Pangangatwiran (sapagkat hindi bawat isa sa relihiyon ay 'may katuturan' sa bawat isa, at ang pagkahilig sa pagtanggal o pagbago sa mga pamantayan sa relihiyon sa simpleng dahilan na ang isang tao ay hindi 'makapagbigay-katuturan' sa mga ito, ay naghahatid sa pagkalihis at, hindi bibihira, sa kawalang-paniniwala. Sa pangkaraniwan, ang mga pagtatangkang mabigyang-katwiran ang mga pananaw na lihis ay resulta ng paghahanap ng mga tao na mabago ang relihiyon upang umangkop sa kanilang mga hangarin, na may mga pagsisikap na 'gawing makabago / moderno' o 'tanggapin' ang Islam bilang mga halimbawa.)
- Labis na pagpapakatalino (ang mga Muslim ay inaasahang mag-isip at mangatwiran, hindi lamang upang magkaroon ng paniniwala bilang unang hakbang, kundi para rin maisagawa at mailapat ang relihiyon nang wasto. Datapwat ang pagpapakatalino ay may mga praktikal na hangganan, na ang ibig sabihin ay may ilang mga bagay na dapat lamang tanggapin, paniwalaan, o gawin ng mga tao – mga bagay tulad, halimbawa, ng mga utos ng Allah. Sakaling tanggihan ng mga taong tanggapin, bigyang-bisa, o tuparin ang isang utos ng

Allah, sa tanging dahilang hindi nila nauunawaan ang dahilan para roon, nahuhulog sila sa di-pagsunod at kamalian.)

- Maling paninindigan (gaya ng maling pagbanggit o pakahulugan sa mga talata ng Qur'an, o paggamit ng mahina o inimbentong *hadith* upang suportahan ang isang lihis na pinaniniwalaan.)
- Paghatol sa isang isyu sa kabila ng kakulangan ng kakayahan sa pag-aaral.

Subalit, kung ang paggabay ay mula sa isa sa mga iginagalang at may-kakayahang iskolar na humahango ng kanilang mga turo mula sa Banal na Qur'an at mapaniniwalaang *hadith,* ang isang tao kung gayon ay mapapanatag.

Sa kakulangan ng pagpapatibay ng mga iskolar na kwalipikado, alinsunod sa mga batayang ebidensya mula sa Qur'an at  Sunnh, walang mga taong dapat ituring ang kanilang mga sariling ligtas. Kapag ang mapa ng kasaysayan ay napagbabalikang-aral, ang sangkatauhan ay natatagpuang naligaw kailanma't ang renda ng talinong pantao ay natanggal sa kamay ng mga sumusuportang katibayan at nakawalang maluwag sa larangan ng mga nakaaakit na pagpapaliwanag. Ang paghahanap ng mga alkimiko sa 'bato ng pilosopo' (ang mahiwagang pormulang nagpapalit-anyo sa mga pangunang metal na maging ginto), sa bukal ng kawalang-kamatayan, sa mga gusing ginto at mga panaginip na pinangarap sa bawat alamat na nakapaglunsad ng isang sasakyang-dagat o ekspedisyon sa isang bigong pakikipagsapalaran ay mga madadaling halimbawa. Gayunman ay walang mga alamat na walang batayan ang kailanman ay naghatid sa walang saysay na sakripisyo para sa higit na kayamanan, lakas, mga buhay at mga kaluluwa bukod sa mga taglay ng huwad na relihiyon..

Ipinagkakanulo ng *NaDiyos'grasya* ang mahina, di-umiiral, o  sa tapatan ay inimbentong batayan ng maraming alamat ng makabagong teolohiyang Judio at Kristiyano. Tinatanggihan ng Ortodoksong (Sunni) Islam na tanggapin ang gayong ipokrisiya (pagkukunwari) sa loob ng paniniwala nito,  at naninindigang sa kadalisayan ng mga turo nito sa pag-uutos sa mga iskolar nito na hanguin ang  *fiqh* (mga batas na Islamiko) mula sa matatag at iginagalang na mga pamantayang pinagmulan ng relihiyong Islam, at pagkatapos ay pag-uutos sa layko (di-iskolar) na sundin ang mga may-bisang kapasyahan ng mga iskolar na kwalipikado.

Sa kasamaang-palad, maraming bagong kombertido ang nag-iisip ng sukdulang mapagtiwala, at nakalulungkot na walang-katwirang pag-aakalang nalalaman ng lahat ng mga 'iskolar' ang kanilang mga sinasabi, at lahat ng mga Muslim ay nasa gayong landas. Wala nang hihigit na malayo sa katotohanan. Ang isang malaking pagkakaiba ng mga sekta ay nagpapakilalang may marka ng Islam, sa lahat ng pagkakataon ay sumasaklaw mula sa pagkilatis sa ideyolohiya mula sa alinman sa maliit na pag-imbento hanggang sa tahasang paglapastangan. Ang ilang mga sektang eretiko (labag) ay kumakapit sa mga hangganan ng Islam na may matatalim na pakahulugan, samantalang ang iba ay labis na malayo mula sa sobre ng Islam upang mangailangan ng isang hiwalay na kodigo postal ng kaisipan.

Samakatwid, may pangangailangan sa mga marka.

Sa pangkalahatan, minamabuti ng mga Muslim na makilala nang di-hihigit sa pagiging, bueno, mga *Muslim*, sa tanging dahilang tinutukoy ng Allah ang Kataas-taasan ang mga mananampalataya bilang mga Muslim sa Banal na Qur'an.  Sa mga gumagalang sa kataasan ng Allah, walang tatak na nilikha sa isip ng tao ang makakapagpaligsahan sa gayong pinili Mismo ng Lumikha. Gayunman, ang mga tatak ay naging mahalaga upang mapagkaiba ang mga iba't ibang grupo. Ang dalawang pinakamalaking hati ng daigdig ng Islam ay ang mga Sunni at ang mga

Shi'a. Ang Muslim na Sunni ay kumakapit sa sunnah (paraan) ng propeta Muhammad, gaya ng inihatid sa pamamagitan ng mga tradisyong Islamiko (*hadith*), samantalang ang mga Shi'a ay kumakapit sa mga turo ng kanilang mga pinuno sa relihiyon (mga Imam), may bisa man ng Qur'an at Sunnah o hindi. Gaya ng karaniwang nagaganap sa tuwing binibigyan ng pangunang pahalaga ng mga tao ang mga karismatikong lider sa ibabaw ng ipinahayag na katotohanan, ilang kakatwang indibidwal na may lalo pang kakatwang ideyolohiya ang gumapang sa tanikala ng kapangyarihan sa maraming panahon sa kasaysayan, itinatag ang kanilang paglihis sa batas ng relihiyon, at ginambala ang mga paniniwalang pansekta, pabagu-bagong hakbang, mula sa katotohanan ng panahon ng mga pinagmulan. Ang mga mapaminsalang lihis na kalakaran, kahawig niyaong mga lumaganap sa mga puso at isip ng mga Shi'a, ay mabisang naghiwalay sa isang mahabang listahan ng ibang mga sekta mula sa pangunahing kabuuan ng mga Muslim na Sunni.

Magkagayunman, ang Islam na Sunni ay kinabibilangan ng halos 95% ng lahat ng Muslim sa buong mundo, at sa mabuting dahilan. Sa pagpapasimula, ang pamamaraan ay nagbibigay-katwiran. Sinumang tumatanggap sa Islam ay nagpapatunay sa kasukdulan at kaisahan ng Allah, na nangangailangan tanggihan ang anumang konsepto ng mga kahati o kabahagi sa pagkadiyos. Ayon sa salin ng kahulugan ng Qur'an (mula ngayon ay TMQ),[3]

> <simula ng sipi>
> "Kaya't huwag iagapay sa Allah ang mga katulad,
> yayamang alam mo (na wala Siyang anumang katulad)" [TMQ 2:22]
> <wakas ng sipi>

At

> <simula ng sipi>"Sabihin mo, 'Siya ang Allah, (na) iisa lamang,
> ang Allah, ang Walang Hanggang Dulugan.
> Hindi Siya nag-aanak ni ipinanganganak,
> Ni walang sa Kanya ay nakakatulad.'" (TMQ 112:1-4).
> <wakas ng sipi>

Samakatwid, may iisa lamang kasukdulan at pangwakas na kapangyarihan, at iyan ang Allah, at ang Kanyang pagpili sa Banal na Qur'an bilang huling rebelasyon at kay Muhammad ibn Abdullah bilang huling sugo ay dapat igalang. Dagdag dito, muli at muli, inaatasan ng Allah ang sangkatauhan sa Banal na Qur'an na sundin ang halimbawa ng huling propeta, at sundin ang Allah at ang Kanyang sugong si Muhammad. Sapat na ang minsan, subalit ang madalas na pag-ulit ng ganitong turo ng Allah na Kataas-taasan sa Kanyang rebelasyon, ay dapat pumigil sa anumang pagtalakay sa puntong ito.

Sa harap ng pangunahing kahalagahan ng halimbawa ni Muhammad sa relihiyong Islam, ang kataimtiman at tiyagang pinagpanatilihan ng mga naunang henerasyon ng aklatan ng mga tala ng *hadith* ay maalamat. Sa dahilang ito, sadyang walang sinumang tao sa kasaysayan ang may gayong detalyeng dokumentado at napatutunayan. Di-gaya ng malalabong larawan ng lahat ng nangaunang mga propeta, ang buhay, pagkatao, at mga turo ni Muhammad ay maaaring malaman sa ganap na detalye, at ang detalyeng ito ang kinakapitan ng mga Muslim na Sunni.

Sa kabaligtaran, ang mga Muslim na Shi'a ay iisa lamang grupo sa isang mahabang listahan ng mga sektang lihis na piniling ipagwalang-bahala ang Sunnah ni Muhammad, sa isang antas o iba

---

[3] Ang bersyon ng salain ng kahulugan ng Qur'an (TMQ) na binabanggit sa aklat na ito, maliban kung isinasaad nang kaiba, ay *The Qur'an, Arabic Text with Corresponding English Meanings*, ng Saheeh International.

pa, bilang pagpapahalaga sa mga turo ng kanilang mga lider ng sekta. Katulad ng mga Kristiyanong nagwalang-bahala sa mga ortodoksong turo ni Jesucristo bilang pagpapahalaga sa mas mapahintulot, bagamat salungat, na teolohiya ni Pablo, ang mga lihis na sekta ng Islam ay nagtatalaga ng paunang pahalaga sa mga turo ng tao na labag sa mga nakabatay sa Qur'an, Sunnah, at sa pakahulugan ng mga ito ng may-kakayahang iskolar.

Sa kasamaang-palad (at mahuhulaan. gayundin), maraming nalihis ang nagbibigay ng maling banggit o maling interpretasyon ng Qur'an at *hadith* upang masuportahan ang kanilang mga pagkaligaw sa relihiyon. At kung hindi pag-aalinlanganan ng mga tao ang anumang sinasabi sa kanila, ang ilang ebidensyang binabanggit ay maaaring magmukhang kapani-paniwala, gaya ng isinaad ni William Shakespeare, "Maaaring banggitin ng demonyo ang Kasulatan para sa kanyang layunin." [4]

Ang mga bagong nagkombersyon, na maaaring hindi makaalam ng pagkakaiba ng ortodokso at ng lihis, ng huwad na iskolar ng pagkalihis at ng may-bisang iskolar ng katotohanan, ay marapat maging tiyak na maingat sa pananaliksik at bigyang-patunay ang sinasabi sa kanila. Higit na mahalaga, ang mga tapat ay magsidalangin sa Allah na kanlungan ang kanilang mga puso, isip, katawan at kaluluwa laban sa paglihis, at itatag at panatilihin sila sa tuwid na landas ng Kanyang layunin. At iyan, sa kabila ng lahat, ang panalangin sa *Al-Fatiha*, ang unang *surah* (kabanata) ng Banal na Qur'an, at isang panalangin ng gayong kahulugan at halagang ang Allah ang Kataas-taasan ay nagtatalaga ng pagbigkas ng kabanatang ito sa bawat *rakat* ng bawat pagdarasal. Kaya't ang mga tunay na Muslim ay dapat bigkasin ito nang may katapatan at paninindigan.

Kaugnay ng pagtalakay sa itaas, ang sumusunod na mga libro ay tiyakang makatutulong sa pagkilala sa mga paglihis ng mga Shi'a *(Shi'ites),* gayundin ng ilang ibang lihis na sekta:

- *The Mirage in Iran* – Salin ni Dr. Abu Ameenah Bilal Philips' ng *Sarab fee Iraan* ni Dr. Ahmad al-Afghani
- *The Devil's Deception* – Salin ni Dr. Abu Ameenah Bilal Philips ng *Talbees Iblees* ni Ibn al-Jawzee

[4] Shakespeare, William. *The Merchant of Venice*. I.iii.

## • 1.a.) Ang Sektang Maililigtas

Isa sa madalas na banggiting *hadith* ay nagwawakas ng turong sa wakas ng panahon, ang Islam ay mahahati sa 73 sekta, 72 nito ang tutungo sa apoy. Nang tinanong kung alin ang sektang maliligtas, tumugon si Muhammad sa kahulugang, "Yaong sumusunod sa kung ano ako ngayon, at ang aking mga kasamahan."[5]

Ipinapalagay ng ilang Muslim na ang *hadith* sa itaas ay may isang kahinaan sa kawing ng mga tagasalaysay nito, nililinaw ng iba na ang sapat na bilang ng mga naghatid ay nagpapatibay sa *hadith*. Sa alinmang paraan, ang katotohanan ay hindi man nahahati pa sa 73 sekta ang relihiyong Islamiko, tunay na patungo na ito roon. Maraming sekta ng mga Shi'a, isang lumalagong bilang ng mga kasukdulang Sufi, ang kultong Ansar, ang *Nation of Islam*, ang Ahmadiyyah (kilala ring mga Qadianee), ang mga *Koran'ites*, at marami pang iba ang naghaharap ng iba't ibang anyo ng paglihis sa pagiging ortodokso (orihinal) ng Islam. na Sunni. Bukod dito, ang konsepto ng ligtas na sektang kinabibilangan niyaong nakakapit sa tinutukoy ng propeta at ng kanyang mga kasamahan kung ano sila ay waring hindi na isang palaisipan sa mga tiyak na mananampalataya.

Mayroon, gayunpaman, na mga nagmumungkahi ng pagbabago ng relihiyong Islam batay sa ipinapalagay na pangangailangang gawing moderno ang Islam bilang pagkilala sa mga pagbabagong sosyal (ng lipunan) at politikal (ng pamahalaan) sa nakalipas na 1,400 taon. Sa ngayon, ang mga Muslim ayon sa kasaysayan ay naging ilan sa mga pinakamauunlad na tao sa mundo. Ang rebolusyong industriyal ng Europa ay iniugnay sa kalakhan sa kaalaman at mga pagbabagong hinango sa daigdig na Muslim, sa panahong ang aristokrasya (mataas na lipunan) ng Europa ay karaniwang nagpaaral sa kanilang mga anak sa mga pamantasan ng Espanyang Muslim. Nangibabaw ang mga Muslim sa wika at pag-aaral ng mga wika, pisikang para sa makina, paningin at teoriya, kimikang pangkalikasan at di-pangkalikasan, matematika, pagtatanim, panggagamot, heograpiya, at astronomiya, bilang banggit sa ilan sa mga agham at larangan ng karunungan. Marami sa mga pagsulong sa teknolohiya na nagbigay-daan sa isang mundong higit na mabuti ay inimbento ng mga Muslim, at ang pamantasan mismo ay nagsimula sa planong Muslim para sa nakatataas na institusyon ng pagtuturo.[6 (EN)]

Kaya't hindi nahihiya ang mga Muslim na iharap ang mga isyu ng kanilang pag-iral at pagbabago sa panahon sa mga kapakanang hindi sumasalungat sa mga pamantayang panrelihiyon. Subalit, inihatid ng Allah na Kataas-taasan sa pamamagitan ng Kanyang huling propeta, si Muhammad, na hindi Siya tatanggap ng anumang pagbabago o imbensyon sa relihiyon. Ayon sa *hadith* ni Aa'ishah, nakatalang itinuro ni Muhammad,

> <simula ng sipi>
> "Sinumang mag-imbento ng anuman sa ating kapakanang ito [Islam] na hindi nabibilang doon, ay tatanggihan."[7]
> <wakas ng sipi>

---

[5] Tirmidhi (2641

[6] (EN) Para sa karagdagang kaalaman, mangyaring tingnan ang pangatlong aklat sa seryeng ito, *NaDiyos'kubre*, at *Islam and Science*, nina Shabir Ahmed, Anas Abdul Muntaqim, at Abdul-Sattar Siddiq; inilathala *ng Islamic Cultural Workshop*, P.O. Box 1932, Walnut, CA 91789; (909) 399-4708.

[7] Bukhari (2550), Muslim (1718), Sunan Abu Dawud (4606), Ahmad (26075, 26372)

Kaya't samantalang ang imbensyon sa mga bagay na di-praktikal sa relihiyon ay maaaring kapuri-puri, walang puwang ang pag-iimbento sa relihiyon mismo, sapagkat ang lahat ng mga imbensyon sa relihiyon ay naghahatid sa Impyernong-Apoy. Sa pag-aalaalang ang sangkatauhan ay hindi nilikha maliban sa paglingkuran at sambahin ang Allah (tingnan ang TMQ 51:56; "At hindi Ko nilikha ang *jinn* at ang sangkatauhan maliban sa sambahin Ako"), may katwiran mula sa pormulang ito, sapagkat ang ideya ay hindi pagaanin ang bawat isang bahagi ng buhay, manapa'y pagbutihin ang mga pamamaraan sa buhay upang mapagaan ang tungkuling siyang dahilan ng paglikha sa sangkatauhan – ang maglingkod at sumamba sa Allah.

Samakatwid, ang pagpapagaan sa buhay ayon sa mga makamundong pag-iral ay kapuri-puri, sapagkat napagbubuti nito ang kalagayang pantao at nagpapalaya sa indibidwal, kapwa sa katawan at sa kaisipan, para sa pagsamba. Batay sa katawan, ang mga pinagbuting kalagayan ay nagpapagaan sa pagsasagawa ng mga gawaing pansamba, samantalang batay sa isip, ang mga kalagayan ay nagbibigay sa isang tao ng higit upang ipagpasalamat sa Allah. Sa kabilang dako, ang pagtatangkang pagaanin ang relihiyon sa pamamagitan ng pagsasaalanganin ng mga tungkuling panrelihiyon ay sukat-sisihin, sapagkat sa paggawa nito ay nililinlang ng indibidwal ang Allah sa mga tungkuling dahilan ng paglikha sa kanya sa simula pa lamang. Kaya, ang isang telepono ay mas mabuti kaysa isang kalapating tagapaghatid, subalit samantalang ang apat na pagdarasal ay mas madali kaysa lima, napakatiyak na hindi ito mas mabuti, sapagkat ang anumang pag-imbentong sumasalungat sa *Shari'a* (batas) ng Islam, ay lumilihis mula sa relihiyon, at sa halip na gawing magaan ang relihiyon, ay isinasapanganib o sinisira ito.

Na siyang naghahatid sa atin sa isang pangkalahatang batayang gabay na makabubuting tandaan ng bagong Muslim, at iyan ay ipinagbabawal ang alinmang bagay sa pagsamba (ibig sabihin ay ang bawat isang bagay kung saan umaasa ang sumasamba ng gantimpala mula sa Allah na Kataas-taasan, maliban doon sa itinatakda. Ang prinsipyong ito ay pinagkaisahan ng mga iskolar, at dapat itatag ng lahat ng mga Muslim ang mga iyon sa kanilang alaala sa dahilang pinagagaan nito ang relihiyon at pinadadali ang paraan ng pagbibigay ng kapasyahan. Lubhang napakalawak ng sumusuportang ebidensya para sa simulaing ito upang maging nasa labas ng isang obrang tulad nito, gayunman, dapat banggiting inihatid ng Allah na Kataas-taasan sa isa sa huling *ayat* (pangmaramihan ng *ayah)* na naipahayag, "Sa araw na ito ay ginawa Kong ganap para sa inyo ang inyong relihiyon at nilubos ang Aking kagandahang-loob sa inyo at pinagtibay para sa inyo ang Islam bilang relihiyon" (TMQ 5:3). Pagtanggap sa *ayah* na ito kasama ang madalas-uliting utos ng Allah na "Sundin ninyo ang Allah at ang Kanyang sugo (si Muhammad)," dapat igalang ng isang Muslim ang *hadith* na nagsasalaysay na itinuro ni Muhammad,

- "Sinumang nag-iimbento ng anuman sa bagay nating ito (relihiyon) na hindi ukol dito ay tatanggihan niyon."[8]
- "Ang ipinagbawal ko sa inyo, inyong iwasan, at ang ipinag-utos ko sa inyo [upang gawin], gawin ninyo ito hangga't[9] makakayanan."
- "Ang Allah, ang Kataas-taasan, ay nagtalaga ng mga tungkuling panrelihiyon, kaya't huwag ninyong pabayaan ang mga iyon; naglagay Siya ng mga hangganan, kaya't huwag ninyong tapakan ang mga iyon; nagbawal Siya ng ilang bagay, kaya't huwag ninyong labagin ang mga iyon; tungkol sa ibang bagay ay

[8] Bukhari (bilang ulo ng isang kabanatang pinamagatang: Kapag ang isang lingkod-bayan o isang hukom ay nag-utos ng isang kapasyahan sa isang bagay na kaiba sa tuntunin ng sugo, ang kanyang utos ay tatanggihan) d) at Muslim (1718)

[9] Bukhari (6858) at Muslim (130)

tahimik Siya – dahil sa awa sa inyo, hindi sa pagkalimot – kaya't huwag ninyong paghanapin ang mga ito."[10 (EN)], [11]

Bukod dito, inihatid ng Allah na Kataas-taasan,

- "At anumang ibinigay ng Sugo sa iyo, tanggapin mo,
  at anumang ipinagbawal sa iyo, ay iwasan mo.
  At katakutan mo ang Allah;
  tunay, ang Allah ay mahigpit magparusa." (TMQ 59:7)
- "Yaong sumusunod sa sugo [Muhammad], ang propetang di-nag-aral
  na kanilang nakitang isinulat [binanggit] sa Torah at Ebanghelyo nilang taglay,
  na nag-aatas sa kanila ng tama at nagbabawal sa kanila ng kamalian
  at ipinahihintulot sa kanila ang mga mabubuting bagay
  at nagbabawal sa kanila ng masasamang bagay…" (TMQ 7:157)
- "Siya ang para sa inyo ay lumikha
  ng lahat ng nasa lupa." (TMQ 2:29 –
  na nagpapahiwatig ng pahintulot sa lahat ng hindi ipinagbabawal
  sa mga makamundong bagay.)
- "Sabihin mo, 'Sino ang nagbawal ng pagpapaganda ng [mula sa] Allah
  na Kanyang nilikha para sa mga alipin Niya,
  at ang mabubuti [ipinahintulot]
  na mga bagay na panustos?" (TMQ 7:32 – na nagbabadya ng kamalian sa pagbabawal sa *hindi* ipinagbawal ng Allah na Kataas-taasan tungkol sa mga makamundong bagay.)

Kaya't ang pangkalahatang simulaing ito ng bawat bagay sa pagsamba na ipinagbabawal maliban sa ipinahintulot at makamundong bagay na ipinahintulot maliban sa ipinagbawal ay hindi lamang nasusuportahang mabuti, bagkus may matinding diin. Dahil sa nauugnay ito sa paksang tinatalakay, yaong naghahanap ng isang mas madaling daan ayon sa pag-iral na pisikal at makamundong mga bagay ay pinasisiglang gawin ito, sapagkat isang mapaniniwalaang *hadith* ang nagsasalaysay na "Hindi kailanmang nabigyan ang propeta ng pagkakataong mamili sa pagitan ng dalawang bagay maliban sa pinili niya ang isa hangga't yaon ay hindi isang kasalanan."[12] Datapwat, yaong mga naghahanap ng pag-imbento sa mga bagay ng pagsamba ay marapat tutulan at / o isumpa. Nagkomentaryo si Imam Malik,

<simula ng sipi>
"Yaong nag-iimbento ng bagay para sa *ummah* (bansang Muslim) ngayon na hindi para sa mga nangaunang banal, ay nagpapahayag na ang propeta

[10] (EN) Ibig sabihin, huwag paghanapin ang mga bagay na pinigilang ipagbigay-utos ng Allah, mula sa Kanyang Karunungan at Awa, sapagkat ang tugon ay baka magbigay ng higit na bagabag kaysa pakinabang. Sa bagay na ito, ipinahayag ng Allah sa Banal na Qur'an, "O kayong mga nanampalataya, huwag kayong magtanong tungkol sa mga bagay na, kapag sa inyo ay ipinakita, ay makapagdudulot sa inyo ng pangamba. Subalit kapag itinanong ninyo ito samantalang ang Qur'an ay ipinahahayag sa inyo, ang mga ito ay makikita ninyo." (TMQ 5:101). Ang rebelasyon at relihiyon sa pagiging kompleto at ganap, ang mga itinakdang elemento ng relihiyon ay nalalaman, di-nagpapahintulot sa pagdaragdag, at ang mga ipinagbawal na elemento ng makamundong pag-iral ay nalalaman din, na nagpapahintulot sa lahat ng hindi ipinagbawal. Ang talakayan at makiling na pagsisiyasat na minarapat ng Allah na huwag pagpasyahan ay nararapat na iwasan.

[11] Daraqutni (42, 104)

[12] Bukhari (3367), Muslim (2327), Muwatta Imam Malik (1603)

(Muhammad) ay ipinagkanulo ang *ummah*, sapagkat sinabi ng Allah na Makapangyarihan sa Lahat, 'Ngayon ay pinaging ganap Ko ang inyong relihiyon.' Ang hindi bahagi ng relihiyon noon (panahon ni Muhammad at ng kanyang mga kasamahan ay hindi bahagi ng relihiyon ngayon."[13]
<wakas ng sipi>

Ang punto ay samantalang ang mga pagkakataon para sa pag-unlad ng kalagayang pantao sa makamundong patakaran ay malawak, mayroon lamang mababang antas sa patakaran ng mga paniniwala at gawa, na kapag nilabag, ay maglalagay sa alanganin ng pag-angkin ng isang tao sa relihiyon. Ang mga pinakamababang pangangailangan ng pananampalatayang Islam ay malinaw na naipapakahulugan, na ang isang halimbawa nito ay matatagpuan sa sumusunod na *hadith*:

<simula ng sipi>
Isang lalaki mula sa Najd na may gusot na buhok ang lumapit sa Sugo ng Allah at narinig namin ang kanyang malakas na tinig ngunit hindi maintindihan ang kanyang sinasabi, hanggang sa nakalapit siya (at nalaman namin noon) na nagtatanong siya tungkol sa Islam. Sinabi ng Sugo ng Allah, "Kailangan mong isagawa ang limang *Salat* (mga pagdarasal) sa isang araw at gabi (24 na oras)." Itinanong ng lalaki, "Mayroon pa bang ibang (dagdag na) *Salat* (pagdarasal para sa akin?" Tumugon ang Sugo ng Allah, "Wala, maliban kung nais mong magsagawa ng *Nawafil* (karagdagan o di-obligadong) *Salat* (ay maaari)." Sinabi pa ng Sugo ng Allah sa kanya: "Dapat kang magsagawa ng *Saum* [mga pag-aayuno (ayon sa mga turo ng Islam)] sa buwan ng Ramadan." Itinanong ng lalaki, "Mayroon pa bang ibang (dagdag na) pag-aayuno para sa akin?" Tumugon ang Sugo ng Allah, "Wala, maliban kung nais mong magsagawa ng *Nawafil* na mga ayuno (ay maaari)." Pagkatapos ay sinabi pa sa kanya ng Sugo ng Allah, "Dapat kang magbayad ng *Zakat*." Itinanong ng lalaki, "Mayroon pa bang ibang babayaran ako bukod sa *Zakat*?" Tumugon ang sugo ng Allah, "Wala, maliban kung nais mong magbigay ng limos mula sa iyong sarili." At pagkatapos ang taong iyon ay umurong na nagsasabing, "Sumpa man sa Allah! Hindi ako gagawa ng kulang o labis kaysa rito. " Tumugon ang Sugo ng Allah, "Kung tapat siya sa kanyang salita, siya ay magtatagumpay kung gayon (mabibigyan siya ng Paraiso)"[14]
<wakas ng sipi>

Mabisang binubuod ng *hadith* na ito ang pinakamababang mga hangganan ng gawaing Islamiko, kasabay ng pagwawakas na ang pagtupad sa mga pinakamababang hangganang ito ay naghahatid sa biyaya ng paraiso.

Ang pormulang ito, mangyari pa, ay nagbibigay-katwiran, sapagkat isinasabuhay ng sangkatauhan ang gayong mga pormula araw-araw sa sanlibong paraan. Halimbawa, nanangailangan ang katawan ng tao ng pinakamababang dami ng oksiheno upang mabuhay, at isang pinakamababang batayang temperatura. Panatilihin ang mga pinakamababang ito, at makatatagal ang isang tao. Labagin ang mga pinakamababang ito sa pinakamaliit na sukat, at kamatayan ang magaganap. Gayundin, ang isang kotse ay nangangailangan ng isang pinakamababang takal ng gasolina upang makarating mula sa isang pook hanggang sa iba. Kahit isang patak na kulang sa pinakamababa ay mangangahulugan ng pagtigil ng kotse – kahit isang patak na katumbas ng layo. Gayunpaman ay kulang pa rin. Totoo, masasabi ng isang tao, "Aba,

---

13 *Al-Ih'kam*, by Ibn Hazim
14 Bukhari (42) and Muslim (11)

iparada na lamang ang kotse at lakarin iyon." Subalit may mga bagay na hindi basta malalakad ng isang tao. Ang kabiguan ay isa roon. Ang isang puntong mababa sa isang 'A' sa pagsusulit ay hindi na isang 'A.' Isang gramong mababa sa isang onsa ay hindi na isang onsa. Isang hakbang sa likod ng nanalo ay pangalawang puwesto. Isang segundong labis na tagal sa ilalim ng tubig ay pagkalunod. At ang isang patak na mababa sa isang kinakailangang pinakamababa ay nangangahulugang ng kakapusan.

Panatilihin ang mas mataas na oksihenasyon at temperatura ng katawan kaysa sa kinakailangang pinakamababa, at ang isang tao ay hindi lamang makakaramdam ng mas mabuti, kundi magiging nasa mas mababang panganib sa kapahamakan. Magkaroon ng mas maraming gasolina sa kotse kaysa kinakailangan, at ang isang tao ay magkakaroon ng mas malaking reserba, kung saka-sakali. Ang isang tao ay *maaaring* mamuhay sa mga pinakamababang kailangan -- buhay sa bingit, kumbaga -- subalit ito ay mapanganib, di-maginhawa at, sa ilalim ng karaniwang mga kalagayan, di-kailangang kahangalan. Higit na mabuting mamuhay sa loob ng mga hangganang maselan. Kaya't gayundin sa relihiyon. Ang mga taong nabubuhay sa mga pinakamababang hangganan ng pananampalataya at gawain ay nagsasagawa ng paninimbang sa ibabaw ng bakod ng kanilang pananampalataya, nagsasapanganib araw-araw ng mga bunga ng pagkahulog sa maling dako. Sa isang banda, yaong mga pinaging ganap ang kanilang pananampalataya, gawa, at pagsamba ay namumuhay sa loob ng mga pinalawak na purok ng kaligtasang natatagpuan sa mga nakatataas na antas ng kabanalan.

Kaya't samantalang ang pamumuhay sa bingit ay naging kalakaran sa mga larangan ng sukdulang palaro at magugol na pananalapi, na pagkakamtan ng isang tao ng katanyagan o kayamanan sa panganib ng personal na kapinsalaan o pagkabangkarote, ang pamumuhay sa relihiyon sa bingit ay nagsasapanganib sa kaligtasan ng isang tao sa … bueno, saan ba talaga? Kaunting karagdagang minutong natipid sa pananalangin, kaunting karagdagang subo na natipid sa pag-aayuno, kaunting karagdagang salaping natipid sa kawanggawa? Kakatiting na (kakaunting) halaga para sa kaligtasan, maiisip ng isang tao, at katiyakang sapat na isakripisyo para sa kapakanan ng pinalawak na purok ng kaligtasaan at ginhawa. At ito ay hindi waring ang isang tao ay mangailangang isapanganib ang lahat ng ibang sangkap ng makamundong pamumuhay.

Sa kabaligtaran, ang mga Muslim ay nabubuhay sa mga kapansin-pansing malinis, tapat, malusog at kasiya-siyang pamumuhay. At bilang pagpupugay sa tagumpay ng pamantayang Islamiko, ang mga larangan ng pulitika, personal na pag-uugali, balangkas ng pamilya at lipunan, kabuhayan, batas na sibil at kriminal, at marami pang ibang disiplina ng makataong pamumuhay sa daigdig ng Islam ay nakapagtamasa ng ilan sa pinakadakilang tagal at tagumpay dahil sa mabubuting simulaing panrelihiyong kanilang pinagtatagan. Ang relihiyong Islam mismo ay isinasagawa ngayon katulad noong panahon ng propeta, si Muhammad, na sanhi upang ang Islam ang maging tanging relihiyong Abrahamikong isinasagawa ngayon sa kadalisayan ng orihinal. Kung sakali mang may rekord ng tagumpay na nagpapatotoo sa katotohanan, ito na nga iyon. Bukod dito, inihatid ng Allah ang pangakong palaging magkakaroon ng isang pangkat ng mga taong nasa katumpakan, sapagkat isinasalaysay ng mapaniniwalaang *hadith* na itinuro ni Muhammad, "Laging magkakaroon ng isang pangkat ng aking *ummah* (bansa) na hayagang nasa katotohanan hanggang sa Araw ng Paghuhukom."[15]

Sikapin nating maging kabilang nila.

---

[15] Bukhari (3441), Muslim (156), Abu Dawud (4252), Tirmidhi (2229)

## 2) Ang mga Haligi

Sa sandaling makapasok ang isang tao sa Islam, ang nagiging tanong ay, "Ano ang gagawin ko ngayon?" Ang maikling sagot ay, "Umuwi ka, maligo, at magsimulang magdasal."

Pagkapasok sa Islam, higit na makabubuting ang isang tao ay magsagawa ng isang ritwal ng pagpapadalisay, na binubuo ng pagpapaligo sa buong katawan sa tubig. Ang ritwal na ito ay karaniwang pansarili, at tulad ng pagbibinyag ay sumasagisag sa muling pagsilang sa isang pagiging bago ng kaluluwa. Itinuturo ng relihiyong Islam na kapag naging Muslim ang isang tao, lahat ng kanyang nangaunang mga kasalanan ay pinatatawad. Kung paanong ang kaluluwa ay nalilinis sa mga kasalanan sa pamamagitan ng wagas na katotohanan ng pagsaksi sa pananampalataya, ang katawan ay nalilinis nang masagisag sa kadalisayan ng tubig.

Ang mga gawaing pangkatawan (pisikal) na nagiging tungkulin ng isang nagkombersyon ay lima, ang una bilang pagsasagawa ng *shahada* (pagpapatotoo sa pananampalataya), sa paniniwalang kaakibat (kasama) ng *shahada*, ang isang tao ay ipinakakahulugang kumikilala sa mga panuntunan ng pananampalataya (paniniwala sa Allah, sa Kanyang mga anghel, sa ipinahayag na mga kasulatan, mga sugo, Kabilang-Buhay, at kapasyahang Makadiyos). Ang apat na kasunod na mga tungkulin ay binubuo ng pagdarasal nang limang ulit (sa itinakdang mga pagitan, at alinsunod sa mga kautusang Islamiko sa pagdarasal at pagpapadalisay), taunang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, taunang pagbabayad ng *zakat* (kaloob sa maralita), at pilgrimahe (banal na paglalakbay) sa Mecca sa panahon ng *Haj*, minsan sa buong buhay, kung may kakayahang pangkatawan at pananalapi. Ngayon, bilang pag-aalaala sa aral sa itaas, ang unang tanong ay hindi, "Bueno, okey, pero paano ko isasagawa ang gayong mga bagay?" Bagkus, ang unang tanong ay dapat, "Okey, mainam, pero pwede bang pakisabi mo muna kung saan mo nakuha ang gayong turo."

Sagot: Sa Qur'an at Sunnah. Tungkol sa mga simulain ng pananampalataya, kabilang sa TMQ 2:177 ang sumusunod: "… ang (tunay na) pagiging matuwid ay (nasa) isang naniniwala sa Allah, sa Huling Araw, mga anghel, sa Aklat, at sa mga propeta …" Tungkol sa limang haligi ng Islam, "… ang (tunay na) pagiging matuwid ay (nasa) isang …nagtatatag ng *salah* at nagkakaloob ng *zakah*…" (TMQ 2:177), "O kayong mga nanampalataya, ang pag-aayuno sa inyo ay itinalaga …" (TMQ 2:183-185), at "At tapusin ang haj at 'umrah para sa Allah." (TMQ 2:196) Sa maraming talata ng Banal na Qur'an, ang mga paniniwalang ito ay muling isinasaad, binibigyang-diin at / o nililinaw, maging magkakasama o hiwa-hiwalay, at ang kaisahan, pagiging makapangyarihan sa lahat at kapasyahang Makadiyos ng Allah ay binibigyang-diin nang paulit-ulit. Ang nasa itaas ay isa lamang munting patikim ng mga katuruang sumusuporta mula sa Qur'an. Mula sa Sunnah, natatagpuan natin ang nakilalang *hadith* na Gabriel, isinalaysay ni Umar (kasamahan ni Muhammad, at pangalawang Califa):

> <simula ng sipi>
> "Isang araw samantalang nangakaupo kaming kasama ng sugo ng Allah, may dumating sa harap namin na isang lalaking may labis sa kaputiang damit at labis sa kaitimang buhok. Walang mga tanda ng paglalakbay sa kanya at wala sa aming nakakilala sa kanya. Siya ay[lumapit at] naupo sa tabi ng Propeta. Itinukod niya ang kanyang mga tuhod sa mga tuhod ng Propeta at ipinatong ang kanyang

mga kamay sa kanyang mga hita. Anya, “O Muhammad, sabihin mo sa akin ang tungkol sa Islam.” Sinabi ng Sugo ng Allah, “Ang Islam ay magpatotoong walang marapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ang Sugo ng Allah, magtatag ng mga pagdarasal, magbayad ng *zakat*, mag-ayuno sa [buwan ng] Ramadhan, at magpilgrimahe sa Tahanan kung mayroon kang kakayahang gawin ito.” Sinabi niya, “Nagsabi ka ng totoo [o wasto].” Namangha kaming siya ay nagtatanong at pagkaraan ay sinasabi niyang nagsabi siya ng totoo. Anya, “Sabihin mo sa akin ang tungkol sa *Imaan* (pananampalataya).” Siya [ang Sugo ng Allah] ay tumugon, “Ito ay maniwala sa Allah, sa Kanyang mga anghel, Kanyang mga aklat, Kanyang mga sugo, sa Huling Araw at maniwala sa kapasyahang makadiyos, [kapwa] sa mabuti at masama roon.” Anya, “Sabihin mo sa akin ang tungkol sa *al-Ihsaan* (kamalayan tungkol sa diyos).” Siya [ang Propeta] ay tumugon, “Ito ay sumamba ka sa Allah nang hindi mo Siya nakikita, at kahit hindi mo Siya nakikita, [batid mong] ikaw ay nakikita Niya.” Anya, “Sabihin mo sa akin ang tungkol sa [pagdating ng] Huling Oras.” Siya [ang Propeta] ay tumugon, “ang tinatanong ay hindi nakaaalam ng higit sa nagtatanong.” Anya, “Sabihin mo sa akin ang tungkol sa mga palatandaan nito.” Siya ay tumugon, “Ang aliping babae ay magsisilang para sa kanyang panginoong babae, at makikita mo ang mga nakayapak, bahagyang nabibihisan. Mga maralitang pastol na nagpapaligsahan sa pagtatayo ng matatayog na mga gusali.” Pagkatapos ay lumisan siya. Nanatili ako nang matagal. Pagkaraan ay sinabi niya [Propeta], “O Umar, alam mo ba kung sino ang nagtanong?” Sinabi ko, “Ang Allah at ang Kanyang Sugo ang nakaaalam nang higit sa lahat.” Anya, “Iyon ay [ang anghel na] si Gabriel, na naparito upang ituro sa inyo ang inyong relihiyon.”[16]

<wakas ng sipi>

At,

<simula ng sipi>

Ang Islam ay itinayo sa lima (mga haligi): pagpapatotoong walang diyos maliban sa Allah at si Muhammad ay ang sugo ng Allah, pagtatatag ng mga pagdarasal, pagbabayad ng *zakat*, pagsasagawa ng pilgrimahe sa Tahanan, at pag-aayuno sa Ramadan.”[17]

<wakas ng sipi>

Kaya, pagkatatag ng kapangyarihan ng mga turo, makapagpapatuloy tayo.

Ang mga ritwal ng pagdarasal ay matatagalang matutuhan, at ang isang kombertido (nagkombersyon) ay mauunawaang pinaluluwagan ng Allah ang mga pagkukulang sa simula, hangga’t ang mga kombertido ay nagsisikap matuto at umunlad. Gayunpaman, ang dasal ay kinakailangang gawin sa kanilang takdang oras, at ang tungkulin ay nasa nagkombersyon upang matutuhan at maging ganap ang pagdarasal sa pinakamadaling pagkakataon, at alinsunod sa paraan at mga kondisyon ng pagdarasal ayon sa *Shari’a*.

Sa isang bahagi ng unang taon, daratnan ng isang bagong nag-Muslim ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, at ang panahon ng *haj* (pilgrimahe) sa Mecca, na sumusunod sa pag-aayuno ng Ramadan sa dalawang buwang *lunar* (Islamiko). Ang dalawang haliging ito ay nagpapakita ng pagkamakatwiran ng relihiyong Islam, sapagkat bagamat ang pag-aayuno sa unang pagkakataon ay maaaring maging isang napakabigat na karanasan sa ilan, ang bagong kombertido ay

---

[16] Muslim (8)
[17] Bukhari (8), Muslim (16)

magiginhawahang malamang ang di-kakayahang mag-ayuno ay maaaring pagbayaran. At sa bagay na iyan, ang ayuno ay hindi kinakailangan para roon sa hindi makapagsasagawa gaya ng dahil sa mahinang kalusugan o katandaan. Gayundin, ang *haj* ay isang tungkulin para roon sa mga Muslim na may kakayahan (kapwa pisikal at pinansyal), subalit yaong mga walang kakayahan ay pinaluluwagan hangga't ang mga pagkakataon ay pumipigil sa kanila. Gayunman, ang kahalagahan ng mga haliging ito ng relihiyon ay hindi dapat maliitin, at ang isang tao ay dapat lamang tumanggap ng pagluluwag kung sadyang hindi makakayanang magsagawa ng kinakailangang ritwal. Halimbawa, si Umar (kasamahan ni Muhammad at ang pangalawang Califa) ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng *haj* sa pagtuturong "ang Muslim na may kakayahang magsagawa ng *haj* ngunit hindi ito isinagawa, at pumanaw nang nasa gayong kalagayan, hayaan kung gayong pumanaw bilang isang Judio o isang Kristiyano.."[18]

Ang pagbabayad ng *zakat*, ang kaloob sa dukha, ay siyang panghuli sa limang haligi ng Islam na nakatakda sa nagkombersyon, sapagkat ang *zakat* ay binabayaran minsan sa isang taon. Marahil isa sa pinakamahirap maunawaan sa mga haligi ng paggawa, ang *zakat* ay hindi ikapu, sapagkat ang *zakat* ay hindi isang porsyento ng kita. May ilang taong kailangan ang kanilang buong kita upang mabuhay, at sa gayon, ay hindi makakayanang magbayad ng anuman. Ang *zakat*, kung gayon, ay hindi isang bahagdan ng kinita, manapa'y isang bahagdan ng *labis* na kayamanan, ibig sabihin na ang mga Muslim ay inuutusang magbayad ng isang maliit (alinman sa 2.5% o 5%, ayon sa kategorya) na kaloob sa mga dukha mula sa kayamanang taglay na binanggit sa itaas at lagpas sa mga pangangailangan sa loob ng isang taon. Kaya't kapag ang isang tao ay may isang milyong dolyar sa 11 buwan, ngunit nawalan nito sa ika-12, walang *zakat* na pagbabayaran. Gayundin, kung magsimula sa isang taon ang isang tao na may isang bahay, isang kotse, at isang sahod, maging malaki man ang sahod sa bagay na iyan, subalit walang naitabi nang may gayunding bahay, kotse at sahod, ngunit walang naipon nang higit sa mga pangangailangan nang nakaraang taon, walang *zakat* ang babayaran. Ang z*akat* ay ipinapataw lamang sa mga gayong elemento ng kayamanan (halimbawa: salapi, ginto, mga ani, mga panindang para ipagbili, hayupan, atbp.), na kalabisan sa mga pangangailangan ng isang tao, na tinatamasa ng isang tao sa loob ng isang buong taon. [19(EN)]

Ang tinalakay sa itaas ay nagbibigay ng pinakamaikling panimula lamang, sapagkat ang bawat isa sa limang haligi ng Islam ay matatalakay sa isang librong nakalaan para sa paksang ito, at sa katotohanan, ang lahat ay mayroon. Napakaraming ulit, sa bagay na iyan. At minsan pa, ang punto ng aklat na ito ay hindi upang duplikahin ang impormasyong mayroon na, bagkus magmungkahi ng pinakamabuting paraan kung paanong maipapaloob ng mga bagong lipat sa Islam ang mga kaugalian ng relihiyon sa kanilang mga buhay. Tungkol sa kasalukuyang paksa, ang pinakamadaling bagay ay maimungkahi ang isa o isang bilang ng mga aklat sa paksang mga haligi ng Islam, at pagkatapos ay tumungo sa susunod na paksa. Ngunit hindi gaanong mabilis. May isang kahirapan ditong madaling makita, at marapat malutas muna bago magpatuloy.

At ito ay mahalaga, kundi man pangunahin. Ang suliranin (isyu) ay ito: sa harap ng malinaw at payak na (simpleng) batayan ng Islam, sa pagiging ipinahayag na salita ng Allah sa Banal na Qur'an at sa halimbawa ng sugo (Muhammad) ayon sa nakatala sa Sunnah (*hadith*), ang isang tao ay maaaring umasa ng isang tiyak at may kapangyarihang sagot sa alinmang simple at tuwirang katanungan. At 80 hanggang 90% ng pagkakataon, ang gayong makatarungang pag-

---

[18] Bayhaqi (8444)

[19 (EN)] Sa usapang Islamiko, isang tiyak na halaga ng perang kayamanan ang labas sa *zakat*. Ang halagang labas sa *zakat* ay katumbas ng halaga sa pamilihan ng 85 gramo ng ginto o 595 gramo ng pilak, alinman ang mas mababa.Ang *zakat* ay ipinapataw sa perang kayamanang higit sa halagang ito, kapag tinaglay sa loob ng isang buong taon.

asam ay natutupad. Subalit hindi laging gayon. Ang 10 hanggang 20% ng mga isyu sa relihiyon ay hindi nagkakamit ng nagkakaisang pagkakasundo ng mga iskolar. Ngayon, natatagpuan ng ilan na ang kakulangan ng pagkakaisa ng mga iskolar ay nakababahala, subalit sa katotohanan, ito ay dapat kilalanin at igalang. Hayaan ninyong ipaliwanag ko.

## 2.a.) Ang Mga Pagkakaiba

Bilang isang bagong Muslim, pinag-isipan ko nang may kaunting pagkalito ang isyung ito ng di-pagkakasundo ng mga dalubhasa. Sa loob ng halos dalawang taon, pinagpunyagian ko ang suliraning ito hanggang isang araw ay nakatagpo ko ang isang kapatid na taga-Morocco sa mga lansangan ng Cambridge, Ingglatera, samantalang naglalakad patungo sa pagdarasal sa Biyernes ng konggregasyon (*Salat al-Jum'ah*). Kami ay nagawi sa pagtalakay sa puntong ito, kung saan itinuro niya sa akin ang isang gusali at nagsabi ng mga salitang may katuturang, "Nakikita mo ba ang gusaling ito? Bueno. Ako ay isang inhenyero ng pagbabalangkas. At masasabi ko sa iyong ang lahat ng mga gusali ay iginagawa ng planong magkaroon ng ilang antas ng kaluwagan. Kailangan ito, sapagkat ang lahat ng mga gusali ay dapat makayanang makaagapay sa hangin, sa mga pagyanig ng lindol, maging sa mga pagbabago ng temperatura. Kung ang isang gusali ay labis na matigas, ito ay magiging sirain, at ang pinakamaliit na kaunting ligalig ay hahantong sa mga pagkabiyak, pagkasira ng balangkas, at unti-unting pagguho. Ganito rin ang totoo sa relihiyon. Kailangang may kaluwagan sa isang relihiyon, at sa Islam ang kaluwagang iyan ay matatagpuan sa mga pagkakaiba ng mga iskolar."

Sa isang malaking antas, nakatulong sa akin ang kapatid na ito upang maunawaan ko ang karunungang makadiyos sa likod ng isyung ito. Unti-unti, natutuhan kong maunawaan ang maraming punto, ang una ay sa pagiging magkakasundo ng mga iskolar sa lahat ng mga mahahalagang isyu– doon lamang sa mga maliliit, mas mababang isyu ang mayroong di-pagkakasundo. Halimbawa, nagkakaisa ang mga iskolar sa pangangailangan sa limang araw-araw na pagdarasal at sa mga kondisyon ng pagdarasal, gaya ng kadalisayan ng tao, pook, at kasuutan, karamihan ng mga nakapaloob sa pagdarasal mismo at ang mga kondisyong nagbibigay-bisa at nagpapawalang-bisa sa pagdarasal, atbp. Datapwat, ang di-pagkakasundo ng mga iskolar ay sadyang umiiral sa maliliit, karagdagang isyu, gaya ng kung saan ilalagay ng mga Muslim ang kanilang mga kamay habang nakatindig sa pagdarasal, paano nilang ituturo ang kanilang daliri habang nakaupo, kung ang *Basmallah* (ang unang linya ng *Al-Fatiha*, pinakakaraniwang isinasalin sa kahulugang "Sa ngalan ng Allah, ang Puspos ng Awa, ang Maawain") ay dapat bigkasin nang tahimik o malakas, atbp. Ang mga pagkakaibang ito ay marapat tanggapin at pabayaan, sapagkat ang mga dakilang iskolar ng lumipas ay di-nagawang lutasin ang mga pagkakaibang ito, sa kabila ng isang antas ng kaalaman at karunungang dumaraig sa taglay ng mga iskolar sa kasalukuyan.

At samantalang totoong ang ilang isyu ay nakikinabang sa karagdagang pagsusuri, ang katotohanan sa bagay na ito ay ang pangyayaring ang pangunahing sigla ng *fiqh* sa kasalukuyan ay nakaturo sa mga kapasyahang pambatas sa mga bagong isyung hatid ng pagbabagong panlipunan, pampamahalaan at pang-agham. Ang mga pagtatangkang ituwid ang mga libong taon ng di-pagkakasundo ay kakaunti, at karaniwang napatutunayang walang resulta at bigo. Bukod dito, ang gayong mga pagsisikap ay karaniwang naghahati sa mga Muslim sa mga hiwalay na pangkat na salungat sa isa't isa tungkol sa mumunti at, sa malawakang pananaw sa mga bagay-bagay, di-gaanong mahalagang mga isyu. At ang isang bagay na di-kailangan ng mga Muslim ay dagdag na sanhi ng pagkakahati.

Isang kalungkut-lungkot na katotohanang ang mga Muslim ay kadalasang itinutuon nang higit ang kanilang pansin sa kakaunting maliliit na detalyeng kanilang pinagkakaibahan sa malawak na pundasyon ng relihiyong kanilang pinagkakasunduan – sa ibang salita, ang talagang mahahalagang isyu ng buhay at relihiyon. Nakaliligalig ang katotohanang noong mga panahong ang mga Muslim ay ginugutom, ginagahasa, pinahihirapan, at / o pinagpapapatay sa Palestina, Bosnia, Afghanistan, Chechnya, Kashmir, Burma, atbp., ang mga Muslim sa Amerika at

Ingglatera ay nagtatalu-talo kung dapat silang humilera sa pagdarasal sa dulo ng kanilang mga daliri sa paa, sa kanilang mga bukung-bukong, o sa kanilang mga sakong.

Marahil, ang pagtutuong ito sa mas maliliit na isyu ay bahagi lamang ng pagkamapili ng kalikasan ng tao, ngunit muli, marahil ay isa itong kasangkapan ng *Shaytan* (Satanas) upang abalahin ang mga Muslim mula sa mas maselang mga isyu ng kanilang buhay at relihiyon. Alinman ang totoo, ang bunga ay mapaminsala at, sa tapat na nagkombersyon, nakababagabag. Sa isang dako, niyayakap ng nagkombersyon ang Islam nang naghahanap ng isang daigdig ng kapayapaan ng kaluluwa sa pamamagitan ng katiyakan sa relihiyon. Sa kabilang dako, nakikita ng nagkombersyon ang mga Muslim na nagtatalu-talo, at kung minsan ay nag-aaway sa walang kabuluhang maliliit na pagkakaiba na pinakamabuting pabayaan na lamang, kaysa magdiwang ng pagiging iisa sa tunay na pananampalataya.

Sa harap ng lahat ng nasabing ito, ang isang tao ay mangyari pang nagpapalagay na may iisa lamang tamang sagot sa alinmang katanungan, at naghahangad na maituwid ang anumang mga pagkakaiba na *sadyang* mayroon. Kung minsan, ito ay maaaring mangyari, at kung minsan ay hindi, subalit sa 100% ng pagkakataon ay sadyang hindi ito kinakailangan, sapagkat ang mga batayan ng relihiyong Islam ay malinaw at pinagkaisahan ng *ijma* (pagkakasundo) ng mga iskolar na Sunni, at ang di-pagkakasundo sa mga maliliit na mababababang bagay ay madaling mapauumanhinan batay sa katuruang Islamiko na ang mga gawa ay hinahatulan ayon sa hangarin (iniuulat ng mapaniniwalaang *hadith* na itinuro ng propeta, "Ang mga gawa ay ayon sa hangarin, at ang bawat tao ay tatanggap ng kung ano ang kanyang hinangad." [20]), kaugnay ng sadyang walang halagang mga pagkakaibang yaon.

Ang punto ay ang katotohanang ang paraan ng paglutas sa mga suliraning Islamiko ay hindi laging nagbubunga ng katumpakan o kaisahan ng hatol, at ito ay nasa ayos lamang. Walang sinumang perpekto (walang kapintasan) at maging ang mga iskolar ay saklaw ng mga pagkakaiba ng palagay at maging ng kamalian kung minsan. Magagawa ang mga kamalian, subalit sa relihiyong Islam, ang mga kakayahan ng taong nagkamali ay pinapahalagahan. Ang mga kamaliang nagagawa ng mga iskolar ay nakatayong mapatawad ng Allah na Kataas-taasan, samantalang ang mga pagkakamali sa hatol na pambatas ng layko ay nakatayong maparusahan. Sapagkat ang tanong ay hindi nakasalalay lamang sa kung isang tiyak na hatol na pambatas ay tama o mali, kundi kinasasangkutan din ng kung ang *pamamaraan* ng pagbibigay-hatol ay tama. Ang mga iskolar ay pinapananagot ng kanilang biyaya ng karunungan na magpasya ayon sa kanilang antas ng kakayahan, at ang lahat ng iba pa ay may tungkuling tumalima. Ang layko, gayunman, ay maaaring sisihin kung sila ay magpasya nang di-angkop sa kanilang antas ng kasanayan at kaalaman. Ang mga Kanluranin, na karaniwang namihasang tutulan ang kapangyarihan sa bawat antas, ay makikitang nakababagabag o di-maginhawa ang ganitong pormula, subalit gayunpaman, iyan ang kaugaliang Islamiko tungkol sa karunungan.

Ang nasa itaas ay hindi nagpapakahulugang ang isang tao ay hindi maaari, o hindi dapat, itanong ang ebidensyang sumusuporta sa alinmang partikular na pasya ng isang iskolar. Hindi … ang gayong mga tanong ay karaniwang tinatanggap nang mabuti, hangga't nagtatanong ang estudyante sa paraan ng paghahanap ng kaalaman, at hindi sa isang pagtatangkang hamunin o pabulaanan ang iskolar -- ang gayong mapagtalong pag-uugali ay maaaring matanggap mula sa ibang may gayunding katayuang dalubhasa, subalit sa pangkalahatan ay itinuturing na di-angkop o di-magalang sa ganang isang estudyante. Kayat ang pagtatanong sa isang awtoridad ay tinatanggap kapag ginawa nang may kababaang-loob at mabuting asal sapagkat, gaya ng isinasaad sa itaas, ang mga gawa ay hinahatulan ayon sa mga hangarin.

---

[20] Bukhari (1), Muslim (1907)

Sa loob ng panahon at pag-aaral, karaniwang natututuhang kilalanin ng bagong Muslim ang di-pangkariwang mahihigpit na mga pamantayan ng may kakayahang pag-aaral na Islamiko, na nagpapatunay na nakasisirang-loob sa mga lumaki sa isang paaralang may nauugnay na malalambot na pamantayang akademiko ng Kanluraning pag-aaral. [21(EN)]

Sa sandaling mapagkilala ng isang lipat-pananampalataya (kombertido) o ng estudyante ng relihiyon ang malawak na pagkakaiba ng mga iskolar at ng layko sa Islam, ang pangangailangan sa pagtalaima sa mga nakahihigit na katangian ng mga iskolar ay nagiging malinaw. Bukod dito, ang kapayapaan, kaligtasan, at kagaanan ng pagtanggap sa gayong kaugalian ay hindi banyaga sa mga lumipat (nagkombersyon) sa relihiyon, na karamihan ay nagpupunyaging muling matuklasan ang pakiramdam ng kapayapaan na nauunang umagapay sa paglipat sa Islam. Ang kapayapaan ng pagkakaroon ng buhay at relihiyon ng katotohanan, ang pagiging ligtas ng pagtalima sa mga desisyon ng mga iskolar, at ang kagaanan ng pagpapatupad ng relihiyon batay sa may-kakayahang pag-aaral ay madaling maging malinaw sa lahat ng yumakap sa kapayakan (kasimplihan) ng gayong landas. Sa gayong layunin, ang mga iskolar ay pumapasan ng pananagutan sa kanilang mga pasya, ang mga estudyante at layko ay pumapasan sa pananagutan ng pagsunod sa mga turo ng mga iskolar, at ang bawat isa ay umuuwing maligaya, nasisiyahan, at panatag dahil sa pagiging wasto sa pamamaraan. Sa kabilang dako, yaong mga nahihilig sa pagtatangkang baguhin ang gulong ng *fiqh* ay karaniwang nakikita ang kanilang mga sariling bumibigay sa pagtatalo at di-pagkakasundo, na ang kapayapaan at kapanatagan sa wasto at pinakaligtas na daan ay nahahadlangan ng walang-saysay na pagsisikap na muling bigyang-kahulugan ang *fiqh* mula sa pundasyon ng pag-aaral na di-magulang at walang kakayahan.

Ngunit paano kung ang isang pagkakamali *ay* nagawa? Ang katanungang ito ay umuukilkil (paulit-ulit) sa mga puso at isip ng mananampalataya, sapagkat ang mga tunay na mananampa-lataya ay kadalasang nagpupunyagi sa mga isyung may mas maliit na kahalagahan dahil sa sigasig sa pagiging ganap sa pananampalataya at pagsamba. Subalit ang punto ay ito: kung ginagawa ng bawat isa ang dapat nilang gawin, walang sinumang sukat-sisihin. Ang Islam ay

[21] (EN) Para sa paliwanag sa mga katangian ng pagkaiskolar sa Islam. Tingnan ang

- *Principles of Islamic Jurisprudence (Mga Simulain ng Pagbabatas na Islamiko)*, ni Mohammad Hashim Kamali, Islamic Texts Society, pp. 374-379 (kabanatang pinamagatang: *Conditions [Shurut] of Ijtihad*) *(Mga Kondisyon ng Kataasan sa Kaalaman)*.
- *Studies in Usul Ul Fiqh (Mga Pag-aaral ng Batayan sa Kautusan)*, ni Iyad Hilal, (Islamic Cultural Workshop, P.O. Box 1932, Walnut, CA 91789, (909) 399-4708), Section 8.1 – *Qualifications for Performing Ijtihad* (*Mga Katangian ng Pagsasagawa ng Mataas na Kaalaman)* , pp 103-105.

Ang dalawang aklat sa itaas ay nagpapakahulugan sa mga katangian ng isang *mujtahid* (isang iskolar sa Islam na may kakayahang humango ng *fiqh*). Upang maunawaan ang mga kasalimuutan ng talaan ng mga katangiang tinatalakay, ang mambabasa ay patuloy pang pinasasangguni sa:

- *An Introduction to the Sciences of the Qur'aan*, ni Abu Ammaar Yasir Qadhi, Al-Hidaayah Publishing.
- *Studies in Hadith Methodology and Literature*, ni Muhammad Mustafa Azami, American Trust Publications.
- *Hadith Literature: Its Origins, Development and Special Features*, ni Muhammad Zubayr Siddiqi, Islamic Texts Society.

Paunawa: Ang mambabasa ay di-kailangang pag-aralang malalim ang mga aklat sa itaas, kundi kahit man lamang saliksikin ang mga nilalaman hanggang sa puntong magsimulang maglakbay ang isip, lumalangoy sa pag-ikot ng mga kasalimuutan, sapagkat sa puntong ito dapat manaig ang kapakumbabaan, kasama ng inaasam na bunga ng panlalamig ng pagkahilig sa personal na paghatol sa mga bagay ng *fiqh*, kalakip ng pagkilala sa pambihirang talino niyaong mga indibidwal na nakapagkamit ng katayuan ng *mujtahid.*

nagtuturong itinatalaga ng Allah sa isang iskolar ang gantimpala ng isang mabuting gawa para sa pagssisikap sa kanyang sarili na makarating sa isang kapasyahan, at ang gantimpala sa isa pang mabuting gawa para sa pagiging wasto. Samakatwid, ang mga iskolar ay ginagantimpalaan ng dalawang mabuting gawa kapag wasto sa isang kapasyahan, at isang mabuting gawa kapag hindi wasto, dahil lamang sa pagtupad sa kanilang pananagutang panindigan ang kaalamang ipinagkatiwala sa kanila. Ang layko ay may naiibang antas ng pananagutan, at nagagantimpalaan sa pagtupad ng kanilang tungkuling tumalima sa mga iskolar. Bilang ganti, ang layko ay hindi pinapananagot sa pagsunod sa mga di-malinaw na kamalian sa panig ng mga iskolar, sapagkat ang layko ay hindi inaasahang magkaroon ng mga kasangkapang pang-iskolar upang higit na matuto. Kaya't kung isinasaalang-alang ng mga iskolar ang *fiqh* ayon sa kanilang mga kakayahan (nang walang pagpapabaya sa kanilang mga tungkulin at walang pagtapak sa mga hangganan ng kanilang karunungan), at kung ang layko ay tumatalima sa *fiqh* na inilatag ng mga iginagalang na iskolar (pagsunod sa palagay niyaong mga iskolar na kinikilala nilang pinakamaalam at pinakamapagtitiwalaan, at hindi kumukutya sa pamamaraan ng paghanap ng opinyong hangad nila, saanman nila matagpuan ito), ang bawat isa kung gayon ay malalagay sa tamang proseso, walang sukat-masisisi, at lahat ay magiging panatag, maligaya, at payapa kapwa sa kanilang pamilya sa pananampalataya at sa Allah.

Kaya't bakit hindi ito nagkakagayon?

Sa simpleng dahilang may gayong labis na sigasig sa relihiyon, di-pagkakasundo at di-pagpapaubaya pagdating sa mga pagkakaiba sa *fiqh*. Ang pagiging mahigpit at di-mapaubaya ay maaaring maging mabuti pagdating sa mga isyu ng *aqeeda* (paniniwala), na nagpapahintulot ng maliit o walang puwang para sa pagkakaiba, subalit ang mga pagkakaiba sa pag-aaral ng *fiqh* ay kinilala, pinabayaan, at iginalang simula pa ng panahon ng mga sinaunang iskolar. Yaong mga tunay na Muslim na hindi iginalang ang mga pagkakaibang ito ay nasa matarik na pakikipaglaban sa pagdagsa ng mahigit sa sanlibong taon ng mapayapang pagkakasundo sa pag-aaral, sa kabila ng mga pagkakaiba sa *fiqh* na tumututol sa kalutasan. Ang gayong mga Muslim ay karaniwang mapaghadlang, maingay, di-magpapaubaya, mahigpit at di-mapagkasundo, at kadalasang natatagpuan sa gitna ng kahit anong pagtatalo, nagpapahayag ng pinakamalalakas na kuru-kuro sa pinakamataas na tinig, pinakakaunting karunungan at pinakamababang asal. Sa kasamaang-palad, sila ay napakapalasak (karaniwan) sa mga Amerika, Ingglatera, at Kanlurang Europa upang makapagpadamang sila ay naroroon sa halos bawat moske sa daigdig na Kanluranin. Ang gayong mga tao ay dapat pag-ingatan, payuhan, at kung kinakailangan, iwasan. Kung minsan ay nananahimik sila at lumalamig sa paglipas ng panahon, kung minsan ay hindi. Iyon ay isang mabigat na labang madalas ay nakasisira ng loob at kadalasang ikinatatalo. Subalit marahil ang gayong mga tao ay makikinig sa pinakamabuting payo, sapagkat sa Banal na Qur'an, ang matuwid na alipin, si Luqman, ay nakatalang nagpayo sa kanyang anak na lalaki nang ganito,

<simula ng sipi>
"O aking anak, itatag mo ang pagdarasal,
sundin ang tama, ang mali'y iwasan,
at maging matiisin sa anumang sa iyo'y dumatal;
tunay, [lahat ng] mga bagay [na nangangailangan] ng paninindigan.
At huwag mong ibaling ang iyong pisngi [nang pakutya] sa mga tao,
at huwag kang lumakad nang nagmamagaling sa mundo.
Tunay, ayaw ng Allah sa bawat isang dinaraya ang sarili at nagmamayabang.
At maging mahinahon sa iyong hakbang, at ang iyong tinig ay babaan lamang;
tunay, sa lahat ng tinig na hindi mainam,
ang ingay ng mga asno ang nangingibabaw." (TMQ 31:17-19)
<wakas ng sipi>

Bukod dito, ang isa sa mga pagpupunyagi ng lumipat-pananampalataya (kombertido) ay ang magpanatili ng kapayapaang panloob, na maaaring maging mahirap kapag ang mga nagsasalungatang kuru-kuro ng mga iskolar ay umaabala sa pag-aaral ng mga pamantayan ng pananampalataya at gawain. Gayunman, magmumungkahi ako ng payo na ang Islam ay ang relihiyon ng kalagitnaang daan, at kapag ang isang tao ay naghahanap nang may katapatan, ang gitnang daang iyan ay halos laging matatagpuan. Ang gitnang daan ay isang landas ng katamtaman, na pinag-imbentuhan ng mga naunang henerasyon ng turong, “katamtaman sa lahat ng bagay.” Bilang kaugnay ng pagsasagawa ng Islam, ang isang higit na mabuting kawikaang Kanluranin ay maaaring mahirap matagpuan. Sakaling ang mga bagong Muslim ay sikaping mamuhay sa tuwid, gitnang daan ng Islam, basta papayuhan ko lamang silang hanapin ang tahimik, di-mausisang mga Muslim na waring nagsasagawa ng kanilang relihiyon nang may mabining pag-iwas sa mga maiingay, magugulong miyembro ng pamayanang Muslim. Ang isang tao ay di-makalalayong nagkakamali sa pag-aalaala sa mga pambungad na salita ng *Desiderata (Mga Pangunahing Pangangailangan)*:

<simula ng sipi>
“Humayo kang mapayapa sa gitna ng ingay at pagmamadalian,
at alalahanin ang kapayapaang maaaring nasa katahimikan.
Hanggang sa pinakamalayo, nang di-sumusuko,
sa lahat ng tao ay makipagkasundo.
Bigkasin ang iyong katotohanan nang tahimik at malinaw;
at ang iba ay pakinggan, maging ang mapurol at mangmang;
Mayroon din silang kanilang salaysay.
Iwasan ang mga maiingay at mapupusok na tao;
Sila ay mga nakayayamot sa espiritu…”
<wakas ng sipi>

Sa kabilang dako, inaalagaan at pinapag-iinit ng mga iskolar ang espiritu. Sila ay matatagpuan sa mga sentro ng kaalaman, mabubuting asal, at mabuting kalooban. Ang kapayapaan at kapanatagan ay matatagpuan sa kanilang samahan at mga turo.

## 2.b.) Mga Iskolar, at *Fiqh* (Batas na Islamiko)

Ayon sa tinalakay sa itaas, lahat ng mga grupong nag-aangkin ng bandila ng Islam, maging wasto, lihis, o kahit buung-buong nasa labas ng Islam, ay nagpapahayag ng pagsunod sa Qur'an at *Sunnah*, ayon sa interpretasyon ng 'mga iskolar' (o '*ulema*' sa Arabik). Ang '*ulema*' ay tila gayong kahanga-hanga at makapangyarihan na ang isang tao ay maaaring madaling matukso ng komentaryong, "Ang *ulema* ng Islam ay nagtuturong …" o "Ang *ulema* ng Islam ay nagsasabing…" Subalit sino itong maiilap na '*ulema*' na inaangking sinusunod ng bawat isa? Lubhang kapansin-pansin, ang iba't ibang grupo ay pawang may iba't ibang palagay sa kung aling kalipunan ng mga iskolar o huwad na mga iskolar ang bumubuo ng kanilang konsepto *NG 'ulema*.' Paano, kung gayon, malalaman ng isang lumipat sa relihiyon kung sino ang mga tunay na iskolar, at magkakaroon ng kamalayan sa mga isyung kanilang ipnagkakaiba?

Bilang pasimula, kailangang maunawaan ng isang tao na ang mga pagkakaiba ng mga dalubhasa tungkol sa mga nakabababang elemento ng *fiqh* na Islamiko ay dapat igalang at pabayaan. Sa kabilang dako, ang mga isyung nakapagkamit na ng *ijma* (pagkakasundo) ng mga iskolar ay dapat tanggapin at *hindi* pagtalunan. Kaya, maaaring may puwang para sa magalang na pagsisiyasat, *sa kalipunan ng mga estudyante ng kaalaman at mga iskolar,* sa mga isyung nakapagkamit na ng *ijma* ng mga iskolar, maging sa kalipunan ng mga Imam ng apat na *Madhhab* (paaralan ng kaisipang pambatas) [22 (EN)] o sa pangkat ng mga iginagalang na iskolar ng mga huling panahon sa kasaysayang Islamiko. Dagdag ditto, yaong mga nagtatalo sa mga isyu ng *fiqh* nang walang sapat na kaalaman o pagsasanay ay dapat tahasang iwasan, sapagkat ito ang saklaw ng mga may-kakayahang iskolar, at mga may-kakayahang iskolar lamang.. Iniuulat ng TMQ 4:83,

> <simula ng sipi>
> "At kapag sumapit sa kanila ang isang bagay (alalaong baga, isang kaalaman)
> tungkol sa [pangmadlang] kaligtasan o katatakutan, ito ay kanilang ipinaaalam.
> Subalit kapag sa Sugo ito ay ibinalik nila,
> o sa mga nasa kapangyarihan sa kanila,
> yaong [maaaring] makapagbigay ng tamang pasya mula roon
> ay makaaalam tungkol sa bagay na iyon.
> At kundi lamang sa buti at awa ng Allah sa inyo,
> maaaring kay Satanas ay nakasunod kayo, liban sa iilan lamang sa inyo."
> <wakas ng sipi>

Kaya't bilang pasimula, dapat tumigil ang mga Muslim sa pagsasapanganib ng kanilang kaligtasan sa mga opinyon ng mga di-kwalipikadong Muslim na ang kawalang-gabay ay makakahawig niyong sa *Shaytan* (Satanas). Pangalawa, dapat silang maglubay sa pag-aaway sa mga maliliit, karagdagang isyung hindi napagkasunduan sa loob ng 1,400 taon ng may-bisang pag-aaral, at hindi lubhang mahalaga sa alinmang pagkakataon. Halimbawa, ang mga isyu ng *aqeeda* (paniniwala) ay higit na malaki ang kahalagahan kaysa kung saan ilalagay ng mga tao ang kanilang mga paa at kamay habang nagdarasal. Gayundin, ang mga Muslim ay dapat huminto sa paghamon sa mga isyu, kapwa malalaki at maliliit, na pinagkasunduang nagkakaisa ng 1,400 taon ng pag-aaral, sapagkat maliban kung ang isang tao ay may katayuang pang-iskolar na

---

[22 (EN)] Karamihan ng mga Muslim sa mundo ay sumusunod sa isa sa apat na *Madhhab* (Ang mga ito ay kilala bilang ang mga *Madhhab* na Shafi, Hanafi, Hanbali, at Maliki, na ipinangalan sa mga Imam na ang mga interpretasyon ng mga ebidensyang Islamiko ay bumuo ng pundasyon ng bawat isang *Madhhab*).

makalalaban sa mga dakilang iskolar ng nakalipas, ang mga isyung ito ay napagpasyahan at patay na.

Susunod, dapat kilalanin ng mga Muslim na may mga aspetong makatwiran sa paglapit sa kaalamang Islamiko. Ang bagong kombertido ay nangangailangang madala sa tamang landas hangga't maaga, paginhawahin doon pagkatapos, at pinakamahalaga, hindi mailayo sa relihiyon ng walang-patid at mapilit na di-pagkakasundo. Ang labis na pagmamaneho sa relihiyon ay isang pangkaraniwang sintomas para sa bagong kombertido, hatid ng kalituhan sa pagharap sa maramihang malalakas at magkakasalungat na mga pananaw. Ang marahas na paglipat mula sa isang kasukdulan ng kaisipan tungo sa iba pa, na kadalasang tumatawid sa tuwid at gitnang daan ng pagkakatamtaman na may mga malalawak, walang-habas na paglikong walang kontrol at karamihang walang patutunguhan, ay nakatatakot at nakalilito, at hindi lamang sa nagkombersyon. Samantalang ang mga bagong lipat-pananampalataya ay maaaring makaranas ng pagkalito at di-kapanatagan mula sa kabiguang makakita ng maginhawa at tiyakang paggabay, yaong malalapit sa kanila, alalaong-baga, mga nagmamalasakit na kaibigan at kapamilyang inaasahan ng bagong Muslim na maabot na may *dawa* (pag-aanyaya) sa Islam, ay maaaring magkaroon ng negatibong dating sa pagkakasaksi ng magugulo at walang-katiyakang pag-indayog ng isip at gawaing karaniwan sa Kanluraning nagkombersyon. Ang bagong Muslim ay maaaring unti-unting makahawak sa relihiyon at mapalumanay ang mga indayog, subalit marami ang hindi at ang ilan, sa pagkapagod sa kabiguang makapagmaneho nang tuwid, kumbaga, ay lumilisan sa Islam nang buo.

Ang *Aqeeda* ay karaniwang hindi siyang pangunahing isyu ng kalituhan para sa bagong kombertido, sapagkat ang katumpakan ng *aqeeda* ang siyang karaniwang dahilan sa paglipat-relihiyon sa mula't mula pa. Karamihan ng mga bagong kombertido ay pumapasok sa Islam bilang bunga ng pagkakatuklas sa simpleng mga turo ng Qur'an sa *aqeeda* at *tawheed* upang mapantayan ang kanilang katutubong balangkas ng paniniwala. Sa bandang huli lamang nagiging isang bahagi ng pag-aaral kung minsan ang pagkakaiba sa *aqeeda*, gaya ng tinatalakay sa ibaba.

Ang mga pagkakaiba sa *fiqh*, gayunman, *ay siyang* pangunahing isyu ng kalituhan. Ang bagong Muslim ay kadalasang may karanasang magdasal sa unang pagkakataon at mapagsabihang humilera sa pamamagitan ng mga daliri ng paa, ilagay mo ang mga kamay mo nang ganito, gawin mo ang gayo't ganito sa iyong daliri habang nakaupo, maupo nang gayo't ganito, atbp. Sa susunod na araw, ilang may malasakit na kapatid ang maaaring maobserbahan ang bagong kombertido at mapilitang magsabing humilera sa pamamagitan ng mga sakong o bukung-bukong, ilagay ang mga kamay sa ibang lugar, igalaw-galaw ang daliri sa halip ng ituro, atbp. Pagkaraan ng ilang ligid ng mga may mabuting hangaring kapatid na pinatatalbog ang bagong lipat-relihiyon sa iba't ibang pader ng maliliit ngunit magkakasalungat na *fiqh*, ang ilang nagkombersyon ay nagsasawa at sumusuko, na iniiwan ang mga may-mabuting hangarin ngunit nakalilitong kapatid na nagtataka kung ano ang nagawa nilang mali, gayong sa katotohanan ay nilito lamang nila ang nagkombersyon palabas ng moske nang may sobrang bigat ng salu-salungat na impormasyon.

Kaya't ano ang pinakaligtas at pinakamabuting landas upang matuto at magsagawa ng kanilang relihiyong Islam? Ang tugon sa tanong na iyan ay magkakaiba mula sa iba't ibang 'iskolar', subalit salamat at nag-uukol lamang ng kakaunting posibilidad. Bilang pasimula, maraming iskolar at imam ang nagagawi sa pagrekomenda ng mas maraming makabagong libro ng pagbabatas na Islamiko, tulad ng *Fiqh us-Sunnah*, ni Sayyid Saabiq, mga maliliit na sulatin nina Nasr Ad-Deen Al-Albaani at iba pa, at sariling pag-aaral at mga koleksyon ng *hadith* at *tafseer* (kapaliwanagan). Ang iba ay nagtuturo sa bagong Muslim na tumungo sa pamantayang mga libro

ng isa sa apat na *Madhhab*. Ang *Manual of Islam* at *Reliance of the Traveler* ni *Al-Nawawi*, kapwa isinalin ni Nuh Ha Mim Keller, ang pinakamabuting salin ng pamantayang aklat ng *fiqh* na Shafi sa wikang Inggles na kilala ng awtor na *ito*, bagamat kapwa nila taglay ang kulang-palad na bahid ng matibay na katapatan sa Sufismo at *aqeeda* ng Ashari ng nagsalin .

Nasasabi ito, ang lahat ng mga aklat sa itaas ay may kani-kanyang mga tagapagtaguyod at tagasalungat, at bawat indibidwal ay kailangan lamang siyasatin ang iba't ibang mga palagay upang mapagpasyahan kung alin ang susundin. Sa simula, ibig sabihin. Hindi kataka-taka, maraming sa simula ay tumatahak sa isang landas ng pag-aaral ang unti-unting nahahatak tungo sa isa pa. Ang prosesong ito ay hindi naman talagang masama, sapagkat pinakamabuting makapipili ang mga tao ng kanilang direkyon matapos timbangin ang lahat ng mapagpipilian. Ipinapalagay ko, gayunpaman, na karamihan ng pangunang kawalang-desisyon at pag-aatubili sa pagitan ng mga paaralan ng kaisipan ay nagbubunga mula sa di-pagkaunawa sa mga gampanin ng mga *Madhhab* at ng kinikilala, sa kasalukuyan, na kilusang *Salafi*. Maraming nag-aakalang ang dalawang pag-iral na ito ay magkasalungat sa isa't isa, at sa panlabas ay magmumukha itong totoo. Datapwat, kapag nasiyasat, karaniwang napagkikilala ng mga Muslim na ang dalawang paaralang ito ng kaisipan, sa katotohanan, ay magkarugtong, sapagkat ang mga *Madhhab* ay nabuo sa simula bilang mga paaralan ng *fiqh,* samantalang ang kilusang *Salafi* ay isang pagpapabago (reporma) ng Islam. Ang mga reporma ng kilusang *Salafi* ay pangunahing nakatuon sa pagtutuwid niyaong mga kamaliang napalago sa pagsira sa bansang Muslim (*ummah)* sa pangkalahatan at sa sistemang *Madhhab* sa katiyakan, na ang mga isyu ay:

- Mga kamalian sa *aqeeda*, na naging pampalagian sa mga *Madhhab* sa pamamagitan ng nakapanghihinayang na pagtanggap sa mga *aqeeda* ng Ashari at Maturidi;
- Ang kaugaliang Sufismo, na hindi lamang naging panatiko at sukdulan, kundi gayunding tila di-makatkat sa pagkakadikit sa mga *Madhhab* kasunod ng panahon ni Abu Haamid Muhammad al-Ghazali (1058-1111 *C.E.*);
- Ang kaugnay na hindi pagsang-ayon ng mga iskolar ng *Madhhab* na baguhin ang *fiqh* ng kanilang *Madhhab* nang iharap sa salungat na ebidensyang *hadith*, sa kabila ng utos sa relihiyong gawin ito kapag nakatatagpo ng may-bisang ebidensya ng *hadith* ;[23 (EN)]

---

[23] (EN) Ang apat na *Madhhab* ay nag-aangkin ng isang matibay na balangkas na may tadhana para sa maunlad na pagbabago sa *fiqh* sa harap ng bagong kaalaman. Datapwat, ang gayong mga pagbabago ay may madalang na ebidensya at ang isang tao ay mahirap makakita ng mga pagbabago sa kalakarang *fiqh* ng *Madhhab* sa harap ng pinagtatalunan ng marami na talagang pangwakas na ebidensya. Ang sumusunod na mga pahayag ng mga imam ng apat na *Madhhab* ay nauukol:

- Abu Hanifah – "Kapag mapaniniwalaan ang Hadith, iyan kung gayon ang aking *Madhhab*" (Ibn Abidin, *Al Hashiyah,* p. 1/63) at "Kapag nagpahayag ako nang salungat sa nasa aklat ng Allah, o salungat sa pahayag ng Kanyang Sugo, iwanan na ninyo kung gayon ang aking pahayag." (Al-Fulani, *I'qath Al Himam*, p. 50)
- Malik – "Isa lamang akong tao; nagkakamali ako at may pagkakataong ako'y tama. Kaya't tingnan ninyo ang aking mga palagay; ang bawat bagay na sumasang-ayon sa aklat at sa Sunnah ay tanggapin ninyo kung gayon, at bawat bagay na di-sang-ayon sa mga iyon, iwan ninyo iyon kung gayon." (Ibn Abd Al Barr, *Al Jami*, p. 2/32)
- Shafi – "Kapag mapaniniwalaan ang Hadith, kung gayon ay iyon ang aking *Madhhab*" (Al-Nawawi, *Al Majmu*, p. 1/136); "Bawat isyung may isang mapaniniwalaang pahayag na isinalaysay mula sa Sugo ng Allah at iyon ay salungat sa aking sinabi, samakatwid, ibinabalik ko ang aking pahayag sa tanang buhay ko at pagkatapos niyon" (Abu Na'eem, *Al Hilyah*, p. 9/107); at "Bawat hadith mula sa Propeta, kunin ninyo kung gayon bilang aking opinyon, kahit hindi ninyo iyon narinig mula sa akin" (Ibn Abi

- *Taqleed*, o bulag na pagsunod, sa panig ng mga tagasunod ng *Madhhab;*
- At ang pagpasok ng mga di-relihiyonsong kaugalian (kabilang yaong mga ibinalik mula sa panahon ng kamangmangan) sa mga kaugalian ng relihiyong Islam

Ang kilusang *Salafi* ay hindi, at hindi kailanman naging, bilang pangunahin na isang kilusan sa *fiqh*, at ang mga *Madhhab* ay talagang wala kundi gayon. Kaya, sa katotohanan, ang dalawang paaralang ito ay nagtataguyod at nagdurugtong sa isa't isa. Binubuo ng *fiqh* ng mga *Madhhab* ang pundasyong sa kalakhan ay pinagbabatayan ng makabagong pananaliksik sa *fiqh*, samantalang kinikilala at itinutuwid ng kaisipang *Salafi*, na sa loob ng mga dantaon, ay palihim na gumapang sa mga paniniwala at kaugalian ng karamihan sa mga Muslim, na karamihan sa kanila ay sumunod sa isa sa apat na *Madhhab*. Gayong kakompleto at pandaigdigan ang pagpasok ng Sufismo at alinman sa *aqeeda* ng Ashari o Maturidi sa daigdig ng *Madhhab* na, sa tamang panahon, naituring ang mga ito bilang nakapaloob sa mga *Madhhab*. Ang gayon ay hindi naglalarawan ng kaisipan sa panahon ng mga pinagmulan, at ang daigdig ng Muslim ay may ipagpapasalamat sa mga *Salafi* sa pagkilala at pagpapahayag ng gayong katotohanan.

Pagkasabi nito, madaling mauunawaan ng isang tao kung bakit ang kilusang *Salafi* at ang mga *Madhhab* ay madalas na itinuturing na salungat sa isa't isa. Sapagkat bagamat sa katotohanan ay hindi gayon, sa kaugalian, ang mga tagasunod ng iba't ibang paaralang ito ay kadalasang nabibigong paghiwalayin ang mga isyu. Napakaraming di-nakaaalam na mga *Salafi* ang tumatanggi bilang reaksyon sa *fiqh* ng mga *Madhhab*, naghahagis sa sanggol na kasama ang tubig na pampaligo, kumbaga, sapagkat hindi nila pinapagkakaiba ang kahalagahan ng *fiqh* ng mga *Madhhab* at at ang mga paglihis sa paniniwala at kaugaliang naugnay sa mga *Madhhab* sa paglakad ng panahon. Itinuturing na mali ng ibang mga *Salafi* ang mga pagkakaiba sa *fiqh* bilang pangunahing isyu, samantalang sa katotohanan ay ang nakatala sa itaas ang mga pangunahing isyu. Sa kabilang panig ng pagiging magkatulad, ang mga tagsunod ng *Madhhab* ay madalas na tumatanaw sa mga Salafi nang may galit sapagkat ang kaisipang *Salafi* ay hunahamon sa *aqeeda* at Sufismo, na itinuring nilang napapaloob sa kanilang partikular na *Madhhab*. Ang kanilang galit na ito, mangyari pa, ay tunay, at sa mga isyung ito ay sadyang nangangailangan ang isang taong kumuha ng panig – pabor o laban sa Sufismo, pabor o laban sa *aqeeda* ng Ashari o Maturidi, atbp. Kilalanin natin, gayunman, na hindi ang *fiqh* ng mga *Madhhab* ang hinahamon nang gayon na kagaya ng mga kamalian sa *aqeeda*, paglihis tungo sa Sufismo, di-pag-unlad sa *fiqh*, bulag na pagtalima ng mga tagasunod, at pagtanggap sa mga kaugaliang di-Islamiko.

Ang huling bunga ay, karaniwang inihahanay ng mga timbang na Muslim na yaon ang kanilang sarili sa gitnang landas sa pagitan ng mga kasukdulan, hinahanap ang mabuti sa loob ng dalawang grupo, na sa palagay ng awtor na ito ay nangangahulugan ng pagkilala sa pagiging pinakamabuti ng *fiqh* ng mga *Madhhab* sa isang dako, at sa katangian ng mga reporma ng Salafi sa kabila.

Ang kuru-kurong ito ay hindi walang pangunguna, sapagkat ang lahat ng mga iskolar na muling nagsabuhay ng kaisipang Salafi (kabilang sina Shaykh al-Islam Ibn Taymeeyah, Ibn Qayyim al-Jawzeeyah, at Muhammad ibn Abdul-Wahhaab), ay nagsimula ng kanilang mga pag-aaral bilang

---

Hatim, *Adab Al Shafi*, pp. 93-94); "May pagkakasundo sa mga Muslim, na sinumang pinakitaan ng Sunnah ng Propeta ay pinagbabawalang iwan iyon kapalit ng sinabi ninuman, maging sinuman ang taong iyon" (Al Fulani, *I'qath Al Himam*, p. 68).

- Ahmad ibn Hanbal – "Huwag ninyo akong bulag na sundin, ni si Malik, ni si Shafi, ni si Al-Awzafii, ni si Al-Thawri. Sa halip, kunin ninyo ang kanilang pinagkunan" (Al Fulani, *Iqath Al Himam*, p. 113).

mga tagasunod ng isa sa mga kinaugaliang *Madhhab*, itinaguyod ang landas na ito ng pag-aaral, at hindi kailanman nagpabagsak ng alinman sa mga
paaralang ito ng *fiqh*. Sa halip, sinikap nilang maibalik ang mga *Madhhab*, subalit kasabay na mareporma ang paraang susundin ang mga ito. Bukod dito, wala isa man sa mga iskolar na ito ang kailanman ay nag-angking itinatag ang isang bagong paaralan ng *fiqh*, sa kabila ng katotohanang, sa harap ng kanilang katanyagan at tagumpay sa pag-aaral, walang alinlangang maaari nilang maisip na ang gayon ay naaangkop. At, sa katotohanan, sa bawat bahagi ng kasaysayan sa loob ng nakalipas na mga milenyo (libu-libong taon), ang magkakatulad na mas nakararaming mga Muslim, layko at mga iskolar (kabilang ang mga iskolar na *Salafi),* ay sumunod sa isa sa apat na tradisyonal na *Madhhab*.

Sa harap ng nasa itaas, at kung isasaalang-alang na ang karamihan ng mga Muslim ay napagkaisa sa pamamaraan ng pagsunod sa *fiqh* ng mga *Madhhab* sa mahigit sa sanlibong taon, ang isang tao ay maaaring hangaring maalaala ang *hadith* na nagtatala ng itinuro ni Muhammad, "Ang aking *ummah* (bansa) ay hindi kailanman magkakaisa sa isang kamalian."[24]

Itinuturing ng ilang iskolar (karaniwang yaong nasa mga *Madhhab*) ang pagsunod sa isang *Madhhab* na obligado sa layko, samantalang ang iba (karaniwang yaong sa kilusang *Salafi*) ay hindi. Alinmang opinyon ang tanggapin ng isang tao, makabubuting pansining halos lahat ng mga iskolar, na walang pagsasaalang-alang ng paaralan, ay kumikilala at nagpaparangal sa pangingibabaw ng *fiqh* ng apat na *Madhhab*.

Kahawig nito, ang mga kahalagahan ng kilusang *Salafi* ay marami, at sadyang malinaw. Bilang pasimula, kung ang landas ng *Salafi* ay ipapakahulugang landas ng pagtulad sa mga nangaunang matutuwid at pinakamabubuti sa *ummah* (bansang) ito ng Islam, ibig sabihin, ang mga kasamahan ni Muhammad (o ang *salaf*, na pinagkunan ng pangalan ng kilusan), hindi ba kung gayon dapat maghangad ang lahat ng mga Muslim ng ganitong tagumpay? Hindi ba dahil doon hahangarin ng Muslim na maging tulad ng *salaf*? Pangalawa, kung ang kilusang *Salafi* ay ipinapakahulugang isang kilusan para ituwid ang mga paglihis na nakatala sa itaas, hindi ba maghahangad ang lahat ng mga Muslim sa pagsapi? Ang suliranin, kung gayon, kaugnay ng *fiqh*, ay walang pinagkasunduang pangkat ng mga katuruang binigyang-kahulugan bilang *fiqh* ng kilusang *Salafi*. Sa halip, maraming mga aklat at sulatin, may ilang kasing-ikli ng mga polyeto, may ibang nasa makakapal na tomo (kalipunan) (gaya ng mga turo at mga *fatwa* ni Shaykh al-Islam Ibn Taymeeyah), na nagdaragdag sa kabuuan ng panitikan ng *fiqh*. At dahil sa marami sa mga aklat at sulating ito ay naisalin sa wikang Inggles, ang mga ito ay madaling matatagpuan, may sukat na makatwiran, at labis na kapaki-pakinabang. Para pagtalunang pinapalitan ng mga aklat na ito ang *fiqh* ng apat na *Madhhab*, gayunman, ay isang maselang katayuan, at siyang sanhi ng malaking salungatan at pagkakahiwalay ng mga nagtatalu-talo sa mga isyung yaon.

Ang mga pangkat kapwa ng *Madhhab* at *Salafi*, kung gayon, ay may malaking pagkamapakinabang sa sandaling ang mga lakas at hangganan ng mga ito ay mapagkilala. Mangyari pa, may mga nasa bingit ng mga kasukdulang nagtatakwil nang tahasan sa alinmang paaralan ng kaisipan maliban sa taglay nila sa sarili, ngunit hinahanap ng nakararaming makatamtamang Muslim ang gitnang landas sa pagitan ng mga hangganan ng mga kasukdulang ito, at kinikilala ang kabutihan kapwa ng *fiqh* ng mga *Madhhab* at ng mga reporma ng kilusang *Salafi*. At ganitong-ganito ang ginawa ng maraming iskolar na *Salafi*, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga turo ng *Salafi* tungkol sa *aqeeda* at pagpapakadalisay ng kaluluwa (na katumbas ng pagtanggi sa mga hinangong turo ng mga paaralang Ashari at Maturidi, kaugnay ng *aqeeda*, at

[24] Tirmidhi (2167), Ibn Majah (3950), Ahmad (17060)

ng Sufismo, tungkol sa pangkaluluwang kalinisan, sang-ayon sa mga malilinaw na turo ng Qur'an, *Sunnah,* at unang tatlong henerasyon ng mga banal na Muslim), at isang tiyak na *Madhhab* tungkol sa *fiqh* (subalit nananatiling nasa isip ang utos na magtalaga ng pangunahing pansin sa mga ebidensyang Islamiko kaysa mga turo ng alinmang tiyak na *Maddhab*, kapag ang dalawa ay magkasalungat, at sa ganitong paraan ay maiwasan ang kamalian ng bulag na pagsunod).

Pagbalik sa paksa ng mga aklat ng *fiqh*, ang *Fiqh as-Sunnah*, ni Sayyid Saabiq, ay malaganap na iginagalang (lalo na sa Ehipto) at isang madalas na pasimula para sa maraming bagong kombertido. Ang *Fiqh as-Sunnah*, gayunman, ay hindi nakasalin sa Inggles sa kabuuan nito, at maraming hindi nasisiyahan dito dahil sa kakulangan ng detalye. Maliban sa puntong ito, pinag-aalinlangan ng ilan ang mga kakayahan ng awtor, at ito ay isang puntong mapagtatalunan.

Tulad ng nabanggit sa itaas, ang tanging mga pamantayang aklat ng alinman sa mga *Madhhab*, hanggang ngayon, upang maisama ang impormasyong sapat na mauunawaan sa kahusayan ng salin ay yaong kay Nuh Ha Mim Keller (*Manual of Islam* at *Reliance of the Traveler* ni *Al-Nawawi*). At kahit sumailalim si Nuh Keller sa sapat na pagpuna dahil sa kanyang mga kaugnayan sa Sufismo at pagpapalaganap ng *aqeeda* ng Ashari, gayundin sa ilang mga komentaryo ng ginagawa niya sa mga aklat ng kanyang salin, ang mga aklat niya ay laganap na iginagalang dahil sa katumpakan ng pagkakasalin. Isang kapalaran iyon, sa ang mga pansariling komentaryo ni Keller ay ipinahihiwatig ng isang maliit na 'n' sa pasimula ng bawat komentaryo, sapagkat mahalagang makita ng mambabasa ang kaibahan ng salin, na iginagalang na mabuti, mula sa personal na mga komentaryo ni Keller, na hindi gayon. Ang pagpuna niya kay Shaykh al-Islam Ibn Taymeeyah, isang halimbawa, ay maaasahan sa harap ng katotohanang si Ibn Taymeeyah ay kalaban mismong mga paaralan ng *aqeeda* at Sufismo na sinusunod ni Keller. Ang mga puna ni Keller tungkol sa Sufismo at *aqeeda* ay mahuhulaan nang magkatulad at naglalarawan ng kanyang pagkiling sa mga paksang ito.

Ang pagtatalong pabor at kontra sa mga *Madhhab*, *Salafi* laban sa *aqeeda* na Ashari o Maturidi, kay Sayyid Saabiq, Nuh Keller, at maging pabor o kontra sa pamamaraan ng pagtangkang muling hanguin ang *fiqh* sa pamamagitan ng personal na pagsusuri ng Qur'an at *hadith* (isang disiplinang kinikilala ng mga iskolar sa pagiging sakop ng mga iskolar, at tanging mga iskolar lamang) ay marami at madaling matatagpuan sa mga tindahan ng aklat na Islamiko at sa Internet. Sa kapakinabangan ng mambabasa, babanggitin ko lamang na ang isa sa pinakamabuting sulatin tungkol sa mga *Madhhab* ay ang maikling artikulo, *Understanding The Four Madhhabs*, ni Abdal Hakim Murad (alyas Abdal Hakim Winter, alyas T. J. Winter), isang napakabatikang awtor, bagamat mismong isang kontrobersyal na tao sa sarili niyang katangian. Ang artikulong ito ay madali ring matatagpuan sa mga tindahan ng mga aklat na Islaminko at sa Internet.

# 3) Ang Kaugalian

Sa sandaling yumakap sa Islam ang mga kombertido sa pamamagitan ng pagpapahayag ng *shahada*, ang mga haligi ng Islam ay nagiging tungkulin nila, gaya ng tinalakay sa itaas. Ang pag-aaral at pagsasakatuparan ng mga haliging ito ay nagiging pangunahing bato kung saan nakasalalay ang relihiyon ng isang tao, at pinadadali ng pagpili at pagsunod sa isa sa mga iginagalang na paaralan ng *fiqh* ng Islam na Sunni.[25 (EN)] Sakaling magawi ang isang tao sa mga *Madhhab*, ang pangkalahatang turo ay huwag isaalang-alang ang alinmang *Madhhab* na mas mabuti kaysa iba, bagkus ituring ang lahat ng apat na *Madhhab* na may magkakatumbas na kahusayan, at iukol ang sarili sa mga turo ng alinmang *Madhhab* na pinakamadaling matagpuan. Sa karamihan ng mga Muslim sa Amerika at Inglatera, ang *Madhhab* na Shafi ay napatutunayang pinakamadaling matutuhan, sa simpleng dahilang ang mga aklat ng ibang *Madhhab* ay hindi naisalin sa wikang Inggles nang may katulad na antas ng pagiging pinakamahusay. [26]

Ang mga librong ipinalaganap sa pamamagitan ng mga lipunang '*Salafi*,' o 'Qur'an at *Sunnah*' ay may malaking kahalagahan sa pangkalahatan, sapagkat ang mga ito ay kadalasang may nilalamang mahalaga, naaangkop na sukat, at may-kakayahang pag-aaral. Ang maraming iba, gayunman, ay kumakatawan sa mas mababang pag-aaral at nagpapakilala ng mga palagay ng awtor nang higit sa pagkauna ng *ulema*. Kaya't ang isang tao ay marapat magtiwala sa gabay ng Allah at sa mga mungkahi ng mga iginagalang na kapatid sa pananampalataya, samantalang kasabay na nananatiling mapili at mapagpuna.

Sa kabilang dako, minamabuti ng maraming bagong lipat sa Islam ang sumunod sa mga turo ng alinmang *imam* o iskolar na pinakamalapit, karaniwang nangangahulugang ang *imam* ng lokal na moske. Batay sa mga indibidwal na nasasangkot, ito ay maaari o hindi maging isang matagumpay na pormula, sapagkat karamihan sa mga *imam* sa Kanluran ay kapos sa mga kwalipikasyon sa pag-aaral, mahigit sa kaunti ay tiwali (masama), at marami ang nakapagliligaw, sinadya man o dahil sa kamangmangan. Makabubuting itanim sa isip ito ng bagong Muslim at tumangan nang mahigpit sa mga turo ng tradisyonal at iginagalang na mga iskolar na ang talaan ng kahusayan ay nauna sa kanila.

Ang isang masakit na karaniwang kamalian ay ang magtiwala sa palagay ng alinman at ng lahat ng "etnikong' (katutubong) Muslim, ibig sabihin ay yaong isinilang sa Islam. Ito ay maaaring makabigla sa mga bagong nagkombersyon, subalit ang mga 'etnikong' Muslim sa Kanluran ay kadalasang siyang *pinakamasamang* mga kinatawan ng Islam. Sa katunayan, ang mga Muslin na ito ang madalas magbigay sa Islam ng isang masamang pangalan, at sa halip na makatulong sa mga bagong Muslim, ginagawang nakalilito o mahirap ang buhay sa kanilang bagong relihiyon. Ito, mangyari pa, ay hindi totoo sa lahat ng pagkakataon, subalit ito ay nakakatagpo ng sapat na kadalasan upang mangailangan ng pagbanggit.

Maaaring may maraming dahilan kung bakit ang mga 'etnikong' Muslim ay bigong maging pinakamabubuting halimbawa, subalit hindi pinakamababa ang katotohanang marami sa mga Muslim na ito ay dumarating sa Kanluran para sa isang layunin, at ang layuning iyan kadalasan ay kahit ano maliban sa relihiyon. Sa tahasang pagsasabi, maraming 'ehnikong' Muslim ay nagsasagawa ng *hijra* (pandarayuhan) mula sa lupain ng mga Muslim tungo sa lupain ng mga walang pananampalataya sa paghahanap ng *dunia* (ang mga materyal na bagay sa mundong ito).

---

[25 (EN)] Nang hindi bulag na sumusunod, at hindi humahantong sa sukdulan.

[26] Tingnan ang kababanggit na mga aklat ng *fiqh* na Shafi, sa pagkakasalin ni Nuh Ha Mim Keller.

May mga Muslim na nagtalaga ng unang pahalaga (prayoridad) sa *dunia* kaysa relihiyon, na ipinagkakasundo ang isa sa ikalawa, kung kaya't hindi sila maaasahang maging pinakamabubuting mga kinatawan ng Islam. Katunayan, maraming lumisan sa relihiyong Islam nang iniwan nila ang mga baybayin ng kanilang mga bansa, iyan ay, kung sila ay naging mga Muslim na gumaganap, sa simula pa lamang. At marami ang hindi. Upang maging patas, gayunman, may ilang taong nakatatagpo ng gayong kahirapang nakakaganyak na magbalik sa relihiyon, at may ilang porsyento ng mga ito ang sa katunayan ay nagiging higit na mabubuting Muslim kaysa roon sa kanilang mga iniwan sa mga sariling bayan. At muli pa, maraming mabubuting Muslim ang nagsilikas sa Amerika, Inglatera o Europa upang matakasan ang pag-uusig sa kanilang mga sariling bayan, sa dahilan lamang na sila ang mga pinakamabubuti at pinakanagsasagawang Muslim sa isang bayang nagmalupit sa mga praktikal na Muslim. Kaya't ang paghahalo ng mga 'etnikong' Muslim ay tunay na isang makulay na pagsasamut-samot ng mga katauhang relihiyoso, na nakahanay mula sa ilan sa pinakamasasama hanggang sa ilan sa pinakamabubuti.

Ang bagong nagkombersyon ay sadyang hindi dapat umasang lahat sila ay maging mga santo o mga anghel. Isang maliit na bahagi lamang na minorya ang malapit doon.

Gayundin, ang bagong lipat ay dapat asahan ang isang tiyak na antas ng kahirapan sa pagpasok sa Islam. Madalas na mapansin ng mga bagong lipat na tila sila nagdanas ng mga pagsubok sa pananampalataya nang lumipat sa Islam, at kadalasang ang mga pagsubok na ito ay waring nagsasangkot sa anumang binigyan ng kombertido ng paunang pahalaga sa buhay bago ang Islam. Maging isang bagay sa kalusugan, kayamanan, mga asawa, mga anak, o anupaman, ang bagong nagkombersyon ay makaaasang mabigyan ng pagsubok, sapagkat ang hirap ay pagsubok sa katapatan. Ang ilan ay pumapasa, ang ilan ay nabibigo, at sa katapusan ang mga pagsubok na ito ay nagagawi sa pagbukod ng mga di-tapat mula sa malusog na pangkat ng tunay at tapat na mga mananampalataya.

Ang magandang balita ay hindi nagdurusa ang mananampalataya sa daan ng Allah subalit ang Allah ay magbibigay ng ganti para rito, dito man sa daigdig o sa kabila, at maraming ulit ng halaga ng anumang itinakwil para sa Kanyang ikalulugod. Kaya't kung pinayuhan ni Muhammad yaong nagsilipat-pananampalataya noong kanyang kapanahunan, ang nagkombersyon sa kasalukuyan ay dapat ding mapagpayuhang umasa at maghanda sa hirap sapagkat, gaya ng isinalaysay ni Muhammad, "Sinumang naisin ng Allah para sa kabutihan, sila ay kanyang susubukan." [27] Kasunod ng gayong mga pagsubok at tiisin, makatitiyak ang Muslim ng pagtanggap ng kabayaran sa pananatiling matiisin at matatag sa katotohanan, sapagkat itinuro rin ni Muhammad,

> <simula ng sipi>
> "Walang anumang nagpapahirap sa mananampalataya, maging ang tinik na tumutusok sa kanya, na hindi isinusulat ng Allah para sa kanya, nang dahil doon, ang isang mabuting gawa at pinapawi sa kanya ang isang masamang gawa."[28]
> <wakas ng sipi>

at

> < simula ng sipi >

[27] Bukhari (5321), Malik (1684), Ahmad (7234)
[28] Bukhari (5317), Muslim (2572)

"Walang nagpapahirap sa mananampalataya mula sa lumbay o lungkot o pagod, maging mula sa isang alalahaning bumabalisa sa kanya, na hindi ipinagpapatawad ng Allah, dahil diyan, ang ilan sa kanyang mga kasalanan. "[29]
< wakas ng sipi >

At waring hindi pa ito sapat, ang relihiyon ay nagtuturong ang mga mabubuting gawa ay ginagantihan sa timbangan ng sampu hanggang 700 ulit ng halaga ng mabuting gawa, ayon sa kapasyahan ng Allah ang Kataas-taasan, ayon sa *hadith*,

< simula ng sipi >
"…sinumang naghangad ng isang mabuting gawa at hindi niya ginawa ito, isinusulat ito ng Allah sa Kanyang Sarili bilang isang buong mabuting gawa, subalit kapag hinangad niya ito at ito ay kanyang ginawa, isinusulat ito ng Allah sa Kanyang Sarili bilang sampung mabubuting gawa hanggang 700 ulit, o higit pang maraming ulit." [30 (EN), 31]
< wakas ng sipi >

Hindi ito nangangahulugan, gayunman,33333333 na ang Muslim ay dapat humanap ng mga pagsubok at tiisin, o gawing mahirap ang buhay para sa sarili. Walang monastisismo (buhay-ermitanyo, sa labas ng makamundong buhay) sa Islam, at ang mga Muslim ay hinihikayat na gawing magaan ang kanilang buhay para sa sarili. Sa kabutihang-palad, ang pinakamababang mga tungkuling panrelihiyon ay madaling isakatuparan. Kung sakaling inaakala ng mga Muslim sa kanilang sarili na hindi matutupad ang isa o higit pa sa mga haligi ng Islam, ito ay karaniwang nagbabadya ng kabiguang kilalanin ang isang kaluwagang naaangkop, kaysa sa di-kaluwagan sa relihiyon. Ang Islam ay sadyang hindi gayong kahigpit at di-maipagkakasundo. Halimbawa, kapag kinakailangan, maaaring magdasal ang isang tao nang nakaupo, o maging nakahiga kung kailangan. Ang taong hindi makapag-ayuno sa Ramadan ay makababawi sa mga nalaktawang araw pagkatapos, o maaaring makapagbayad sa pamamagitan ng pagpapakain sa maralita. Ang lalaki o babaeng walang pisikal na kakayahang magsagawa ng *haj* ay maaaring umupa ng isang makapagsasagawa nito para sa kanila. Kaya't ang mga Muslim na nag-aakala sa sariling hindi magagampanan ang isa o higit pang haligi ng Islam ay karaniwang bigong maunawaan ang mga kaluwagan sa kaugaliang Islamiko na makasasaklaw sa lahat ng mga pangyayari sa kalagayang pantao.

Ito ay isang mahalagang punto, sapagkat maraming bagong Muslim ang nagtatangkang ipatupad ang Islam sa kanilang mga buhay nang labis na higpit, may mga pagkakataong may gayong sigasig at kahigpitang sukat makapagdala ng mahuhulaang resultang makalalabis sa kanila at makatataboy sa iba. Tatlong salita – huwag gawin iyan. Ang Sugo ng Allah, si Muhammad, ay nagturo, "Tunay, ang relihiyong ito ay may kagaanan, at walang mahigpit sa sarili sa *deen* (relihiyon) maliban sa ito ay mangingibabaw sa kanya. Kaya't gawin ang mga tamang hakbang, lumapit, at magkaroon ng mga magagandang balita, at humanap ng tulong sa pananalangin sa umaga at gabi, gayundin sa kaunting pananalangin sa gabi." [32] Bukod dito, inihatid ni

---

[29] Tirmidhi (966)

[30] (EN) Para sa ikabubuo, gayundin upang ilarawan ang Awa at Katarungan ng Allah na Kataas-taasan, nagpapatuloy ang *hadith*, "Subalit kung hinangad niya ang isang masamang gawa at hindi ginawa ito, isinusulat ito ng Allah sa Kanyang Sarili bilang isang buong mabuting gawa, ngunit kung hinangad niya ito at ito ay kanyang ginawa, isinusulat ito ng Allah bilang isang masamang gawa."

[31] Bukhari (6126), Muslim (206)

[32] Bukhari (31)

Muhammad (inuulit ang turo nang tatlong ulit bilang diin), "Tunay, ang mga nasa kasukdulan ay winawasak."[33]

Nangangailangan ang bagong Muslim, kung gayon, na ipatupad ang Islam nang buo ngunit banayad, at magpakahinay sa mga kaugaliang mas mababa ng Islam. Kung magmumungkahi ako ng ilang praktikal na dapat at di-dapat, ito ang mga yaon:

- Iwasan ang mga kasukdulan. Ibuhos ang pag-aaral ng mga batayan ng relihiyon, at tumuon sa pag-aaral ng tanggap, mapagpipiliang mga paraan ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay kapag kinakailangan. Pag-aralan ang mga pagluluwag at ang mga kondisyon sa pagkakamit ng mga ito [34] sapagkat, gaya ng nasasaad sa itaas, ang kaluwagan ng Islam ay isang biyaya. At huwag maging mahigpit at di-maluluwagan, sa iyo mang sarili o sa iba, sapagkat kung ikaw ay gayon, malao't madali ay may masisira. Sa ganang ating mga sarili, nagbabala si Muhammad sa mga Muslim na, "Tumahak sa isang katamtamang landas, sapagkat sinumang magtangkang pabigatang labis ang kanyang sarili sa relihiyon ay mabibigo."[35] Isa pang salaysay ang nag-uulat, "Ang relihiyong ito ay madali, at sinumang magtangkang pabigatang labis ang kanyang sarili sa relihiyon ay mabibigo. Maging katamtaman at sikaping maging ganap ang inyong gawa hanggang makakaya …."[36] Tungkol sa ating pakikitungo sa iba, maging si Muhammad ay pinayuhan ng Allah nang ganito,

  "Bahagi ng Awa ng Allah na pakitunguhan
  ninyo sila sa paraang malumanay.
  Kung kayo ay maging mahigpit o matigas ang puso,
  sa inyong paligid, sila ay lalayo:
  kaya't palampasin ninyo (ang mga kapintasan nila),
  at hingin (sa Allah) ang patawad para sa kanila;
  at sa mga (kasalukuyang) kapakanan ay sangguniin sila."
  (TMQ – Abdullah Yusuf Ali – 3:159)
- Hanapin ang gitnang daan sa lahat ng bagay. Ang Islam ay relihiyon ng gitnang daan. Kapag hinanap, maging ang marahas, tila hindi maipagkakasundong mga utos ay mauunawaang siyang gitnang daan sa pagitan ng mga mas masasamang kasukdulan.
- Ugaliin ang kayumian at kababaang-loob, at pag-aralan ang *adab* (mga kabutihang-asal) ng Islam sa pinakamaagang pagkakataon – hindi lamang para sa iyong kapakanan, kundi para rin sa kapakanan ng pamilya, mga kaibigan at kamanggagawa. Maaaring mapalagpas ng mga kapatid sa Islam ang mga unang kamalian sa relihiyon at mga mabuting asal, subalit ang mga kaibigan at kapamilya ay malamang na hindi. Maaaring matyagan ka nila mula sa unang araw, at ang pinakamabuting impresyon ay maipapahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga pinakamabubuting asal. Pagbibigay-diin sa kahalagahan ng puntong ito, ipinahayag ni Muhammad, "Ipinadala ako upang gawin lamang ganap ang mga kabutihang-asal."[37]

---

[33] Muslim (2670)
[34] Tingnan ang *Reliance of the Traveler*, ni Nuh Ha Mim Keller, Amana Publications, mga bahaging c6.2-6.5 at w.14.
[35] Ahmad (4/422)
[36] Bukhari (39), An-Nisa'ee (8/121)
[37] Ahmad (8939), Bukhari in *Al-Adab Al-Mufrad* (273), Malik (1609).

- Sa pinakamababa bilang pasimula, huwag makipagtalo. Ang mga bagong nagkombersyon ay karaniwang walang kasangkapan sa karunungan para sa debateng panrelihiyon, at makapaglilingkod nang pinakamabuti sa kapakanan ng Islam sa pamamagitan ng di-pagsasalita tungkol doon, bagkus sa pamamagitan ng pagpapamigay sa ilan sa mismong mga libro, kasulatan o *tape* na unang pumukaw sa kanilang mga puso at isip. Sa labas niyan, maging matiisin, magpakita ng isang mabuting halimbawa, at ilahad ang Islam sa pinakamabuting paraan.
- Manatiling malapit sa moske at sa pamayanang Islamiko. Ang lakas at mga pananaw mula sa mga kapatid sa pananampalataya ay maaaring maging di-mahahalagahan at mapagtaguyod. Sa kabilang dako, ang mga walang pananampalataya sa mga kaibigan at kapamilya ay kadalasang nagtatangkang ibalik ang isang tao mula sa Islam, at maaaring makapagpahina sa paninindigan ng isang tao. Huwag ipagkasundo ang iyong relihiyon kaninuman, sapagkat ang paggawa nito ay magsisilbing *kufr* (kawalang-pananampalataya).
- Kapag pinanghihinaan sa *emaan* (pananampalataya), tulad ng maraming kombertido kung minsan, laging magbalik sa *shahada* at itanong sa iyong sarili kung naniniwala kang walang ibang marapat sambahin maliban sa Allah, na si Muhammad ay Kanyang huling sugo. Kung gayon, umasa sa iyong pananampalataya, sapagkat ang Allah ay sapat na para sa mga nananampalataya, at sa Kanya ay nagtitiwala ang lahat ng mga nananampalataya.
- Banayad mong ipanatag ang iyong sarili sa mga dagdag na kaugalian sa Islam, gaya ng mga pagdarasal na *sunnah* at pag-aayuno. Ang mga karagdagang gawaing ito ng pagsamba ay nagkakanlong sa isang mananampalataya mula sa kawalang-pananampalataya, sapagkat ang bawat isa ay nakararanas ng mga pagtaas-baba sa *emaan*, at kapag nangyayari ang pagbaba, yaong mga nagsasagawa ng mga karagdagang pagdarasal at pag-aayuno ay matatagpuan ang kanilang mga sariling naiwawala ang isa o higit pang mga kusang-loob na pagdarasal o pag-aayuno, subalit *inshallah* ay hindi sila mawawalan ng mga obligadong gawain sa pagsamba. Sa kabilang dako, yaong mga nagsasagawa ng pinakamababa lamang ay walang maiwawala kundi ang mga obligado, at kung sakaling gawin nila ito sa isang sandali ng kahinaan, ay ipinagkakasundo ang mga obligadong gawain sa pagsamba. Gaya ng sabi ng isang guro, "Kung iwawala ninyo ang *sunnah* (mga karagdagang gawain ng pagsamba), unti-unti ninyong maiwawala ang *fard* (mga obligadong gawain)." Manatili sa nakararaming Muslim na *Sunni*, kilala rin bilang *Ahlus-Sunnah wal Jamah* (o ang pangkat ng mga taong nasa *Sunnah*). Gaya ng nabanggit sa itaas, inihatid ni Muhammad ang turo na, "Magkakaroon lagi ng isang pangkat ng aking *ummah* (bansa) na bukas sa katotohanan hanggang sa Araw ng Paghuhukom."[38] At sino ang *ummah* na nasa katotohanan? Nang tinanong nito, isang mahabang talaan ng ilan sa mga pinakadakilang iskolar ng Islam (na kinabibilangan nina Imam Ahmad, Imam Bukhari, Ali Ibn Al-Madeeni, Yahya Ibn Ma'een [ang pinakadakilang iskolar tungkol sa paghahanay ng mga tagasalaysay ng *hadith*] , Ibn Al-Mubarak, Sufyan At-Thauri, at marami pang iba) ang tumugong ang *ummah* na nasa katotohanan ay tumukoy sa mga tagasunod ng *hadith*. Sa ibang salita, yaong nasa *Ahlus-Sunnah wal Jamah*. Isang sumusuportang *hadith* ay yaong nagtatalang itinuro ni Muhammad, "Tunay, sinuman sa inyong nabubuhay [nang mahaba] ay makakakita ng dakilang pagtatalo, kaya't manatili kayo sa

[38] Bukhari (3441), Muslim (156), Abu Dawud (4252), Tirmidhi (2229)

aking *sunnah* [39 (EN)] at sa *sunnah* ng may Tamang Gabay [Rashid [40 (EN)]] na mga Califa – kumapit sa kanila nang mahigpit. Mag-ingat sa mga bagong imbentong bagay, sapagkat bawat inimbentong bagay ay isang pagpapabago at ang bawat pagpapabago ay isang pagkaligaw." [41]

- Pag-aralang basahin ang Qur'an sa Arabik. Kahit kulang sa pag-unawa ng Arabik, ang simpleng pagdalit (pagbigkas) ng Qur'an ay maaaring pagmulan ng ginhawa, kapayapaan, at kasiyahan.
- Mag-aral ng Arabik. Kung paanong ang Qur'an at *Hadith* ang pintuan ng Islam, Arabik ang pintuan ng pagkilala at pag-unawa sa Qur'an at *Hadith*.
- Tuklasin ang mundo ng Muslim, kung maaari. Kung magkakaroon ng pagkakataon, taimtim na saliksikin ang pagkakataong makapagsagawa ng *hijra* (pandarayuhan) sa isa sa mga lupain ng mga Muslim. Subalit, ang gayong pandarayuhan ay hindi dapat ituring nang gayun-gayon lamang, sapagkat maraming Kanluraning kombertido ang matinding nasiraan ng loob sa mga kakulangan ng buhay at relihiyon sa mga bansang Muslim. Maingat na isaalang-alang ang hakbang na ito, at magsimula sa mga pagdalaw sa lugar, kung maaari. At tandaang kung paanong ang mga katutubong Muslim ay malayo sa pagiging mga santo, ang mga lupaing Muslim ay madalas ding malayo sa pagiging Islamiko. Gayunman, ang mga ito ay mga lupain ng ating mga kapatid sa pananampalataya, at ang kabayaran sa paninirahan sa piling nila at pakikibahagi sa kanilang lipunan ay karaniwang nakakabawi sa mga kahirapan. At sa ano't anuman, ang buhay bilang isang Muslim, kabilang ang *hijra*, ay hindi kailanman ipinakahulugang walang pagsubok.
- Sikaping makakita ng isang paraang makapaglingkod sa Allah nang pinakamabuti. Ang pamumuhay bilang isang Muslim nang walang hangarin o layunin sa labas ng pagsasagawa ng limang pagdarasal at pag-aayuno sa Ramadan ay maaaring maging isang mababaw at nakasisirang-loob na larangan ng buhay. Maraming Muslim ang nagsasakit sa higit na dakilang tagumpay, at kapag natagpuan na nila ang kanilang kalalagyan sa loob ng relihiyon ay nagsisimulang maranasan ang tunay na kayamanan ng pananampalataya. Ang isang tao ay maaaring mag-aral, ang isa pa ay maaaring mag-anyaya sa Islam, ang isa pa ay maaaring sumapi sa mga programang panlabas o maghandog ng panahon sa pamayanan. Anuman ang mapili ng isang tao upang gawin, alamin mong ang isang handog sa Allah ay nadadala ng kapwa madalian at panghinaharap na mga gantimpala, at iyan ay maaaring maging tunay na sementong nagpapaganap at nagpapatibay sa pananampalataya ng isang tao,

---

39 (EN) Ibig sabihin, ang mga salita, gawa, ipinakahulugang pahintulot, at kaanyuan ng Propeta ayon sa inihatid sa *hadith*.

40 (EN) Ito ang titulo ng unang apat na Califa ng Islam ( Abu Bakr, Umar, Uthman at Ali).

41 Tirmidhi (2676)

## 4) *Ihsaan* (Kamalayan sa Diyos)

Mula sa *hadith* na Gabriel, na binanggit sa Kabanata 2 sa itaas, napapag-alaman natin ang mga kahulugan ng *Islam*, *Emaan*, at *Ihsaan*. Yaong mga nakabasa ng *NaDiyos'grasya* at *NaDiyos'kubre* ay maaaring napansing ang kabuuang balangkas ng mga librong ito ay ibinatay sa anim na kumakatawan sa pananampalatayang Islam, sa pakahulugan ng *hadith* na ito (paniniwala sa Allah, sa mga anghel, mga aklat ng rebelasyon, Kanyang mga sugo, Araw ng Paghuhukom, at Tadhanang Makadiyos). Ang balangkas na ito ay sinadya, sapagkat ang pagwawakas sa *hadith* na Gabriel ay isinugo ang anghel ng rebelasyon, si Gabriel, upang ituro ang mga maselang elemento ng relihiyong Islam. Ano ang higit na mabuting batayan pa, kung gayon, kaysa sumunod sa turo ng relihiyon?

Ang Islam ay tinalakay sa *NaDiyos'Grasya* at *NaDiyos'kubre*, at ang mga sangkap ng *Emaan*, bilang mga haligi ng pananampalataya ay binigyan ng komentaryo sa Kabanata 2 ng kasalukuyang aklat na ito. Iyan ay nag-iiwan sa pagtalakay ng *Ihsaan* upang makumpleto ang mga turo ng *hadith* na Gabriel.

Ang *Ihsaan*, ayon sa nasabing *hadith*, ay, "… sambahin mo ang Allah na waring Siya ay nakikita mo, at kahit hindi mo Siya nakikita ay [nalalaman mong] nakikita ka Niya." Ang *Ihsaan* ay kamalayan sa Diyos, sa lahat ng bagay at sa lahat ng pagkakataon. Ang pagiging ganap ng *Ihsaan* ay humahantong sa kaganapan ng relihiyon at pagsamba sapagkat ang tao ng *Ihsaan* ay matinding nakaaalam na ang bawat kaisipan, salita at gawa niya ay nababatid ng Allah, at nakatitik. Kaya't hindi ipagkakasundo kailanman ng tao ng *Ihsaan* ang mga tungkulin ng relihiyon, sapagkat kahit nag-iisa kung isasaalang-alang ang ibang mga tao, ang tao ng *Ihsaan* ay nakaaalam kapwa sa pagtatala ng mga anghel at ang pagkamaalam sa lahat ng Allah.

Kaya't paaanong pinalalago at pinagiging ganap ng mga tao ang kanilang *Ihsaan*? Ang kamalayan sa Diyos ay tumutubo sa katiyakan ng pananampalataya, na mismong sumusunod sa pag-aral ng relihiyong katambal ng karanasang pangkatawan at pangkaluluwa. At dito nagiging mapanlinlang ang mga bagay.

Ang halaga ng pag-aaral sa relihiyon ay malinaw; ang makamundong karanasan sa pagsasabuhay ng relihiyon, maaasahan. Subalit ang karanasang pangkaluluwa? Ito ang kung saan ay napapaliko ang maraming mga Muslim. Na naghahatid sa atin sa isang talakayan sa Sufismo.

# 5) Sufismo

Ang Sufismo ay maaaring maging isang nakalilitong isyu sa isang bagong nagkombersyon. Karaniwang nagsisiyasat ang mga bago sa Islam ng maraming grupo, na ang mga Sufi ang isa sa mas madaling maibigan at makaakit, sa isang bahagi ay dahil sa kanilang mataas na pagkamagiliwin, mainit at mapag-anyayang personalidad, ngunit nangunguna ang dahil sa kanilang mapagpaubayang kaluwagan sa pagsasakatuparan nila (at ang ibang mga grupo ay nakarating na sa tahasang pagbago) ng kanilang relihiyon. Bukod dito, maraming tao ang tila tunay na may katutubong hilig sa mga landas na tumutuon sa mga turo at paghahangad sa ispiritwalismo.

Ang katotohanan sa bagay na ito ay natatakdang makaranas ng ilang antas ng ispiritwalismo ang sinumang sumusunod sa katotohanan ng Allah, sapagkat ang mga nagdudulot ng kaluguran ng Allah ay makatwirang umasang magkaloob ang Allah ng pang-unawa at pananaw sa Kanyang mga tapat na alipin. Dalawang *hadith* ang nagtuturo,

<simula ng sipi>
Sinabi ng Allah, ang Kataas-taasan,

> "Sinumang magpakita ng pagkamuhi sa isa Kong kaibigan,
> siya ay magiging Aking kaaway.
> Ang Aking alipin (ang nananampalatayang Muslim)
> ay hindi lumalapit sa Akin
> nang may anumang higit Kong minamahal kaysa mga tungkulin
> sa relihiyong itinalaga Ko sa kanya, at ang aking alipin
> ay patuloy na lumalapit sa Akin
> nang may mga karagdagang Gawain
> upang higit Ko siyang mahalin.
> Kaya't kapag minahal Ko siya ay Ako ang kanyang pandinig
> na kanyang ipinandirinig,
> ang kanyang pananaw na kanyang ipinantatanaw,
> ang kanyang kamay na kanyang ipinanghahawak,
> at ang kanyang paang kanyang ipinanlalakad.
> Sakaling humiling siya mula sa Akin, [ng isang bagay]
> tiyak Kong sa kanya iyon ay ibibigay,
> at sakaling humiling siya sa Akin ng pagkupkop,
> tiyak Kong sa kanya iyon ay ipagkakaloob."[42]

<wakas ng sipi>

At,

<simula ng sipi>
Sinabi ng Allah ang Kataas-taasan,

> "Kasama Ko ang Aking alipin kapag inaalaala niya Ako.
> Kapag inaalaala niya Ako sa kanyang sarili, siya'y inaalaala Ko
> kung gayon sa Aking sarili. At kapag binabanggit niya Ako
> sa isang pagtitipun-tipon, siya kung gayon ay Aking binabanggit
> sa isang pagtitipun-tipon niyaong mga higit
> na mabuti kaysa kanila. At kung sa Akin siya ay lalapit
> nang mula sa isang dangkal, sa kanya Ako ay lalapit

---

[42] Bukhari (6137)

kung gayon nang mula sa isang siko. At kung lalapit
siya sa Akin nang mula sa isang siko, sa kanya Ako ay lalapit
kung gayon nang mula sa isang dipa.
At kung sa Akin ay lalapit siya
nang naglalakad, tumatakbo kung gayon Akong lalapit sa kanya."[43]

<wakas ng sipi>

Mula sa mga turong ito, nauunawaan ng mga Muslim na habang lalo silang nagsusumakit para sa kaluguran ng Allah, higit na malaki ang gantimpala ng pagiging malapit sa Allah. Kaya't sa sandaling ang isang tao ay naninindigan sa mga turo ng Allah, ang mga gawain ng isang tao ay maaaring mabiyayaan nang mahigit sa isang pagkakataon[44(EN)] Ang mga panahon ng kapwa kaginhawahan at kahirapan ay matatagpuan sa makamundong buhay na ito, subalit ang dalawang mga kalagayan ay waring sinasabayan ng pinataas na kamalayang pangkaluluwa sa mga Muslim na yaong ang katiyakan at paninindigan sa kanilang pananampalataya ay napatunayan.

Ang pagkakaiba sa pagitan ng mga Muslim na di-Sufi at Sufi, sa bagay na ito, ay waring sa kinasanayan. Ang mga di-Sufi ay nahihilig na magtuon ng kanilang mga pagsisikap sa pag-aaral ng paniniwala (*aqeeda*), mga batas (*fiqh*), mga asal (*adab*), at mga makatwirang hangganan ng relihiyong Islam, upang matiyak ang katumpakan ng paniniwala at kaugalian. Binubuhay ng mga Muslim na ito ang kanilang relihiyon nang buung-buo, hinahanap ang lugod at gantimpala ng Allah ang Kataas-taasan, kinatatakutan ang Kanyang parusa, at tanging dahil sa pag-ibig sa Kanya. Ang pinataas na kamalayang ispiritwal ay maaaring sumunod bilang bunga, subalit hindi isang layunin mismo. Bagkus, ang pagtuon ay tamang-tamang nakasentro sa katumpakan ng *aqeeda* (paniniwala), *ibada* (pagsamba), at kaugalian, sapagkat ang mga ito ay tumatayong magkakamit ng lugod ng Allah at maghahatid ng kaligtasan. Sa kakulangan ng katumpakan ng *aqeeda*, *ibada*, at kaugalian, walang lalim ng mistisismo (hiwaga) ang maghahatid ng kaligtasan. Kaya't ang mga Muslim na di-Sufi ay sapat nang naninindigan sa relihiyon, nag-aaral, at gumagawa alinsunod sa mga pinakakagalang-galang na mga pinagmulan (ibig sabihin ay ang Qur'an, *Sunnah*, at pakahulugan ng mga ito ng mga iginagalang na iskolar). Sa landas na ito ay napadadalisay ang kaluluwa, na may pinataas na ispiritwalidad na isang mahuhulaang bunga, bagamat hindi siyang pangunahing layunin.

Ang mga Sufi, sa kabilang dako, ay kadalasang nalalayo sa pag-aaral at kaugalian ng mga turo ng Islam sa mga pagsisikap na magkamit ng higit na malalaking karanasang mahiwaga (mistikal) at kataasang ispiritwal. Yaong pangunahing nakatuon sa mistisismo ay makiling na isakripisyo ang maselang katumpakan ng *aqeeda* at ang tumpak na pagsasagawa ng mga haligi ng Islam, na karaniwang humahantong sa pakikipagsapalaran, at kadalasan sa pagkawalang-bisa, ng kanilang pag-angkin sa Islam. Sa mas banayad na dulo ng sinag ay marami (kundi man karamihan o lahat) sa mga Sufi ang nagagawi sa pag-iimbento sa relihiyon. Sa pag-aalaala sa pangkalahatang simulaing bawat gawaing pagsamba ay ipinagbabawal maliban sa ipinag-uutos, ang isang tao ay makauunawa kng bakit nagbabala si Ibn Masood (isa sa mga pinakadakilang *sahabi*) :

<simula ng sipi>

---

[43] Bukhari (6970), Muslim (2675), Ahmad (7416), Ibn Majah (3792, 3822)

[44] (EN) Hindi ito pagsasabi, gaya ng gawa ng maraming Judio at Kristiyano, na ang gantimpala ng isang taong banal ay kinakailangang makita sa kasalukuyang buhay na ito. Maaaring piliin ng Allah na subukan ang banal sa kahirapan ng makamundong buhay na ito, na inilalaan ang gantimpala hanggang sa kabilang-buhay. Kaya't ang mga propeta at marami sa mga kinalugdan ng Allah ay namuhay nang may kahirapan sa panandaliang buhay na ito, subalit tumanggap ng mga higit na dakilang gantimpala ng Paraiso sa susunod na buhay.

"Sumunod, huwag mag-imbento, sapagkat tunay kayong binigyan ng isang bagay na sapat [alalaong-baga, ang relihiyong Islam]. "[45]
<wakas ng sipi>

at

<simula ng sipi>
"Ang pagkakatamtaman sa pagsunod sa *Sunnah* ay higit na mabuti kaysa sarili mong pagsusumikap sa *bida* (pag-iimbento)." [46]
<wakas ng sipi>

Si Ibn Umar (isa pa sa mga tanyag na *sahabi*) ay nakatalang pinatibay ang turong ito ng, "Bawat pag-iimbento ay isang pagkaligaw, *kahit na nakikita ito ng mga tao na isang mabuting bagay*."[47]

Isang mas mahaba, ngunit napakamapaglarawang kuwento ang makatutulong na isabuod ang nasa itaas. Sa tradisyong ito, si Abu Musa Al-Ashari ay nakatalang nagsabi kay Ibn Masood,

<simula ng sipi>

"Tunay, nakita ko sa moske ang isang pangkat ng mga taong nakaupo sa mga bilog na naghihintay sa pagdarasal. Sa bawat bilog ay may isang lider at sa bawat grupo ay may mga maliliit na bato at ang lider na ito ay nagsasabi sa kanila, "Sabihin ninyong '*Allahu Akbar*' (Ang Allah ang Pinakadakila) nang 100 beses," kaya't sinasabi nilang "*Allahu Akbar*" nang 100 besus (gamit ang mga maliliit na bato sa pagbilang); at sinasabi niya sa kanila, "Sabihin ninyong '*La ilaha il Allah*' (walang diyos na marapat sa pagsamba maliban sa Allah) nang 100 beses," kaya't sinasabi nilang "*La ilaha il Allah*" nang 100 beses (gamit ang mga maliliit na bato sa pagbilang); at sinasabi niya sa kanila, "Sabihin ninyong '*Subhanallah*' (Luwalhati sa Allah) nang 100 beses," kaya't sinasabi nilang "*Subhanallah*" nang 100 beses (gamit ang mga maliliit na bato). Kaya't si Ibn Masood ay tumugon kay Abu Musa, "Hindi mo ba sila inatasang bilangin ang kanilang mga kasalanan at tiyaking walang mawawala sa kanilang mga mabubuting gawa?" Pagkaraan ay lumapit siya (Ibn Masood) at tumayo sa tabi ng isa sa mga bilog na ito at sinabi, "Ano itong nakikita kong ginagawa ninyo?" Sumagot sila, "Oh, ama ni Abdur-Rahman, mga maliliit na bato – binibilang namin ang mga ito para sa aming *takbir* (*Allahu Akbar*), sa aming *tahlil* (*La ilaha il Allah*), sa aming *tasbih* (*Subhanallah*) at sa aming *tahmid* (*Al humdulillah* [sa Allah ang lahat ng papuri])."

Siya ay tumugon, "Bilangin ninyo ang inyong mga kasalanan. Tinitiyak kong wala isa man sa inyong mga mabubuting gawa ang mawawala. Sa aba ninyo, O bansa ni Muhammad, kay-bilis ng inyong pagkawasak! Ang mga kasamahan ng propeta ay sagana, at ang kanyang mga damit ay hindi pa natutuyo at ang kanyang mga kasangkapan ay hindi pa nasisira. [48(EN)] Sumpa man sa Kanyang nagtatangan ng aking kaluluwa (Allah), tunay na kayo ay nasa isang paggabay na higit na mabuti sa gabay ni Muhammad [49(EN)] o kaya ay binubuksan ninyo ang pintuan sa kawalang-gabay (alalaong-baga, *bida*—pag-iimbento sa relihiyon).

---

[45] Darami (205)
[46] Bayhaqi (4522), Darami (223)
[47] Allalaka'i, *I'tiqad Ahlus-Sunnah Wal Jamah* (126)
[48] Ibig sabihing kamamatay pa lamang ni Muhammad.
[49 (EN)] Sa ganito ay kinukutya niya sila nang may pag-uyam.

Sila ay tumugon, “Sumpa man sa Allah, O ama ni Abdur-Rahman, hinangad lamang namin ang mabuti.”

Sumagot si Ibn Masood, “At ilan ang talagang naghahangad ng mabuti subalit sumasablay sa inaasinta (hindi ito nakakamtan)?”

Pagkaraan ay sinabi niyang, “Sinabi sa amin ng propeta, ‘Isang pangkat (ng aking *ummah*) ang babasa ng Qur’an at hindi lalagpas sa kanilang mga lalamunan (ibig sabihing hindi ito papasok sa kanilang mga puso).’ At sumpa man sa Allah, aywan ko, subalit marahil ang marami sa inyo ay kabilang sa gayong pangkat.”

At nilisan niya sila pagkatapos.

Ang isa sa mga nag-ulat ng *hadith* na ito ay nagsabi, “Natagpuan naming ang marami sa mga taong nasa mga bilog na ito ang nakipaglaban sa amin sa araw ng *An-Nahrawan* na kasama ng mga Khawaraj (isang labanan kung saan pinamunuan ni Ali ibn Talib, ang pang-apat na Califa, ang mga Muslim laban sa mga Khawaraj, ang kauna-unahang grupo ng mga nalihis na Muslim, na ang mga hanay ay sinamahan ng ilan sa mga nailarawan sa itaas).[50]

<wakas ng sipi>

Sa salaysay na ito, natututuhan nating ang mga palatandaan ng pagkalihis ay maaaring napakaliit, subalit malungkot ang mga bunga. At para ano? Para pagsikapan ang isang inakalang mabuti, ngunit, gayunman, ay ‘sumasablay sa inaasinta?’ Ang kahalagahan ng pagsunod sa *Sunnah* ay binibigyang-diin, sapagkat nakatalang itinuro ni Muhammad, “Walang naiwang naglalapit sa inyo sa paraiso at naglalayo sa inyo sa impyernong-apoy maliban sa naipakita sa inyo.” [51] At gayunman, nagagawi ang mga Sufi sa paghanap ng mga paraan upang mapagbuti ang kanilang pagsamba, na isinasapanganib ang paglabag sa mga hangganang itinakda ng Allah ang Kataas-taasan, at madalas kaysa hindi, nadudulas sa pag-iimbento.

Marahil ay dapat balikang-aral ang isang talababa sa kasaysayan sa bahaging ito. Ang pinagmulan ng katawagang ‘Sufi’ ay hindi lubhang mahalaga, sapagkat ang salitang ‘Sufi’ ay walang pagbanggit maging sa Qur’an o *Sunnah,* at sa gayon ang marka ay nagbubukas sa pintuan ng sektaryanismo (pagpapangkat-pangkat) na kinamumuhian ng Allah (tingnan ang TMQ 6:159 at 42:13). Magkagayunman, ang katawagang ‘Sufi’ ay tila nag-ugat sa kaugalian ng mga sinaunang ermitanyo ng pagsusuot ng lana, na kilala bilang ‘*Suf*’ sa Arabik. Ang mga sinaunang ermitanyong ito ay nagtakwil sa mga kasiyahan ng mundong ito, hanggang sa antas na sila ay napilitan ng karalitaan upang magsuot ng lana -- isang di-tanyag, nakayayamot at nakapapawis na mainit na materyal sa matinding init ng Gitnang Silangan (di-tulad ng kanilang mga katumbas na Kristiyanong nagsuot ng mga kamisetang buhok ng kabayo, sa paninindigang ang makamundong pagdurusa ay katumbas ng pagsisisi), ang mga Sufi ng Islam ay sadya lamang napakamaralita upang makayanan ang anumang higit na angkop sa kanilang kapaligiran kaysa lana). Ang ilan ay maaaring mapahanga ng gayong pagpapakita ng sigasig at katapatan, subalit napapansin ng iba na ang Islam ay hindi isang relihiyon ng asetisismo (pagkaermitanyo), sapagkat ang sariling pagpapakamaralita at pagdurusa ay hindi ipinag-utos ni ipinahintulot, kung maiiwasan. Sa katotohanan, ang mga Muslim ay pinasisiglang maging mabunga at kumita ng ikabubuhay. Itinuro ni Muhammad, “Tunay, ang pinakamabuti sa inyong kinain ay mula sa inyong mga kinita.” [52] Nang tinanong kung aling uri ng mga kinita ang pinakamarangal, tumugon ang sugo ng Allah, “Ang ginawa ng isang tao sa kanyang sariling mga kamay, at bawat tapat na

[50] Darami (204)
[51] Tabarani, *Al-Kabir* (1647)
[52] Tirmidhi (1358), Ibn Majah (2290)

pagbebenta."[53] Bukod dito, nakatalang nagkomentaryo si Abu ad-Dardaa. "Ang pag-unlad ng kabuhayan ng isang tao ay mula sa pag-unlad ng kanyang *deen*, at ang pag-unlad ng kanyang *deen* ay mula sa pag-unlad ng kanyang talino."[54]

Magkagayunman, ang mga Sufi ay naibilang sa asetisismo at ispiritwalismo, at sa paglipas ng panahon ang mga tanyag na Sufi ay kinilalang mga santo ng laykong bumuo ng kanilang tagasunod. Ang bawat isang gayong grupo nang malaon ay nakilalang isang *tariqa* o landas ng Sufi, kung saan naging pormal (opisyal) ang partikular na mga katuruan. Ang mga *tariqa* ay lubhang magkakaiba, at hindi naging posibleng ipinta ang lahat ng mga *tariqa* ng iisang pinsel – ang *aqeeda*, *ibada*, at mga kaugaliang Sufi ay lubhang magkakaiba sa iba't ibang mga pangkat, saklaw ang hanay mula sa katumpakan, sa *bida* (imbensyon), at tuluy-tuloy sa *kufr* (kawalang-pananampalataya). Sa isang panig, isang maliit na minorya ng mga Sufi ang sa kabuuan ay maunlad. Datapwat ang mas karaniwang kalagayan ay yaong kung saan ipinagkakasundo ng mga Sufi ang mga batas ng Islam sa mga lihis na paniniwala at kaugalian.

Ang kabiguan ng Sufismo ay dahilan sa pagbabago mula sa luma hanggang kasalukuyang Sufismo. Ang mga orihinal na Sufi ay maaaring mga banal na Muslim na nasa ilalim ng pagdaralita at kagipitan dahil sa pagtutuon ng kanilang mga pagsisikap sa pagsamba, na nagtakwil ng lahat ng ibang mga hangarin, kabilang ang pagpapaunlad ng makamundong kalagayan o, sa bagay na iyan, maging ng paghahanap ng ikabubuhay. Sa loob ng napakaikling panahon, gayunman, nabuo ang mga lihis na *tariqa*, kundi man nasanay sa paligid ng mga kakatwang turo ng isang gayunding kakatwa, bagamat magiliw, na lider, o kaya ay humiwalay pagkatapos mula sa mauunlad na mga turo sa ilalim ng panggigipit ng kawalang-gabay.

Samakatwid, yaong sumasang-ayon sa mga *tariqa* ay tumatahak sa isang mapanganib na landas kung saan kaunting *tariqa* ang ligtas sa ilalim ng Islam sa kasalukuyang panahon, at kung saan kaunting mga tagasunod ang nakakabalik sa katumpakan. Gayunman, ang mala-sirenang awit ng mistisismo at ispiritwalidad ay nagpapatunay na di-matanggihan ng marami, na sa kawalang-proteksyon ng mapagtanggol na *fiqh* ng Islam, ay maaaring madaling malinlang at mailigaw -- isang pangyayaring isa pang kalakarang karaniwan sa tatlong relihiyong Judaismo, Kristiyanismo at Islam.

Sa tatlong relihiyon, yaong naghahanap ng mga landasing pangkaluluwa nang nauuna sa pagsunod sa mga kahigpitan ng batas ay nagagawi sa pagkaligaw, sapagkat sila ay higit na nahahatak sa mga ispiritwal na turo ng mga 'santo' at mga lider na magiliw kaysa tuwid na landas ng plano ng Allah, ayon sa inihatid sa Kanyang rebelasyon at sa halimbawa ng mga propeta. Sa loob ng relihiyong Islam, ang gayong mga tagasunod ay karaniwang nabibilang sa isa sa dalawang kampo, ang una sa pagiging mga naligaw na tagasunod na ang kamangmangan ay ipinagkanulo ng kawalan ng kaalaman sa pangunahin (at mapagtanggol) na turo ng Islam. Ang pangalawang pangkat ng mga tagasunod, sa kabalighuan (pagiging kakatwa), ay kataka-takang mga may mataas na pinag-aralan sa mga simulain at siyensyang Islamiko, at maaari pang maituring na mga iskolar sa ilang mga larangan ng pag-aaral. Kadalasang ang ganitong mga indibidwal ay nagsasagawa ng Islam nang may kahanga-hangang sigasig, tinatahak ang pinakamahirap at pinakamapanganib na landas sa lahat ng mga bagay ng relihiyon, maliban sa Sufismo, ibig sabihin. Lubhang kakatwa, na bukod sa mga mistisismo ng Sufismo, ang disiplinang kinahihiligang luwagan ng mga mahihigpit na pamantayan ng mga dalubhasang Sufing ito ay karaniwang sa pinakamaselang larangan ng *aqeeda*. Maaaring sila ay mga iskolar sa *fiqh*, at gayunman ay sumusunod sa mga paglihis sa paniniwalang nagbabanta sa kaligtasan.

---

[53] Bayhaqi (10177)
[54] Jami' Bayan al Ilm

Isang buong malaking bilang ng mga paglihis ang naging resulta, na ang pinakamapanganib doon ay nagsasangkot sa *shirk* o *kufr*. Itinaas ng ilang *tariqa* ang kalagayan ni Muhammad sa labas ng kanyang makamundong katauhan, ang iba ay diniyos ang kanilang mga *sheik*. Ang mas maliit, ngunit gayon pa ring maselang kapakanan ay ang pagluluwag sa mga pamantayang Islamiko sa kapakinabangan ng higit na pagpapahintulot, kadalasang sa ilalim ng balatkayo ng pagkamakabago.

At wala ritong dapat ipagtaka. Ang kasaysayan ng relihiyon ay nagbubunyag ng hilig ng taong pumalaot mula sa mga batas ng Allah tungo sa mga landas ng mas malalaking pagpapahintulot, lalo na kung ang gayong mga landas ay pinagaganda ng mga pag-angkin ng pagsasariling ispiritwal. Kung paanong ang mahigpit at mapaghanap na mga batas ng Ortodoksong Judaismo ay nagbigay-daan sa maluwag na mistisismo ng Repormadong Judaismo, ang Kristiyanismo ay nagdanas ng pagbabagong-anyo mula sa mga batas ng Lumang Tipan tungo sa mga batas na may pinagmulang Unitaryo hanggang sa mga mapagparayang mistisismo ng mga *Gnostiko,* na binuo ng mga Kristiyanong Trinitaryo bilang isang bahagi, (gaya ng tinalakay sa *NaDiyos'Grasya* at *NaDiyos'kubre*). Ang mga lihis na sekta (karamihan sa kanila ay mga Sufi) na nag-aangkin ng bandila ng Islam ay nagpatuloy ng nakaliligalig na tradisyong ito ng papataas na kaluwagan, salungat sa malinaw at kasalukuyang mga batas ng Islam.

Wawakasan ko ang bahaging ito nang may sumusunod na mga pagpuna:

- Karamihan niyaong naghahanap ng isang landasing pangkaluluwa ay gumagawa nito sa paghahangad na maging isang *wali*, o 'kaibigan ng Allah,' na inaakala ng mga Sufi na nagpapakahulugan ng katayuan ng pagiging banal (santo), taglay ang mga kakayahang mahiwaga. Ang gayong mga Sufi ay lubhang abala sa hangaring magkamit ng pinataas na katayuang ispiritwal, at nag-aakalang ang tumpak na paraan upang makamtan ang gayong katayuan ay sa pamamagitan ng landas ng Sufi. Hindi totoo. Ang paraan upang maging isang *wali*, na ayon sa pakahulugan ng Allah ang Kataas-taasan ay walang kahulugan maliban sa isang mananampalataya at may takot sa Allah (TMQ 10:62-63), ay tanging pagsasagawa ng relihiyon ng Islam ayon sa pagkapahayag nito, walang labis at walang kulang.
- Samantalang ang mga militante (mapaghimagsik) at sukdulan sa *fiqh* ay nahihilig sa di-matitiis na karahasan at di-pagkakasundo, ang mga Sufi ay karaniwang namamali sa salungat na sukdulang bahagi ng pagiging di-matatanggap na "kalambutan," pinapaumanhinan ang mga pinakamabibigat na kasalanan, lantarang paglapastangan at, hindi bibihira, maging ang *kufr*. Itinuturing ng mga di-Sufi na kakatwa ang mga Sufi, hindi lamang sa kanilang pagkilos, kundi maging sa kanilang pag-iisip. Sa kabilang dako, itinuturing ng mga Sufi ang mga di-Sufi na nasa isang mas mababang "antas na pangkaluluwa," at hindi kayang unawain sila. Sa ganitong paraan, nagpapahayag ang mga Sufi ng gayunding kataasang ispiritwal na natatagpuan sa mga kapantay na Judio at Kristiyano.
- Isa pang kilalang tatak ng mga Sufi ay ang hilig nilang sa isang lugar, sa isang paraan ay maipagkasundo ang pananampalataya o kaugalian ng Islam sa pagsasagawa ng pagtupad sa mga kaugalian ng kanilang piniling *tariqa*. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring makasaksi ng mga partikular na Sufi sa madalas na pagdalo sa mga pagtitipong Sufi, ngunit kailanman ay hindi nag-abalang daluhan ang isang pinakamahalagang pagtitipong Muslim, na ang ibig sabihin ay ang pagdarasal ng konggregasyon sa moske. Inuubos ng ilang Sufi ang kanilang panahon sa bakasyon at ang mga kayamanan sa pagdalaw sa mga

'santo' ng kanilang *tariqa*, subalit hindi kailanman nagtutungo para sa *haj*. May iba pang mga halimbawa, na nag-iiwan sa mga pagkukulang sa mga paniniwala at kaugalian ng Islam bilang isa pang mapanganib na tanda.

- Kung paaanong ibinababa ng ilang Sufi ang kahalagahan ng ilang sangkap ng relihiyong Islam, ang iba pa (alalaong-baga, mga sukdulang Sufi – sa kabutihang-palad ay di-nakabibiglang minorya) ay nakararating nang malayo sa pag-uuyam sa relihiyon. Halimbawa, ilang Sufi ay tumitigil na ng pagdarasal batay sa pakahulugan sa *ayah* ng Qur'an "At sambahin ang inyong Panginoon hanggang dumating sa inyo ang katiyakan" (TMQ 15:99). Ang mga Sufing ito ay nag-aangking 'ang katiyakan' dito ay tumutukoy sa katiyakan ng pananampalataya, na kanila nang nakamtan, kaya't hindi na nila kailangan pang magdasal. Hindi totoo. Si Muhammad at lahat ng sinaunang mga propeta ng Allah ay nagsipagdasal hanggang sa sila ay nagsipanaw. Ang mga Sufi bang ito ay nagsasabing sila ay may higit na malaking katiyakan sa pananampalataya kaysa mga propeta ng Allah? Ang tamang pakahulugan ng nasabing *ayah* ay ang utos na magdasal ng limang araw-araw na pagdarasal hanggang kamatayan. Ang tinutukoy na katiyakan sa *ayah* na ito ng Qur'an ay hindi katiyakan ng pananampalataya, na nakakamtan ng ilan at hindi ng iba pa, kundi kamatayan, na siyang tanging katiyakan sa lahat ng mga buhay, at ang katibayan sa ganitong pag-unawa ay matatagpuan sa mga *tafseer* (pakahulugan sa Qur'an) ng Ibn Jarir at-Tabari at Ibn Kathir (ang dalawang pinakatanyag sa lahat ng mga *tafseer*), na ibinabatay ang pasyang ito sa pakahulugan sa Qur'an ng ilan sa mga pinakabantog na estudyante ng *sahabi* (sina Salim ibn Abdullah, Mujahid, Qatada, Al Hassan al Basri, at Ibn Zayd). At wala sinuman sa mga bantog na interprete ng *tafseer* na nabibilang sa mga pinakabanal na nangauna ang nagbigay-kahulugan sa talatang ito na ginagawa ng mga Sufing nasa kasukdulan.
- Tulad ng halimbawa sa itaas, maraming Sufi ang naliligaw na gaya ng mga Judio at Kristiyano, sapagkat inihatid ni Muhammad ang pahayag ng Allah na ang mga Judio at Kristiyano ay itinuturing ang kanilang mga *rabbi* at pari "bilang mga panginoong kaagapay ng Allah." (TMQ 9:31) Bukod dito, isang *hadith* ang nag-uulat na nagtuloy si Adi ibn Hatim sa propeta na may pinilakang krus sa kanyang leeg. Binigkas ng propeta ang sumusunod na berso: "Sinamba nila ang kanilang mga *rabbi* at pari bilang kaagapay ng Allah." Kaya't tumugon si Uday, "Hindi nila sinasamba ang mga iyon." At sumagot ang propeta, "Oo, ginagawa nila. Ipinahintulot nila yaong ipinagbawal sa kanila, at ipinagbawal yaong ipinahintulot sa kanila. Kaya't sila ay sinunod nila rito. At iyan ang kung paano nilang sinamba sila."[55] Sa kahawig na paraan, tinatanggap ng maraming Sufi ang maluwag at maling mga turo ng kanilang mga *sheik* na Sufi nang may pagkiling laban sa mga malilinaw na turo ng propeta ng Allah, si Muhammad, pagsunod sa kanilang mga *sheik* na Sufi sa mga bagay na labag na ipinahayag ng mga *sheik* na Sufi bilang ipinahintulot, gaya ng pagtigil ng pagdarasal. At ang paksang ito ay tuwirang naghahatid sa susunod, na:
- Pinangangatwiranan ng karamihan ng mga Sufi ang kanilang mga gawain at paniniwala sa pamamagitan ng mga inimbento o mahinang *hadith*, o ng di-mapaniniwalaang mga pakahulugan ng Qur'an – isang bagay na maaasahan sa harap ng turong,

  "Siya yaong nagbaba sa iyo [O Muhammad] ng aklat;
  naroroon ang mga talatang [sadyang] tiyak –
  ang mga iyon ang batayan ng Aklat –

[55] Tirmidhi (3095), Bayhaqi (20137)

at ang ibang hindi tiyak.
Sa ganang mga may paglihis [mula sa katotohanan]
sa kanilang mga puso, susundin nila yaong walang katiyakan
mula roon, naghahanap ng di-pagkakasunduan
at naghahanap ng [angkop sa kanila] na isang pakahulugan'… (TMQ 3:7).

- At napag-uusapan ang paghanap ng mga interpretasyong 'angkop sa kanila,' nagagawi ang mga Sufi sa kalabisan, kadalasang pinalalaki ang kahalagahan ng mga pangyayari o mga tao. Sa pamamagitan ng nakagagambalang gawing ito, napalayo ang mga Sufi sa pag-aangat sa kalagayan ni Muhammad, mga kaanib ng kanyang pamilya, o maging ng mga *'sheik'*_na nag-angking sumunod sa kanyang yapak (sa loob ng kanilang partikular na *tariqa*, mangyari pa). Kung minsan ay naghahatid ito sa *shirk*, kung minsan sa *kufr*, at hindi bibihira, kapwa sa mga ito. Halimbawa, tinangka minsan ng isang Sufi na mapaniwala akong ang tagasunod ng kanyang *tariqa* ay nagsasagawa ng *ibada* hanggang sa sila ay maging, ayon sa kanya "kaisa ng Alah" – isang malinaw na pahayag ng kapwa *shirk* at *kufr*, kahit na hinangad na maging isang talinghaga. Sa relihiyong Islam, kapag binigkas ng isang lalaki ang diborsyo sa kanyang asawa, *kahit na pabiro,* sila ay nagiging diborsyado! Sa batas ng Islam, ang diborsyo ay isang napakaselang bagay na hindi ito dapat bigkasin kahit pabiro maliban sa ito ay nagiging may-bisa! Gaano pang higit na kaselan kung ang isang tao ay magbigay ng mga pahayag na tulad ng nasa itaas, sinasalungat ang kaisahan ng Allah, na siyang pinakasagrado (banal) sa *lahat* ng mga katotohanan – gayong kabanal na ang kaligtasan ay nabibitin sa timbangan ng isang buod na ito ng pananampalataya?
- Maraming Sufi ang nag-aangkin ng isang mahiwagang tanikala ng pagtuturong pabalik sa isa sa mga *sahabi*, na pinagbatayan ng mga turo ng kanilang *tariqa*. Halimbawa, isa sa mga '*sheikh*' na Sufi sa Ingglatera ay kilala ng kanyang mga tagasunod bilang 'ika-40 kawing (dugtong) sa gintong tanikala,' na ipinapakahulugan nilang siya ang ika-40ng *sheikh* na Sufi sa isang tanikalang pabalik sa propetang si Muhammad. Ang gayong mabulaklak na katawagan ay hindi nakapagbabago sa katotohanan, gayunman, sapagkat ang mga 'tanikalang' ito, sa kadalasan, ay hindi matutuntong pabalik nang mahigit sa 300 taon, at napupuno ng mga pangalan ng di-kilala at / o nakapag-aalinlangang mga taong may mababa sa kagalang-galang na gawa o mabituing karangalan.
- Samantalang may maraming lihis na *tariqa* ng Sufi sa kasalukuyan, kakaunti (sakaling mayroon) ang nasa katumpakan. Yaong nagsitahak sa ganitong landas ay nagsasapanganib sa kaligtasan, at para sa ano? Ang pinakaligtas na landas ay malinaw, ang landas ng Sufi ay madulas at mapanlinlang, ang pakinabang ay mailap, ang mga turo ay nakapag-aalinlangan bilang pinakamabuti at kawalang-pananampalataya bilang pinakamasama. At gaya ng ipinayo ni Muhammad, "Ang *halal* ay malinaw, ang *haram* ay malinaw, subalit sa pagitan ng dalawang ito ay mga bagay na nakapag-aalinlangan sa maraming tao. Samakatwid, sinumang umiiwas sa mga nakapag-aalinlangang bagay na ito ay naglilinaw sa kanyang sarili tungkol sa kanyang relihiyon at kanyang karangalan, subalit yaong nahuhulog sa mga bagay na nakapag-aalinlangan ay nahuhulog sa *haram.* [Katulad niya ay] isang pastol na pinapakain ang kanyang mga tupa sa bingit ng isang ligtas na pook, papatawid sa ibabaw ng hangganan. Tunay, bawat hari ay may isang ligtas na lugar (santwaryo), at tunay na ang santwaryo ng Allah ay ang

kanyang mga Pagbabawal."[56] At sa aba nilang lumalabag sa mga pagbabawal ng Allah, nag-iisa man o nasa buntot ng isang *tariqa*.

[56] Bukhari (52), Muslim (1599), Abu Dawud (3329)

## *Sunnah* ng *Shaytan*

Ang landas ng mga banal ay naghahatid sa isang tao sa paligsahan ng mabuti at masama. Samantalang ang masama, ibig sabihin ay ang mga paniniwala at kaugalian ng relihiyon, ay itinuturo sa bagong kombertido nang paulit-ulit, isa sa mga pinakamahalagang paksa para sa bagong kombertido ay siya ring pinakamadalang na talakayin – at ito ay ang daan ng kasamaan. At ang ibig naming sabihin ng daan ng kasamaan ay ang daan (o *sunnah*) ng *Shaytan* (Satanas, kilala rin sa kanyang pangalang pantanging Iblees), na ang nakatalagang layunin (kasama ng kanyang katulong na *shayateen* [masasamang *jinn,* o mga diyablo]) ay iligaw ang sangkatauhan. Para matutuhan ang mga paniniwala at kaugalian sa relihiyon ay pag-aralan ang landas ng kabanalan. Para matutuhan ang *sunnah*, o daan, ni Iblees ay ‘kilalanin ang kalaban,’ upang ipagsanggalang ang sarili mula sa pagtambang *(ambush)* o pagkaligaw.

Bilang pasimula, lumalapit si Iblees nang maraming paraan. Para sa mga nailigaw na, nagbibigay-sigla siya sa pagpapadali at pang-aakit sa landas ng di-kabanalan. Maaaring iwan niyang mag-isa ang di-matuwid, subalit muli ay maaaring magkaloob siya ng mga kaluguran o maging mga mahiwagang karanasan o waring mga himala upang patibayan ang mga naligaw sa isang huwad na pananampalataya. Kaya’t ang mga estatwa ay maaaring tunay na umiyak sa kagagawan ng *shayateen*, na nagtutulak sa mga sumasamba sa mga idolo sa mas malaking debosyon sa mga kalaliman ng kanilang paganong pagkakadaya. Ang mga pangitain ni Jesus o ni Maria ay maaaring nagagawa ni Iblees o ng isa sa kanyang mga kaanib na *shayateen* upang mapalakas ang mga ligaw na pananampalatayang nakahimlay sa mga artikulo ng kawalang-pananampalataya, gaya ng Trinidad o pagkadiyos ni Jesus. O sa isang mas mababang antas, ang pagmamataas ng di-mananampalataya ay maaaring palakasin upang patibayin ang tiwala sa kamalian, mabisang iniinis ang kababaang-loob na kinakailangan ng isang tao upang bumaling sa Lumikha nang bukas at tapat.

At ano ang kauna-unahang kasalanan? Ito ay isang katanungang lumilito sa karamihan sa mga bagong lipat-pananampalataya, at maging sa mga nakatatandang Muslim man. Kaya’t ano ang kauna-unahang kasalanan? Iyon ba ay ang pagkain ng bawal na prutas? Hindi. Hindi, ang kauna-unahang kasalanan ay ang kasalanan ng pagmamataas, na ikinababa ni Iblees mula sa paraiso. Ang kauna-unahang kasalanan ay hindi kay Adan, kundi kay Iblees, at ang kuwento, sa maikli, ay ito: dating isa si Iblees sa mga banal na *jinn*. Isinagawa niya ang mga bagay ng pagsamba nang may gayong kabanalang nagbigay sa kanya ng isang puwang sa kalipunan ng mga anghel, at sa katunayan ay itinalaga ng Allah na pamahalaan ang pinakamababang kalangitan. Datapwat nang nilikha si Adan at ang mga nasa kalangitan ay inatasang magpatirapa kay Adan, si Iblees ay napuno ng pagmamataas, inakalang ang sarili niya ay nakahihigit, sa pangangatwirang ang mga *jinn* ay nilikha mula sa apoy na di-umuusok, samantalang ang sangkatauhan ay nilikha mula sa luwad (pinatigas na putik). Isinasalaysay ng Banal na Qur’an ang kuwento na,

> <simula ng sipi>
> At [banggitin] nang ang mga anghel ay Aming sinabihan,
> “Kayo ay magpatirapa kay Adan;
> kaya’t nagpatirapa sila, maliban kay Iblees lamang.
> Tumanggi at nagmataas siya
> at naging kabilang sa mga di-nanampalataya. (TMQ 2:34)
> <wakas ng sipi>

Sa isang maikling linya, ipinaaalam sa atin ng Allah na si Iblees ay tumanggi, ang dahilan ay pagmamataas, at ang bunga ay kawalang-pananampalataya. Gaanong kadaling mahulog ang isang

mananampalataya mula sa biyaya tungo sa kawalang-pananampalataya! At sa walang dahilang higit sa pagmamataas, at ang masamang bungang inaani nito. Sa pagpapatuloy ng kuwento,

<simula ng sipi>
7:12 "Ano ang pumigil sa iyo sa pagpapatirapang Aking iniutos sa iyo?"
Anya [*Shaytan*], "Sa kanya ay higit na dakila ako.
Mula sa apoy ako'y Iyong nilikha,
at nilikha Mo siya mula sa luwad [lupa]."
7:13 Sinabi Niya [Allah], "Bumaba ka mula rito [sa Paraiso],
sapagkat hindi para sa iyo ito upang maging mapagmataas dito.
Kaya't ikaw ay dapat lumayas;
tunay kang kabilang sa mga hinamak."
7:14 Anya [*Shaytan*], "Ako'y Iyong palugitan
hanggang sa Araw ng kanilang muling pagkabuhay."
7:15 "Tunay, ikaw ay kabilang sa pinapalugitan."
7:16 Anya [*Shaytan*], "Dahil sa inilagay Mo ako sa kamalian,
tiyak na sila [ang sangkatauhan] ay aabangan ko sa Iyong tuwid na daan.
7:17 Pagkaraan ay lalapitan ko sila mula sa kanilang harapan,
mula sa kanilang likuran at sa kanilang kanan
at sa kanilang kaliwa, at hindi Mo mamamalas
ang karamihan sa kanilang [sa Iyo ay] magpapasalamat ."
7:18 Sinabi Niya [Allah], "Lumayas ka mula rito [sa Paraiso],
kinasusuklaman at itinataboy Ko.
Sinumang sa kanila'y sumunod sa iyo –
katiyakang pupunuin Ko ang Impyerno sa inyo, nang sama-sama kayo."
<wakas ng sipi>

Bilang parusa sa kanyang pagmamataas, na humadlang sa kanyang pagtalima sa Allah ang Kataas-taasan, si Iblees ay pinalayas mula sa Paraiso. Matapos kamtin sa Allah ang palugit hanggang sa Araw ng Paghuhukom, sumumpa si Iblees na ililigaw ang sangkatauhan mula sa 'tuwid na landas.' Sa ganang mga susunod sa pagliligaw ni Iblees, nangangako ang Allah, "Tiyak na pupunuin Ko ang Impyerno sa inyo, nang sama-sama kayo."

Ngayon, biglang baling sa taong bumabasa ng mga salitang ito. Ano ang isa sa mga nangingibabaw na katangian ng sangkatauhan, kundi pagmamataas? At anong hadlang ang nakapagitan sa karamihan ng mga tao at sa pagbaling sa Diyos nang buong kababaan sa paghahanap ng Kanyang katotohanan? Sagot: Pagmamataas. At gaanong kabilis mababago ng pagmamataas ang isang tao mula sa paniniwala tungo sa kawalang-paniniwala? Mula sa paraiso tungo sa pagkaligaw? Tunay na napakabilis – tingnan sa itaas.

Ano pang ibang mga kahinaan ng kalikasang pantao ang nagdudulot ng mga maling linyang kakasangkapanin ng *Shaytan* para sa pagsuway sa Lumikha? Ang kainggitan ay isa. Kasakiman ang isa pa. Pagnanasa, kawalan ng pag-asa, di-kasiyahan, kawalang-tiyaga, damdaming sekswal at galit ang iba pa. Maging ang kasiyahan, kapag hinayaang makalibang sa isang tao sa kawalang-paggawa. At pagmamataas. Sa simula, sa wakas, at sa lahat ng panig sa pagitan.

Tingnan natin kung paano ito kikilos. Sa pasimula, si Iblees, ang *Shaytan*, ay may mga prayoridad (pangunang pahalaga). Una, sisikapin niyang pagawain ang mga tao ng *kufr*, o kawalang-paniniwala. Kung hindi niya mapagawa ang mga tao ng malaking *shirk* (pagsamba ng maliban sa Allah), sisikapin niyang mapagawa sila ng maliit na *shirk*. Kung mabigo rito, sisikapin niyang pagawain ng mga tao ng pag-iimbento (*bida*). Kapag nabigo pa iyan, sisikapin niyang

pagawain ang mga tao ng mga mabibigat na kasalanan, at kung hindi pa, ng mga magagaang kasalanan. Subalit paano kung hindi niya mapagawa ng kahit isang maliit na kasalanan ang isang tao? Marahil pagkatapos ay sisikapin ng *Shaytan* na mapawalang-bisa ang isang mabuting gawa, halimbawa sa pagsaksak ng isang damdamin ng pagmamataas, sa pamamagitan ng pag-udyok sa isang taong magmayabang, o sa pag-udyok sa isang tao sa kasakiman upang humanap ng makamundong pakinabang sa halip ng ikalulugod ng Allah. Lahat ng mga pag-uudyok na ito ay maghahatid sa pagtanggi ng Allah na tanggapin ang mga mabubuting gawa ng isang tao. Upang mabigyang-diin, itinuro ni Muhammad na ang kauna-unahang tatlong taong papasok sa Impyernong-Apoy sa Araw ng Paghuhukom ay isang iskolar, isang mapagkawanggawa, at isang martir na nagsipag-alay ng kanilang mga ginawa sa iba maliban sa Allah. Ang *hadith* ay gaya ng sumusunod:

> <simula ng sipi>
> Iniulat ni Abu Hurayrah na sinabi ng Propeta: “Tunay, bababa ang Allah ang Kataas-taasan sa Kanyang mga alipin sa Araw ng Paghuhukom, at hahatulan sila. Lahat ng mga bansa ay magpapakumbaba sa kanilang mga tuhod (luluhod). Ang unang mga taong tutuusan sa Araw ng Paghuhukom ay [isang iskolar at] mambibigkas ng Qur’an, at isang martir na nasawi sa kapakanan ng Allah, at isang mayamang tao (na palaging nagkaloob ng kanyang kayamanan). Tatanungin ng Allah ang [iskolar at] mambibigkas ng Qur’an: ‘Hindi Ko ba itinuro sa iyo ang inihayag Ko sa Aking Sugo?’ At siya ay tutugon, ‘Opo.’ Kaya’t tatanungin siya ng Allah, ‘Ano ang ginawa mo sa Aking itinuro sa iyo?’ Siya ay tutugon, ‘Iyon ay binigkas ko araw-araw [at naghanap ako ng kaalaman at itinuro ko iyon sa mga tao].’ Kaya’t tutugunin siya ng Allah, ‘Hindi, nagsinungaling ka!’ at ang mga anghel ay magsasabi, ‘Hindi, nagsinungaling ka!’ Pagkatapos ay sasabihin ng Allah, ‘Ninais mo lamang na sabihin ng mga tao tungkol sa iyo: Siya ay isang [iskolar at] mambibigkas ng Qur’an, kung kaya ito ang sinabi!’ At ang taong may malaking kayamanan ay dadalhin, at sasabihin ng Allah, ‘Hindi ba biniyayaan kita kaya’t hindi mo na kinailangang umasa sa iba?’ Siya ay sasagot, ‘Opo!’ Itatanong ng Allah, ‘Ano kung gayon ang ginawa mo sa ipinagkaloob Ko sa iyo?’ Sasabihin niya, ‘Ginampanan ko ang aking mga pananagutan sa aking pamilya, at ginugol ang aking salapi sa kawanggawa.’ Sasabihin ng Allah pagkatapos, ‘Hindi, nagsinungaling ka!’ at ang mga anghel ay magsasabi, ‘Hindi, nagsinungaling ka!’ Pagkatapos ay sasabihin ng Allah, ‘Gumugol ka lamang upang tawagin ka ng mga tao na isang mapagbigay, kaya’t ito ang sinabi!’ At ang taong namatay sa landas ng Allah ay tatanungin, ‘Paano kang namatay?’ Siya ay tutugon, ‘O aking Panginoon! Ako ay inatasang magsagawa ng *Jihad* sa Iyong landas, kaya’t nakipaglaban ako hanggang sa ako ay mapatay!’ Sasabihin ng Allah, ‘Hindi, nagsinungaling ka!’ at ang mga anghel ay magsasabi ‘Hindi,nagsinungaling ka!’ Pagkatapos ay sasabihin ng Allah, ‘Nakipaglaban ka lamang upang sabihin nila tungkol sa iyo: Siya ay may dakilang katapangan, kaya’t ito ang sinabi!’ Pagkatapos ay tinapik ng Propeta ang aking tuhod at sinabi: ‘O Abu Hurayrah! Ito ang kauna-unahang tatlong tao sa mga nilikha ng Allah na kakainin ng apoy ng Impyerno sa Araw ng Paghuhukom!’”[57]
> <wakas ng sipi>

Ang punto ay tatanggihan ang mga mabubuting gawa kapag inihandog sa maliban sa Allah – isa pang halimbawa ng mga gawaing hinahatulan ayon sa mga hangarin. At kung ang mga iskolar,

[57] Muslim (1905), Tirmidhi (2382), Nasaa’i (3137)

ang mga mapagkawanggawa, at ang mga martir ay hindi ligtas sa mga ligaw na hangarin, sino kung gayon?

Kung ang lahat ng iba ay mabigo, sisikapin ni Iblees na aliwin ang isang tao sa pagiging nasisiyahan, sapagkat ang pakiramdam ng kaginhawahan (ang labis na tiwala sa paniniwalang nakagawa na ng sapat na mga kabutihan) ay maaaring maging unang hakbang sa paglalayo sa isang tao mula sa kataasan ng kabanalan. Yaong hindi madadala sa ganap na kapahamakan, sisikapin ni Iblees na ibaba nang unti-unti.

Subalit kapag nagpumilit ang isang tao sa landas ng pagiging matuwid, magkagayunman ay hindi susuko ang *Shaytan*, sapagkat maaari pa siyang makapagbigay ng puwersa sa pamamagitan ng pag-abala sa isang tao mula sa mabuting gawang may mas malaking kahalagahan para sa paggawa ng mabuting may mas mababang kahalagahan. Yaman din lamang na may iilan lamang oras sa maghapon.

Kaya't ang isang tao ay dapat maging masigasig, at hindi mawalan ng pag-asa. Ang pagkaalam na ang buhay-kabanalan ay katumbas ng isang buhay ng pakikibaka laban sa mga puwersa ng kasamaan, kung saan nilalaro ni Iblees ang isang tao sa pinaghalong mga panlabas na tukso at mga panloob na pagnanasa, ay nakatutulong sa isang taong maghanda para sa pakikipaglaban. Ang pagkaalam na si Iblees ay hindi umuurong hanggang iwanan ng kaluluwa ang katawan ay nakatutulong sa isang taong manindigan sa pagtitiis at katatagan. At ang pagkaalam na nilikha ng Allah ang sangkatauhang hindi ganap (perpekto) ay nakatutulong sa isang taong iwasan ang kawalan ng pag-asa, sapagkat ang pagsubok sa pananalig ng isang tao sa kabutihan ng Allah ay nakasalalay hindi sa pagkakamit ng di-makakamtan (alalaong-baga, ang pagiging perpekto o ganap) kundi sa pagtitiwala sa Allah na tanggapin ang *tawbah* (pagsisisi) kapag nakagawa ng kamalian. Ang problema sa kabiguang makilala ang kalikasang pantao ma magkamali ay dahil sa nakikita ng gayong tao ang relihiyon bilang katulad ng pagdidiyeta (pagbawas ng pagkain). Sa sandaling malabag ang isang pagdidiyeta nang gaya ng isang dagdag na dahon ng litsugas, inaakala nilang nasira na nila iyon, kaya't balik sa dati, at mabuti pang ubusin na ang isang kahon ng matamis na biskuwit at isang timba pa rin ng *Fudge Royale*. Maaaring ganito ang paraan sa mga diyeta, ngunit hindi sa paraan ng relihiyon, sapagkat sa mga salita ni Yaqoob (Jacob),

> "Tunay, walang sinumang nawawalan ng pag-asa
> sa kaginhawahan mula sa Allah
> maliban sa mga taong di-nananampalataya." (TMQ 12:87)

Ang katotohanan sa bagay na ito ay maaaring likhain ng Allah ang sangkatauhan nang ligtas sa kamalian, gaya ng mga anghel. Datapwat, di-gaya ng mga anghel, ang mga tao ay binigyan ng malayang kalooban, na ang sanhi ng ating pagkabuhay ay ang maglingkod at sumamba sa Allah *nang kusang-loob*, at bumaling sa Allah nang nagsisisi kapag nagkasala.

Sa ilan, gayunaman, ito ay hindi sapat. Para sa ilan, ang buhay ay pinamamahalaan ng isang patuloy na pahahanap sa mas malaking kahalagahan ng pagkabuhay. Ang mga indibidwal na ito ay madalas na maakit ng mistisimo, sapagkat sa pamamagitan ng mistisimo ay nakadarama silang nagkakamit sila ng mas mataas na kamalayang ispiritwal at pagiging higit na malapit sa Allah. Minsan pang papasukin ang *Shaytan*. Sa pagkakatalakay ng unang kasalanan ni Iblees, ano ang unang kasalanan ni Adan? Alam ng bawat isa ang kuwento ng pagkain mula sa puno ng bawal na bungangkahoy, ngunit bakit, sa katotohanan, ginawa iyon ni Adan? Ano ang kanyang layunin? Nakikita natin ang sagot sa Qur'an, *Surah* 7, *Ayah* 20-21, na nakatalang ipinayo ni Iblees kay Adan,

> <simula ng sipi>
> "Sa punong ito ay hindi kayo pinagbawalan

ng inyong Panginoon kundi maliban
sa maging mga anghel kayo o maging imortal."
At sumumpa siya sa kanila [sa ngalan ng Allah],
"Tunay, para sa inyo ay kabilang ako
sa mga tapat na tagapayo."
<wakas ng sipi>

At naniwala sa kanya si Adan. Sa kabila ng katotohanang binalaan ng Allah si Adan laban kay Iblees (Nang tawagin ng Allah si Adan, ibinigay niya ang makapangyarihang tanong, "Hindi Ko ba ipinagbawal sa iyo ang punong iyan, at sinabi sa iyong ang *Shaytan* ay isang malinaw na kaaway?" TMQ 7:22). Lahat ng ito ay makatwirang maghatid sa isang taong imungkahing ang kalikasan ng tao, mula sa simula, ay gayon, na ang kanyang pangangatwiran ay mapangibabawan ng kanyang pagnanasa para sa mas mataas na kalagayang ispiritwal (alalaong-baga, yaong sa mga anghel o 'sa walang kamatayan'). At ang *Shaytan* ay patuloy na nilalaro ang ganitong kahinaan sa maraming mga Muslim, gaya ng ginawa niya kay Adan.

At tulad ni Adan, ang mga Muslim ay nabigyan ng babala.

Magkagayunpaman, sa buong panahon ay palaging may mga gayong sabik na makakagat ng mansanas ng mistisimo at pagkadiyos. Ang ilan ay labis na nasasabik na maging mapagmalabis sa relihiyon, nag-aagapay ng pagkadiyos sa mga bahagi ng nilikha ng Allah. Isang sekta ng mga Judio ang nagturing kay Uzair (Ezra) bilang Anak ng Diyos, maraming Kristiyano ang nagpaparangal kay Jesucristo bilang alinman sa pagiging Anak ng Diyos o bilang kahati sa pagkadiyos. at ilang mgfa kasapi ng mga kasukdulang Shi'a ang nakarating hanggang sa gawing diyos si Ali. Ang mas malalaking grupo, gayunman, ay nagkamit ng maling direksyon mula sa mga batas ng Judaismo, Kristiyanismo, at Islam sa pamamagitan ng mga kilusang Reporma, *Gnostiko,* at Sufi, ayon sa pagkakasunud-sunod, gaya ng natalakay nang una. Ang katotohanang ang mga kalakarang ito ay pinaghahatian ng lahat ng tatlong mga pananampalatayang Abrahamikong ito ay nagpapatunay na si Iblees ay nakatuklas ng isang paraan ng pagliligaw na nagtatagumpay, at inulit-ulit ito sa lahat ng mga relihiyon, 'at sa lahat ng panahon -- "Yakapin ang mistisismo, iwanan ang batas, yakapin ang mistisismo, iwanan ang batas; ako'y inyong tapat na tagapayo."

# 7) Mga Tapat na Tagapayo

Ang mga nag-aanyaya sa pagkaligaw ay may maraming mukha at pumapasok sa maraming pintuan, subalit halos laging nagpapakita bilang mga tapat na tagapayo. Ang hamon sa lahat ng mga Muslim ay matutuhan ang katumpakan ng paniniwala at gawaing Islamiko, sapagkat ito ay nagtatatag ng kautusang nagpapakilala at sumusukat sa mga lihis na indibidwal at pangkat. Sa kabaligtaran, makukuha ang mga pahiwatig mula sa mga sumasalungat sa relihiyong Islam, sapagkat ang isang tao ay maaaring ipalagay nang patas na ang mga kalaban ng relihiyon ay hindi susuporta sa mga indibidwal o grupong kumakatawan sa tunay na Islam. Kaya't kapag ang mga grupong may kapakanang salungat sa Islam ay nagtataguyod ng isang partikular na sekta o ideyolohiya sa ilalim ng balatkayo (pagkukunwari) ng "Islam," dapat ituring ng mga Muslim ang gayong pagtataguyod nang higit na pagsumpa sa halip ng pagsang-ayon.

Ang alinman sa mga tagapaglathala ng pangasiwaang militar na Kanluranin o mga pampamahalaang tagapag-isip *(think-tanks)* ay naglalantad ng mga kaugnay na maling palagay, gaya ng ginagawa ng Kanluraning *media* (balitaan), na napaghahalatang kumikiling sa kapakanan ng mga partidong di-Islamiko. Ang *Civil Democratic Islam* ni Cheryl Benard (matatagpuan sa *website*, www.Rand.org), mula sa *National Security Research Division of the Rand Corporation*, isa sa mga pinakatampok na tagapag-isip ng Kanluraning patakaran, ay magagamit na naglalarawang halimbawa.

Ang pag-aaral ni Benard ay nagsisimula sa pahayag na,

> <simula ng sipi>
> "Walang alinlangang ang napapanahong Islam ay nasa isang kalagayang pabagu-bago, nasasangkot sa isang pakikibakang panloob at panlabas tungkol sa mga pagpapahalaga, pagkakakilanlan, at kinalalagyan nito sa mundo. Ang mga magkakalabang bersyon ay nag-aagawan para sa pangingibabaw na ispiritwal at pulitikal. Ang pagtatalong ito ay may mga maselang gugulin at pagdadawit na pangkabuhayan, panlipunan, pampamahalaan, at pangkaligtasan para sa nalalabing bahagi ng daigdig. Bilang bunga, ang Kanluran ay gumagawa ng pinalaking pagsisikap na mapantayan, maunawaan, at maimpluwensyahan ang kalalabasan ng paglalabang ito."[58]
> <wakas ng sipi>

Ang Kanluran ay "gumgawa ng pinalaking pagsisikap … na maimpluwensyahan ang kalalabasan ng paglalabang ito"? Tapatan at deretso sa punto. Malinaw rin. Kaya, sa pag-aalaalang ang obra ni Benard ay inihanda para sa mga iskolar at mga tagapamahala, doon tayo magsimula (Oh, at upang maidiing hindi ito isang malabong pag-aaral sa mga kalipunan ng mga tagapamahala, isang pananaliksik ng batayang pangkaalaman *(database)* ng Rand Corporation sa pamamagitan ng kanilang sariling *website* para sa salitang 'Islam' ang gumawa ng *Civil Democratic Islam* ni Benard bilang unang tampok, inuri ayon sa kahalagahan, samantalang sinusulat ang aklat na ito).

Kaya, sa pagpapatuloy, hinahati ni Benard ang daigdig na Muslim sa apat na malalawak na dibisyon, bilang mga pundamentalista (makapamantayan), mga tradisyonalista (makakaugalian), mga modernista (makabago), at sekularista (di-makarelihiyon). Sapagkat ang mga pundamentalista, ayon sa pakahulugan, ay yaong mga sumusunod nang pinakamalapit sa mga

[58] Benard, Cheryl. *Civil Democratic Islam*. Rand Corporation. P. ix

pamantayan ng Islam, walang ipagtatakang sila ay tinatanaw nang walang kaluguran ng awtor. Sa mga salita ng awtor, "Ang pagtataguyod sa kanila ay hindi isang pagpili, maliban sa mga pagkilalang mapamaraan."[59]

Nagpapatuloy si Bb. Benard sa paninindigang ang mga tradisyonalista ay hindi dapat pagtiwalaan bagkus "Ang mga modernista at mga sekularista ang pinakamalapit sa Kanluran ayon sa mga pagpapahalaga at mga patakaran."[60] Ang rekomendasyon ng awtor, samakatwid, ay suportahan ang mga modernista at sekularista samantalang ang mga pundamentalista ay dapat harapin at salungatin, na gagamitin ng mga tradisyonalista bilang panimbang laban sa mga pundamentalista upang kalabanin ang mga pundamentalista sa dalawang harapan – kapwa sa loob at labas ng relihiyon.[61 (EN)]

Lahat ng ito ay dapat magpahiwatig sa Muslim na magkaroon ng ganap na kasalungat na mga pangunang pahalaga, at sundin ang isang naaangkop na taliwas na pamamaraan. [62(EN)]

Kahawig nito. iminumungkahi ng awtor na"Pasiglahin ang katanyagan at pagtanggap sa Sufismo," [63] na, sa Muslim, ay nangangahulugang 'huwag,' gaya ng 'Huwag gawin, huwag gawin, huwag gawin.' At sa mabuting dahilan. Ang mga Sufi (inuuri sa obra ni Benard bilang isang nasa kategorya sa ilalim ng mga modernista[64]), mga modernista at sekularista ay pawang nagtataglay ng mga kakatwang kalayaan sa pagpapakahulugan sa Qur'an at *Sunnah*, umaasa sa Malaya at mapamiling pangangatwiran sa mga walang-saysay na pagsisikap na baguhin ang Islam nang papalapit sa mga hangarin ng kanilang mga puso, at matatag na suportahan ang isa't isa habang kinukutya ang lahat niyaong nagtataguyod ng pamamaraan ng mga s*alaf* (ang mga banal na nangauna, kinabibilangan ng unang tatlo, at pinakamabubuting, henerasyon kasunod ng rebelasyon ng Banal na Qur'an at pagiging sugo ni Muhammad).

Kaya't samantalang ang mga 'tapat' na tagapayo ay marami, ang pagkilala sa kanilang pananaw at kinasanayan ay nakatutulong na papagkaibahin yaong mga dapat igalang, yaong mga dapat iwasan, at yaong mga dapat pabulaanan.

---

[59] Benard, p. x.

[60] Benard, p. x.

[61 (EN)] Ang katawagang "mga pundamentalistang Muslim," kapag inilapat nang literal, ay tumutukoy sa mga sumusunod sa mga pamantayan (pundamental) ng Islam. Datapwat, sa karaniwang pananalita, ang taguri ay magbabadya ng mga anyo ng mga militanteng (mapaghimagsik na) Muslim na kasukdulan. Sa pagkaunawa ko sa sulating pananaliksik (*thesis*) ni Bb. Benard, tinutukoy niya ang dalawang grupo sa ilalim ng iisang titulong "pundamentalismo." Datapwat ito ay kapwa di-patas at di-tumpak. Sa katunayan, ang tunay na pundamentalistang Muslim, ibig sabihing yaong mga Muslim na sumusunod sa mga turo ng tunay na Islam, ay mabilis sa pagkondena (pagtakwil) sa mga militante at radikal na Muslim na nagpapalaganap ng napakaraming krimen laban kapwa sa sangkatauhan at sa relihiyong Islam. Ang punto ay kung pinaninindigan ni Bb. Benard na ang mga militanteng kasukdulang Muslim (mga pundamentalistang Muslim sa karaniwang pakahulugan) ay dapat kalabanin, karamihan ng mga mahigpit sa pagtupad na Muslim (mga pundamentalistang Muslim sa literal na pakahulugan) ay magsisisang-ayon. Datapwat, kung ipinapakahulugan niyang ang mga mahigpit sa pagtupad na mga Muslim ay kakalabanin, walang tunay na Muslim kung gayon ang sasang-ayon, sapagkat ang katapatan sa Islam ay nag-uutos ng pagsunod sa mga turo nito.

[62 (EN)] Subalit walang pagkahulog sa kamalian ng militanteng kasukdulan o, gaya ng pagkakakilala rito, "radikal na (mapagbagong) Islam."

[63] Benard, p. 80.

[64] Benard, p. 62.

## 8) Pagbubuod

Maraming lumipat sa relihiyong Islam ang pumapasok sa relihiyon nang may malalim na pakiramdam ng kaginhawahang kaakibat (kasama) ng damdamin ng pagdating – pagdating sa katotohanan at sa wakas ng kanilang paghahanap sa elihiyon. Sa isang banda, ang gayong mga damdamin ay makatwiran, subalit sa isang halos katumbas na sukat, ang lakbayin ng isang bagong lipat ay nagsisimula pa lamang. Ang katotohanan sa bagay na ito ay nahahati ang relihiyong Islam sa iba't ibang mga sekta at mga landas ng kawalang-gabay, na ang pinakamahalaga roon ay nabanggit as pagtalakay sa itaas.

Sa maraming paraan, itinuturing ko ang isang mabuting paghahambing ng kombersyon sa isang pagdating, pagkalaipas ng isang mahaba at mahirap na paglalakbay, sa isang pangunahing sentro ng transportasyon, gaya ng *Grand Central Station* sa lunsod ng New York, *Victoria Station* sa Londres, o alinman sa maraming malalaking himpilan ng tren o pandaigdigang himpilan ng paliparang matatagpuang nakakalat sa paligid ng mundo. May pakiramdam ng ginhawa sa pagdating – isang damdamin ng kapayapaan at kasiyahan, maging ng kagalakan. Ang mga emosyong ito ay hindi palagian, gayunman, sapagkat may dapat gawing mga pagpili at patuloy na paglalakbay. Ang bilang ng mga daraanang nagsasanga mula sa gitnang estasyon (ang himpilan ng Islam, kung inyong nais) ay malaki, at iisa lamang (ang landas ng plano ng Allah, alalaong-baga, yaong tinahak nina Muhammad at ng kanyang mga kasamahan) ang tama. Maaaring karaniwang makabawi sa mga maling pagpili, subalit karaniwang kapalit ng isang halaga, at higit na makabubuting kunin ang tumpak na dugtungan mula sa simula.

Samakatwid, ang bagong nagkombersyon ay dapat maging handa sa pagharap sa maraming pagpipiliang sa simula ay maaaring magmukhang nakalilito at pinagtatalunan. Sa kabutihang-palad, ang relihiyong Islam ay madali at magaan – hindi ito ang relihiyong mahirap at nakalilito, bagkus ang ilang mga indibidwal na, sa kakulangan ng karunungan at pagiging timbang, ang may kagagawang ang relihiyon ay maging mahigpit at di-makakasundo. Ang resulta ng pagpapatupad sa relihiyon sa gayong paraan ay may mga nakalulungkot na bunga, na ang pinakamaliit dito ay pagkalito at di-pagkakasundo, at ang pinakamalaki ay pagtalikod sa relihiyon.

Sa pagkilala sa mga kapahamakan, ang mga mananampalataya ay nakagagawang mabuti sa patuloy na pagbaling sa Allah sa pag-aalaala at pagtitiwala. Maging nagsasagawa ng *tawbah* (pagsisisi) para sa isang paglabag o humihingi ng tulong laban sa kapahamakan, nagtitiwala ang mga mananampalataya sa Allah na tutugon sa kanilang *du'aa* (pagsamo) ng anumang nalalaman Niyang siyang pinakamabuti. Gaya ng itinuturo ng Allah na Kataas-taasan,

> "Ang pagsamo ng humihiling ay Aking tinutugunan
> kapag Ako ay kanyang tinatawagan.
> Kaya't hayaang Ako ay kanilang tugunan
> (ng pagsunod) at Ako ay kanilang paniwalaan,
> nang upang (sa tama) sila ay magabayan" (TMQ 2:186).

Ang mga tunay na nananampalataya ay hindi nawawalan kailanman ng pag-asa, sapagkat may pananampalataya silang yayamang dinala sila ng Allah nang ganito kalayo, hindi Niya sila pababayaan, hangga't sila ay umaasa sa Kanya, at tanging sa Kanya lamang. Sa bawat pagdarasal, pinaninibago ng Muslim ang tiwalang ito sa pagbigkas ng Kabanatang *Al Fatihah* at pinaninindigang

> "Ang sinasamba namin ay tanging Ikaw lamang,
> at Ikaw ang tangi naming hinihilingan,"

na kasunod nito ay hinihingi ng Muslim ang gabay ng Allah sa “tuwid na landas.” *Ito* ang pinakamahalagang kahilingan, at siyang pinagtitiwalaan ng mga mananampalatayang tutugunin ng Allah.

At tandaan, sa kabila ng mga hadlang at kalituhan, ang lumipat sa Islam *ay* nakarating na. Ang kahalagahan ng pagyakap sa Islam ay napakalaking gayon na lamang na sa isang lundag na ito ng pananampalataya ay itinalaga ng Allah ang Kanyang pinakadakilang gantimpala, na ibig sabihin ay ang gantimpala ng paraiso. At sa mga biyaya ng gantimpalang ito, lahat ng mga Muslim ay dapat magsumikap at magpasalamat, kumikilala ng kamahalan ng maraming biyaya ng Islam habang dinadalisay nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng katapatan ng layunin at kaganapan ng pagsamba. Ang paraan ng pagsisikap para sa katumpakan ay siyang lahat-lahat sa pagiging ganap ng Islam ng isang tao, at ang pagsisikap na ito ang naghihiwalay sa mga tapat at mga hindi tapat.

At taglay sa isip ito, idalangin natin: Gabayan nawa tayong lahat ng Allah, at tulungan tayong gawing ganap at nagkakaisa ang ating mga sarili sa katotohanan at pagiging matuwid, kadalisayan at kabanalan. At pagkalooban nawa ng Allah ang lahat ng mga Muslim ng pagtitiis at pagtitiyaga sa tama at mabiyayang landas ng Kanyang layon sa buhay na ito, at pagpalain tayo ng mapayapang kaligayahan ng paraiso sa susunod.

Pagkasabi nito, gawin natin ngayon ang ating bahagi at *isagawa* ito.

# Mga Ibang Aklat ni Dr. Laurence B. Brown

Katha:

-- *The Eighth Scroll* (*website*: www.EighthScroll.com)

Hambingan sa Relihiyon:

-- *MisGod'ed* (*website*: www.LevelTruth.com) – Sa Tagalog, *NaDiyos'grasya*
-- *God'ed (website*: www.LevelTruth.com) – Sa Tagalog, *NaDiyos'kubre*
-- *The First and Final Commandment* (*website*: www.LevelTruth.com)

Lahat ng mga aklat ni Dr. Brown ay matatagpuan sa kanyang mga *website*, sa www.Amazon.com, at sa espesyal na pedido (*orde*r) sa mga tindahan ng mga aklat sa buong mundo.

# APENDISE 1 – MUNGKAHING BABASAHIN

Mga Salin ng Kahulugan ng Banal na Qur'an:

- *The Holy Qur'an* (King Fahd Holy Qur-an Printing Complex, Al-Madinah Al-Munawarah, Saudi Arabia) at *The Qur'an* (Tahrike Tarsile Qur'an Inc., Elmhurst, New York) ay kapwa naglalahad ng salin ni Abdullah Yusuf Ali – isang napakahusay na salin, pinagbuti ng kagandahan ng higit na klasikong Inggles kaysa matatagpuan sa higit na modernong mga salin. Ang isang malaking pagkukulang, gayunman, ay nagtataglay ng maraming kamalian ang komentaryo ng nagsalin, at pinakamabuting naiiwasan sa kalamangan ng higit na klasiko, at iginagalang, na *tafaseer* (mga paliwanag sa mga kahulugan ng  Qur'an).
- *The Noble Qur'an* (King Fahd Holy Qur-an Printing Complex, Al-Madinah Al-Munawarah, Saudi Arabia) isinalin nina Dr. Muhammad Al-Hilali at Dr. Muhammad Muhsin Khan. Isang mas makabago at literal na salin kaysa salin ni Abdullah Yusuf Ali, masusing sinaliksik at dinugtungan ng mga paliwanag mula sa mga *tafseer* nina  Ibn Katheer, al-Qurtubee, at-Tabaree, gayundin ng mga banggit sa mapaniniwalaang *hadith*, pangunahing mula sa koleksyon ni al-Bukhari. Ito ay walang alinlangang siyang pinakaligtas sa kamalian sa mga salin sa Inggles, gayunman ang saling ito ay nagdaranas ng ilang kakulangan ng pagkamatatas sa wikang Inggles. Bagamat isang natatanging sanggunian (reperensya), ang mataimtim na pagbabasa  ay maaaring makasawa dahil sa kayarian at mga limitasyon sa wika.
- *The Qur'an* (binago at iniwasto ng Saheeh International, Abul-Qasim Publishing House, Jeddah, Saudi Arabia). Isang saling napakahusay, makabago, madaling basahin at iginagalang nang mataas, ipinapalagay ng marami bilang sa kabuuan ay pinakamabuti sa mga matatagpuan sa wikang Inggles. Pinakamataas na inirerekomenda bilang unang aklat para sa mga naghahanap ng magaan, tumpak, at kaaya-ayang salin ng kahulugan ng Qur'an.

Mga Siyensya ng Qur'an:

- *An Introduction to the Sciences of the Qur'aan* (Al-Hidaayah Publishing, Birmingham, England), ni Abu Ammaar Yasir Qadhi.
- *Approaching the Qur'an* (White Cloud Press), by Michael Sells

Mga Koleksyon ng *Hadith* :

- *Forty Hadith* ni *An-Nawawi*
- *Riyadh-Us-Saliheen*

- *Al-Lu'lu'wal-Marjan*

Kasaysayan (ng Islam):

- *Muhammad, His Life Based on the Earliest Sources* (The Islamic Texts Society, Cambridge, England) ni Martin Lings. Isang napakahusay at malawak na kasaysayan ng buhay ni Muhammad, may kaunti lamang kapintasan dahil sa ilang kamaliang nabanggit sa aking aklat, *God'ed (NaDiyos'kubre).*
- *When the Moon Split* (Darussalam Publishers, Riyadh, Saudi Arabia) ni Safiur-Rahman Mubarakpuri. Isang napakahusay, nagantimpalaang kasaysayan ng Propeta.

Kasaysayan (ng mga Arabiano):

- *A History of the Arab Peoples* (Warner Books) ni Albert Hourani. Mapanaliksik at malawak.

Hambingan sa Relihiyon:

- *MisGod'ed: A Roadmap of Guidance and Misguidance within the Abrahamic Religions*, ni Laurence B. Brown—ang pangalawang aklat sa seryeng ito. Salin sa Tagalog ni Muhammad Eisa de Jesus – *NaDiyos'grasya*: *Isang Mapa ng Landas ng Gabay at Kawalang-Gabay sa Loob ng mga Relihiyong Abrahamiko.*
- *God'ed: The Case for Islam as the Completion of Revelation*, ni Laurence B. Brown—ang pangatlong aklat sa seryeng ito. Salin sa Tagalog ni Muhammad Eisa de Jesus – *NaDiyos'kubre: Ang Kapakanan ng Islam Bilang Kaganapan ng Rebelasyon.*
- *Misquoting Jesus* (Harper San Francisco), ni Bart D. Ehrman. Marahil ang siyang pinakamadalas basahing aklat ng pagpuna sa katitikan ng bibliya na naisulat kailanman, may taguyod ng pinakamataas na pag-aaral.
- *Lost Christianities* (Oxford University Press), Bart D. Ehrman. Isa pang "dapat basahin."
- *A Muslim Study of the Origins of the Christian Church* (Oxford University Press), ni Ruqaiyyah Waris Maqsood. Isang nakalulungkot na napabayaang kayamanan sa teolohiyang sinulat ng isang bantog na iskolar na Muslim.
    - *The Mysteries of Jesus* (Sakina Books, Oxford), ni Ruqaiyyah Waris Maqsood. Ang nasabi ring aklat, ngunit nalathala sa ilalim ng isang naiibang titulo.

Batayang Kaalaman sa Islam:

- *What Everyone Should Know About Islam and Muslims* (Kazi Publications, Chicago, IL), ni Suzanne Haneef. Isang malawak, naisulat na magandang pangunang babasahin.
- *What Every Christian Should Know About Islam* (The Islamic Foundation, Markfield, England), by Ruqaiyyah Waris Maqsood. Mas maikli kaysa aklat ni Suzanne Haneef, subalit gayunding nakawiwili at mapagbigay-kaalaman ang bawat bahagi, na may higit na diin sa teolohiya, tinimbang ng pansariling salaysay.

At para sa Ikaaaliw Lamang:

- *The Eighth Scroll,* ni Dr. Laurence B. Brown. Ang unang aklat sa seryeng ito—isang makasaysayang pampasabik.
- *The Road to Mecca* (Islamic Book Trust, Kuala Lumpur), ni Muhammad Asad. Isang kapansin-pansin at makabagbag-pusong kuwento ng paglalakbay ng isang lalaki, una sa Islam, at pagkatapos sa daigdig ng mga Arabe.
- *Desert Encounter*, ni Knud Holmboe. Mga alaala ng mga paglalakbay ng isang Muslim na Dinamarko sa “Italianong” Africa.

# TALASALITAAN NG MGA KATAWAGAN

Adab – Mabuting asal

AH – *(After Hijra)* Pagkatapos ng Hijra. Ang pinakasimula ng kalendaryong Islamiko ay umaayon sa Hijra (paglikas o pangingibang-bayan) ng mga Muslim mula sa Makkah patungo sa Medina nang Hulyo ng taong 622 *CE.* Ang mga sumunod na petsa ay tinuos ayon sa kalendaryong lunar (sunod sa pag-ikot ng buwan), na naiiba sa kalendaryong Juliano ng halos sampung araw taun-taon.

Aqeeda -- Paniniwala

Ayah – Talata ng Banal na Qur'an

Ayat – Pangmaramihan ng *ayah*

Bida – Imbensyon (Pagbabago)

BH – *Before Hijra.* Tingnan ang 'AH' para sa paliwanag

CE – '*Common Era'* o *'Christian Era,'* katumbas ng kalendaryo at mga petsang *'AD (Anno Domini (Taon ng Panginoon)'* ng mga Kristiyano

Dawa – Imbitasyon / Pag-aanyaya (sa Islam)

Deen – Paraan ng pamumuhay, nangangahulugang kompletong batas ng pag-uugaling itinakda ng pagtalima sa kalooban ng Allah. Kadalasang maling isinasalin bilang 'relihiyon,' sinasaklaw ng *deen* ang higit sa karaniwang mga gawaing pagsamba, nagpapatuloy sa mga asal na Islamiko at mga batas ng pag-uugali sa negosyo, pulitika, mga pag-uugnayan at pananagutang pampamilya at pampamayanan, at lahat-lahat ng mga larangan ng buhay pantao.

Dunia – Mga bagay na materyal ng mundong ito

Emaan – Pananampalataya

Fard – Obligado / Ipinag-uutos

Fatwa – Kapasyahang legal (ayon sa batas)

Fiqh – Sa literal, 'kaalaman,' ang salitang '*fiqh*' ay inilalapat na makatwiran sa pakahulugang kaalaman sa mga batas ng Islam

*Hadith* – Isang kaugalian / tradisyon na nagtatala ng mga salita, gawa, anyo, o mga ipinakahulugang pagpapahintulot ni Muhammad ibn Abdullah

Halal – Ipinahihintulot

Haj – Taunang paglalakbay (pilgrimahe) sa Makkah.

Haram – Ipinagbabawal

Hijra – Ang pangingibang-bayan / pandarayuhan ng Muslim mula sa Makkah patungong Medina nang Hulyo ng taong 622 *CE*

Ibada – Pagsamba

Iblees – Tingnan ang 'Iblis'

Iblis – Ang pangalang pantangi ng *Shaytan*

Ibn – Anak na lalaki ni

Ihsaan – God-consciousness

Ijma – Pinagkaisahan (ng mga iskolar)

Ijtihad – Malayang pangangatwiran (sa pagdating sa isang hatol / kapasyahan)

Imam – Namumuno sa pagdarasal, na siyang pumapasok at lumalabas sa harap ng konggregasyon

Imaan – Pananampalataya

Madhhab – Paaralan (Pangkat) ng kaisipang pambatas

Makkah – (kilala ring Mecca, Bakka, Becca, Baca) – Ang banal na lunsod na pinagdarausan ng paglalakbay (pilgrimahe) ng mga Muslim. Ang Kaba, kung saan humaharap ang mga Muslim sa pagdarasal, at ang balon ng Zam-Zam ay natatagpuan sa gitnang banal na moske.

Mecca – Tingnan ang Makkah

Nawafil – Karagdagan / boluntaryo, o hindi ipinag-uutos

Rakat – Bahagi ng pagdarasal

Sahaba – Ang mga kasamahan ng propetang si Muhammad

Sahabi – Pangmaramihan ng *sahaba*

Salaf – Ang mga banal na nangauna, tumutukoy sa unang tatlong henerasyon (salinlahi) pagkatapos ng pagiging sugo ni Muhammad

Salat – Pagdarasal

Saum – Pag-aayuno

Shahada – Pagpapatotoo ng pananampalatayang Islamiko

Shaytan -- Satanas

Shari’a – Batas na Islamiko

Shayateen – Mga masasamang *jinn,* o mga diyablo / demonyo

Shirk – Paglabag sa *tawheed* (monoteismo sa Islam)

Sunni – Ortodoksong sekta ng Islam, bumibilang sa 95% ng lahat ng mga Muslim

Surah – Kabanata / kapitulo ng Banal na Qur’an

Tariqa – Landas (karaniwang tumutujoy sa landas o orden / pangkat ng isang Sufi)

Tawbah – Pagsisisi

Tawheed – Monoteismong Islamiko

Ulema – Ang kalipunan ng mga iskolar sa Islam

Ummah – Bansa / nasyon

Umrah – *Nawafil* na paglalakbay sa Makkah

Zakat – Ang kaloob sa mga maralita, na ipinag-uutos sa mga Muslim